Serye ng Radikal na Kristiyanismo - Volume 1

Maari Bang Tumayo Ang Tunay Na Mga Kristiyano?



Maurice Barratt

Maari Bang Tumayo Ang Tunay Na Mga Kristiyano?

First Published and Printed in United Kingdom November 2016
by Barrattt Ministries Publications. Manchester.
www.barrattministries.org.uk

Insinalin sa Tagalog
ni Noime Adorable-Whitehead

Maari Bang Tumayo Ang Tunay Na Mga Kristiyano?

Maurice Barratt

Contents

Pansimula 7

Unang Bahagi – Ang Pagtawag

1. Ang Pagtawag Sa Ating Mga Sarili. 13
2. Butasan Ang Aking Tainga 19
3. Ang Pagtawag Kay Pedro 31

.

Ikalawang Bahagi – Ang Halaga

4. Ang Mga Prinsipyo 49
5. Tanggihan ang Iyong Sarili 55
6. Pasanin ang Iyong Krus 69
7. Sumunod Ka sa Akin 87
8. Moises 95
9. Daniel 101
10. Hesus 105

Ikatatlong Bahagi – Ang Mga Susi

11. Layunin ng Dios 115
12. Proseso ng Dios..... 129
13. Ang Katangian ng Dios 143
14. Dalawang Katangian 151
15. Ang Lahat Ay Nasa Isip 169
16. Sanhi at Epekto 187

Pansimula

Libu-libong tao ang sumunod kay Hesus sa panahon ng kanyang tatlong taon na ministeryo, ngunit siya ay hindi interesado sa mga tagasunod. Siya ay naghahanap ng mga alagad – mga tao na maaari niyang sanayin, at turuan sa pamamagitan ng nakatagong paraan (talinhaga) ang mga lihim ng darating na kaharian ng Dios. Ang kaharian ay nasa loob ng isang tao, at ayon sa sinasabi ni Hesus, ito ay hindi darating sa pamamagitan ng pagmamasid. Ito ay palaging kondisyon ng puso.

Nang sinabihan ni Hesus ang mga tao na sumunod sa kanya, ito ay palaging pagkatapos na isinaysay niya ang maging halaga nito (na kung saan ay upang iwanan ang lahat, tanggihan ang kanilang mga sarili, at pasanin ang kanilang krus), at pagkatapos na ganap nila na nauunawaan ang magiging halaga. Ang mga alagad na personal ni Hesus na sinanay ay nakakaunawa ng halaga, dahil iniwan nila ang lahat, at sa Gawa kabanata 6 sinasabi na ang mga kalalkihang ito ay 'binaligtad ang mundo mula sa taas pababa". Ito ay hindi pagyayabang ng mga apostol, ngunit isang pahayag mula sa kanilang mga kaaway.

Ang ating lipunan sa bandang kanluran ay naglalaman ng milyon-milyong mga Ebandyeliko na Kristiyano na

nagsasalita ng wika. Sinasabi nila na mayroon silang kapangyarihan katulad ng sa Dios na kung saan mayroon ang nauunang mga apostol, subalit ang lipunan ay nagiging mas walang Dios at ito ay mabilis na nangyayari. Ang simbahan ay tila nawalan ng kanyang kapangyarihan upang ihinto ang pagkabulok nito.

Wala akong problema sa kalagayan na ito kung ang simbahan ay inuusig. Ang simbahan ay liwanag ng Dios, at ang mundo ay tiyak na nasa kadiliman – hindi tugma sa simbahan sa lahat ng paraan. Gayunman, ang mga simbahan ay tila sa pagpapala, nagiging lalong kasangkot sa sistema ng mundo, at mabilis na naging katanggap-tanggap sa mundo.

Ako ay nasa ilalim ng Pentecostal Evangelical na pagtuturo sa loob ng apatnapu't-limang taon mula ng narinig ko si Nelson Parr, isang tagapanguna ng Pentecostes, sa edad na pito, sa loob ng kasaganaan, positibong panindigan, at kaharian na ngayon ay doktrina. Ngunit sa siyam na pung taon mula ng pagbubuhos nitong Pentecostes, ang ating lipunan ay ginawang legal ang pagpapalaglag, homosekswalidad at pangkukulam, at ang ating pamahalaan at tila walang sagot sa karahasan, pornograpiya at pag-aabuso sa droga. Ang mga ito ay ang mismong mga bagay kung saan hinahatulan ng Dios ang isang bansa.

Tiyak na ito ang panahon upang tingnan ang ating pagiging Kristiyano at dapat maunawaan na ang kaloob ng Banal na Espiritu ay hindi kailanman maaaring gawing banal ang isang tao o mga tao. Tanging ang bunga ng Espiritu (ang katangian ng Dios) ang syang makagawa nito at magbago ng ating pag-uugali mula sa pag-uugali ni Adan patungo sa katangian ni Kristo. Binubuo natin

ang ating mga regalo habang ang ating mga bunga ay nabubulok. Hindi ako naniniwala na ang ating kaaway na si Satanas ay natatakot sa kapangyarihan maliban kung ito ay sinasamahan ng katangian. Ang ating katangian na nasa kay Kristo ay tanging bagay na hindi niya maaaring sundin. Noon si Hesus ay naglalakad sa lupa, ang mga demonyo ay sumigaw sa kanyang harapan, ngunit hindi nila sinabi, ikaw ang siyang makapangyarihan. Sila'y sumigaw, ikaw ang siyang banal.

Naniniwala ako na mayroon pa ring mga tao na naghahanap ng tunay na Kristiyanismo, ngunit saan sila maaaring pumunta upang makita ang mga Kristiyano na talagang ipinamumuhay ang mga turo ni Hesus, tulad sa itinuro sa kanyang Pangaral sa Bundok? Ito ay hindi mahirap sa China o Cuba, kung saan ang simbahan ay inuusig, ngunit sa kanluran tilang napaka bihira talaga.

Walang bahid ng pangamba sa aking isip na ang tunay na Kristiyanismo ay isang maka rebolusyong proseso, isang labanan laban sa kaharian ng mundong ito. Ako ay kumbinsido rin na ang labanan na ito ay nasa loob ng isang tao. Kung gawin natin ang rebolusyong ito na panlabas at subukang labanan at ibagsak ang moda, pulitika, kalakal, at kahit na ang relihiyon ng mundong ito, sa ganon natatalo tayo sa labanan para sa panloob na tao, at mas mabutihin nating magkaroon ng sandata ng kapahamakan at pumunta sa banal na labanan katulad ng ating naligaw na mga ninuno, ang mga tagapag krusada. Ang kasaysayan ay nagpapatunay lamang na ito ay kahangalan, walang pakinabang sa kalooban ng Dios, at isang saksi sa mundo ng ating pagkawalang Dios. Gumagawa tayo ng parehong pagkakamali na ginawa ng mga alagad noon nang si Hesus ay lumakad sa lupang ito.

Nais nila ang pisikal na kaharian bago si Hesus dumating muli sa ikalawang beses upang maghari bilang isang hari sa lupa.

Mayroong maging pisikal, panlabas na palatandaan ng panloob na labanan at ito ay walang duda; ngunit ang panlabas na gawa o kilos ay isang maging resulta ng panloob na pagbabago. Lamang kapag kinalimutan natin ang ating mga tradisyon, doktrina na gawa ng tao at ordenansa, ang magsimula ng sariwa, tapat na pagtanggap sa simple at tapat na mga turo ni Hesus, ay siyang makikita natin ang ating kakulangan ngayon. Anong isang maluwalhating pag-iisip, na tayo'y maging malaya mula sa dalawang libong taon na pagkakahati-hati, pagtatalo tungkol sa doktrina, repormasyon at maling pananampalataya, at panibagong umupo muli sa paanan ng ating Panginoon, na simpleng naniniwala at gumagawa kung ano ang sinasabi niya! Tanging siya lamang ang maaaring magturo sa atin ng mga prinsipyong ito; at tanging siya lamang ang magtanggal ng kulap mula sa ating mga mata.

Paano ko naramdaman na ako ay nararapat sa paghayag ng paksang ito, o maglakas-loob na gawin kung ano ang pinagsikapan ng maraming malalaking escolar at teologo sa loob ng maraming siglo? Ang tangi kong kwalipikasyon ay maaaring ang personal na relasyon sa Dios. Kahit na ginugol ko ang dalawang decada ng aking buhay sa pag-aaral ng mga aral na tinuturo ni Hesus napagtanto ko na ito ay hindi sapat sa kanyang sarili lamang. Ang malaman ang aklat ay mahalaga, ngunit ang malaman ang may-akda ay mas kinakailangan.

Ginugol ko din ang nakaraang dalawampung taon sa pagbuo ng personal na relasyon sa Dios, at natutunan

ko na hindi ka maaaring magkaroon ng relasyon sa isang doktrina, kahit na isang tamang doktrina. Ang doktrina ay walang damdamin at pakiramdam, ang Dios ay mayroon. Ang doktrina ay hindi maaaring magalit o mahahabag. Ang Dios, ang tao, ay mayroong ganitong katangian, at ito ang pinakahalagang pagkakaiba. Ang lihim upang maunawaan ang salita ng Dios ay ang pag-unawa sa Dios.

Ang paglago ng kahit anumang relasyon ay kasukat sa oras at pagsisikap na ginugugol dito. Noong ako ay nagsimula upang ipamumuhay ang Pangaral sa Bundok sa halip na paniwalaan lang ito, ang aking buhay ay nagbago. Ito ay nakaapekto ng aking trabaho, pamilya, at lahat na aking nakasalamuha.

Ako ay kumbinsido na ang sinumang tao na bukas ang isipan ay makikita na ang aklat na ito ay maging hamon sa kanilang pag-uugali, doktrina, at klase ng pamumuhay. Umaasa ako na ito ay magsilbing inspirasayon upang hayaan ang krus na makaapekto sa kanilang mga buhay, upang ang pagkabuhay muli ni Hesus ay mahahayag sa loob at kabuuan ng kanilang buhay.

Unang Bahagi

Ang Pagtawag

Ang mga Kristiyano at ang simbahan ay nais ang isang alyansa sa lahat na kumakatawan ng kapangyarihan sa mundo. Sa katotohanan, ito ay nakasalalay sa pananalig na, salamat sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang mga kapangyarihan ng mundong ito ay nai-daig at itinakda sa paglilingkod sa ebanghelyo, sa simbahan, at misyon. Dapat nating gamitin ang kanilang mga pwersa pasa sa pakinabang ng ebanghelyo. Ang kayamanan at iba't-ibang awtoridad ay tumatanggap ng pagkilala sa ganitong paraan at inilagay sa serbisyo ng simbahan. Ngunit ang nangyayari ay ang eksaktong kabaligtaran. Ang simbahan at misyon ay pinapasok ng kapangyarihan at ganap na lumihis mula sa katotohanan sa pamamagitan ng katiwalian ng kapangyarihan. Nang sinabi ni Hesus na ang kanyang kaharian ay hindi sa mundong ito, sinabi niya nang malinaw kung ano talaga ang ninanais niyang sabihin. Hindi niya hinihingi ang patunay ng makamundong kaharian (kahit na ang isang namumuno ay Kristiyano). Sinabihan niya tayo na magbantay laban sa paghanap ng anumang awtoridad maliban sa awtoridad ng Banal na Kasulatan.

Jacques Ellul

Kapitulo 1

Ang Pagtawag Sa Ating Mga Sarili

Ang unang pahayag na gusto ko iparating tungkol sa pagiging disipulo ay hindi natin pwede tawagin ang ating mga sarili. Puede tayong sumunod kay Hesus ayon sa ating kagustuhan, pero wala tayong kapangyarihan o sariling karapatan sa pagtawag ng ating mga sarili. Ang pagiging disipulo ay isang hindi 'magandang ideya'.

Hindi rin ito isang bagay na tungkulin na isagawa ng isang Iglesia. Ang kasaysayan ay walang dudang nagpapatunay na kapag ang Iglesia ay siyang bumubuo ng disipulo ayon sa disiplina at batas, kadalasan kabaligtaran ang nangyayari. Ang mga Pariseo sa kapanahunan ni Hesus ay isang magandang halimbawa ng mga naturang tao na sumusunod lamang sa mga panlabas na disiplina, patakaran at batas. Sabi ng Panginoon, ginagawa nila ang lahat ng tama ayon sa batas pero sa loob ang mga ito ay puno ng karumihan at pagkukunwari.

Ang Diyos ay palaging nag-uumpisa sa kung ano ang nasa loob natin, tinitingnan nya ang pagbabago sa ating puso at hindi sa ating panlabas na pag-uugali. Kung ating

makikita, ang isang tunay na alagad ni Hesus ay hindi nakatali sa panlabas na mga patakaran at regulasyon, siya ay ang pinakamalayang tao sa lahat. Ayon kay Pablo sa I Corinto 6:12 lahat ng bagay ay matuwid at sa Tito 1:5 sa malinis ang lahat na mga bagay ay malinis. Ito ang tunay na kalayaan, ngunit ito ay dapat manggagaling mula sa puso.

Tingnan natin ang reaksyon ni Hesus sa mga taong inalok ang mga sarili para maging alagad niya. Gusto mong isipin na sinusubukang pigilin ni Hesus ang mga ito. Naniniwala ako na iyon talaga ang intensiyon ng Panginoon. Mabasa natin sa Lucas 9:57 ' At paglakad nila sa daan ay may nagsabi sa kanya, Susunod ako sa iyo saan ka man pumaroon.'

Ano ang problema sa sinasabi ng taong ito? Gusto kong isipin na ito ay isang paglalakas loob lamang dahil maaaring di niya alam kung saan pupunta si Hesus. Kahit ang kanyang mga piniling alagad ay hindi alam ito. Ni isa sa kanila ay hindi inakala na mamamatay si Hesus bilang isang namumusong sa isang krus sa Roma. At hito ang isang tao na hindi tinawag bilang isang disipulo inaakala na maaari siyang sumama kay Hesus saan man ang Panginoon pupunta. Hindi lamang lakas loob ang tawag dito kundi kalokuhan. Malinaw na akala niya ang pagsunod sa Panginoon ay walang halaga, at kung meron man, ito ay madali lang para sa kanya. Makita natin na siya ay nalinlang.

Walang nagbago

Walang pagkakaiba ang karamihan sa mga tagasunod ni Hesus ngayong mga araw, at sa aking palagay walang

dapat sisihin kundi ang simbahan mismo. Takot na mawalan ng myembro kapag buong inihayag ang totoong halaga ng pagiging disipulo, na ito ay higit sa kanilang makakaya, kadalasan ang kalabasan ay hindi tunay na disipulo kundi pagkukunwari lamang.

Ano ang sagot ni Hesus sa taong gusto sumunod sa kanya? May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon sa langit, datapuwa't ang Anak ng tao ay walang kahiligan ang kaniyang ulo.

Sinasabi ni Hesus na wala siyang maitawag na pag-aari at ang lahat niyang pangangailangan - pagkain, damit at, tirahan ay ipinagkakatiwala niya sa kung sino puedeng magbigay sa kanya. Subalit mahigit pa doon ang gusto iparating ng Panginoon. Ang mga ibon at mga zorra ay may higit na dahilan sa paggawa ng kanilang mga tahanan. Kasabay ng pagtayo ng nasabing tahanan ay ang paghanap ng mapapangasawa at pagbukod ng pamilya. Parang madali tingnan pero ito ay naghahalaga mahigit sa ating inaakala.

Sa mga talatang ito ni Lucas makita natin na may higit pa sa dalawang halimbawa ng mga tao na nag-alay ng kanilang mga serbisyo para kay Hesus bilang mga alagad, ngunit sa bawat kaso magkatulad ang sagot ni Hesus. Hindi natin mababasa na ang mga taong ito ay nagiging alagad ni Hesus. Nakakabahala na, tulad ng isang mayamang pinuno, umalis sila na may mabigat na kaluoban. Ang tanong; naging mahigpit ba si Hesus sa mga taong ito? Sa kabaligtaran, Siya ay naging mabuti sa kanila. Gusto lamang sila ni Hesus iligtas sa mga kabiguan at kapahamakan. Tingnan natin ang kamangha-manghang pahayag ng Panginoon sa Lukas 14:26 'Kung ang sinomang tao'y pumarito sa akin, at hindi napopoot

ang kanyang sariling ama, at ina, at asawang babae, at mga anak, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, oo, at pati ang kanyang sariling buhay man, ay hindi sya maaaring alagad ko.' Ang pahayag na ito ay tila imposible, subalit ito ay hindi para sa mga nakatuon na alagad ngunit sa mga karamihan na nakasaksi nga mga himalang nagawa ni Hesus at inisip na ang buhay ng isang alagad ay kaakit-akit o madali.

Oras para isaalang-alang

Kung nauunawaan natin ang kahulugan ng pagiging alagad ayon sa pahayag ni Hesus, makita natin kung ano kalaki ang halaga nito at hindi puede basta basta pasukin ng walang masusing pag-iisip.

Ibig lamang ipaabot ni Hesus na kung dumating ang panahon na tayo ay dapat pumili sa pagitan ng ama at ina o Kristo, ang dapat nating piliin ay si Kristo. Maaari nating palitan ang sinuman o ano mang bagay katulad ng asawa, anak, trabaho, simbahan, ministeryo, o ang sarili nating buhay at ang sagot diyan ay palaging pareho. Hindi ito maaring mag-iba. Ito ay dapat malinaw sa kung sinumang gustong maging alagad ni Hesus ay handa sa magiging paratang at pangkutya na itinakwil nila ang kanilang mga mahal sa buhay o mga bagay na mahalaga ng dahil kay Kristo. Ito mismo ang mga katagang ginamit ni Hesus. Dahil sa malaking halaga ng pagiging alagad, naging maalalahanin si Hesus sa kanyang mga pahayag dahil ayaw niyang mabigo ang sinuman na gustong maging disipolo dahil sa kamangmangan at kulang sa kaalaman.

(Kung tayo ay mabigo ng dahil sa ating kahinaan, ito ay naiibang usapan).

Mga halimbawa ni Hesus

Basahin natin ng mabuti ang dalawang halimbawa na binigay ni Hesus, ang isang taong nagpapatayo ng bahay at ang isang hari na pupunta sa labanan, at sasang-ayon tayo kay Hesus na gusto niyang bilangin muna ang halaga ng kung sino mang gustong maging alagad niya.

Lukas 14: 28-32 - Sapagka't alin sa inyo, ang kung ibig magtayo ng isang moog, ay hindi muna uupo at tatayahin ang halagang magugugol kung mayroong maipagtatapos? Baka kung mailagay na niya ang patibayan, at hindi matapos, ang lahat ng mga makakita ay mangagpasimulang siya'y libakin, Na sabihin, Nagpasimula ang taong ito na magtayo, at hindi nakayang tapusin. O aling hari, na kung sasalubong sa pakikidigma sa ibang hari, ay hindi muna uupo at sasangguni kung makahaharap siya na may sangpung libo sa dumarating na laban sa kaniya na may dalawangpung libo? O kung hindi, samantalang malayo pa ang isa, ay magsusugo siya ng isang sugo, at hihilingin ang mga kailangan sa pagkakasundo.

Wala nang mas malinaw pa dito sa pahayag ni Hesus sa pamamagitan ng mga halimbawa na kanyang ginamit para ipaabot sa may gustong tagasunod para hindi sila malinlang. Buong katapatan na binalaan ni Hesus ang mga gustong sumunod sa kaniya. Sa pagtatapos, inuulit ni Hesus ang kanyang pahayag na makita sa talata 33: Kaya nga sinoman sa inyo na hindi tumanggi sa lahat niyang tinatangkilik, ay di maaaring maging alagad ko.

Bilang isang ministeryo, marami akong nakasalamuhang tao na ang iglesia na kanilang kinabibilangan ay hindi

naging tapat at ito ay nagdulot ng sakit at sama ng loob at pagbabago ng isip ng dahil sa maling akala. Karamihan ng mga ito ay hindi galit sa Diyos ngunit sa simbahan at ang sistema nito. Hindi kailanman sila binabalaan o sinabihan kung ano ang magiging halaga ng pagiging alagad. Sa kabaligtaran, ipinaasa na ito ay walang halaga dahil ito ay bayad na sa Kalbaryo. Ang halaga na binayaran ng Panginoong Hesus sa Kalbaryo ay para sa ating mga kasalanan, at walang anuman na maaari nating maambag sa ginawa niyang sakripisyo. Subalit mayroong halaga na inaasahan sa ating mga Kristiyano na dapat bayaran, at iyon ay ang halaga ng pagiging disipulo.

Kapitulo 2

Butasan Ang Aking Tainga

Naniniwala ako na ang pagiging alagad ay personal na tawag galing kay Kristo, at ang mga desisyon natin ay dapat hindi dala ng bugso nga damdamin kundi matapos itong pag-isipan ng mabuti at maunawaan natin ng lubos ang halaga at ang maging kahinatnan nito. Ang desisyon natin ay dapat nakabatay sa katotohanan. Ito ay hindi kailan man maaaring mangyari kung tayo ay nagsimula pa lamang ng ating buhay bilang isang Kristiyano, nang tayo ay nag-uumpisa pa lamang ng ating pagsunod sa kanya.

Balintuna at wala sa katwirang isipin na ang isang sanggol ay puede ng mangempleyo bago pa man ito lubos na lumaki o malakas at maka unawa ng kanyang responsibilidad bilang isang impleyado. Hindi ako naniniwala sa tinatawag na biglaang disipulo o 'instant disciple'. Ang pagiging alagad ay isang proseso. Syempre merong mga biglaang tagapagsunod. Maaari kang gumawa ng isang desisyon na sumunod kay Hesus matapos mo siyang personal na nakatagpo – ngunit hindi ito pagiging disipulo.

Ang isang mahirap na pagpipilian

Noong binigyan ng pagkakataon na sumunod kay Moses ang mga Israelita, ito ay hindi naging mahirap na desisyon sa kanila. Pagkatapos ng apat na taon ng pagiging alipin, ang alok na kalayaan ay isang madaling pagpipilian. Lubos ang kanilang galak at nagmamadali silang umalis. Dumating ang panahon na sinabihan sila ng Dios na pumunta sa lupang kaniyang pinangako at ito ay hindi madali para sa mga Isarelita.

Bago umalis ng Ehipto ang mga Israelita, ang nasa isip nila ay pupunta sila sa isang lugar kung saan umaagos ang gatas at pulot. Ito ay hindi kathang isip or imahinasyon lamang kundi ito ay tunay na pangako ng Dios sa kanila. Ang isang bagay na hindi sinabi ng Dios sa kanila bago sila umalis ng Ehipto ay ang lupang yoon ay pag-aari ng mga higante at makuha lamang nila ang bawat pulgada ng lupa sa pamamagitan ng kanilang pakipag-away sa mga higante. Ang mga siyudad ay napaligiran ng pader na abot langit. Kung ating alamin, ang isang Achan sa kampo ay nangangahulugan na sila ay dapat tumakbo palayo sa kanilang kaaway at hindi nila ito dapat lipolin.

Ang pagkabigo ng Israel

Noong sila ay nakipaglaban sa mga higante ang mga Israelita ay hindi nagtagumpay. Ayon sa liham ni Pablo sa mga taga Hebreo, tumanggi sila na sumunod dahil sa kulang sa pananampalataya. Nakakagulat – o masabi na nakakatakot – hindi sila binigyan ng Dios ng pangalawang pagkakataon, kahit matapos silang nagsisi.

Sinabi ng Dios na mamamatay sila sa kaparangan at iyon ang nangyari. Ang ibig bang sabihin nito ay mabigo ang mga plano ng Dios kapag tayo ay susuway sa kanya? Syempre hindi. Nangangahulugan lamang ito na tayo ang nabigo. Ang plano ng Dios ay kailanman hindi mabibigo; siya ay maghanap at sasanay ng ibang tao upang matupad ang kanyang mga plano.

Sa katunayan, sinira ng Dios ang kanyang pangako sa mga Israelita dahil sa kanilang pagsuway. Dito nanggaling ang katagang 'breach of promise' o paglabag ng pangako. Sinabi ng Diyos sa Mga Bilang 14:34, Ayon sa bilang ng mga araw na inyong itiniktik sa lupain, sa makatuwid baga'y apat na pung araw, sa bawa't araw ay isang taon, ay inyong tataglayin ang inyong mga kasamaan, na apat na pung taon, at inyong makikilala ang pagsira ko ng kapangakuan. Ang kasunod na henerasyon ng Israel ang siyang nakapasok sa lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot, nalabanan nila ang mga higante at nakuha nila ang lupa at natupad nila ang kalooban ng Dios.

Makikita ba ninyo ang halintulad sa buhay ng isang Kristiyano? Upang iwanan ang mundo at sumunod kay Hesus ay hindi isang mahirap na desisyon sa sandaling mabuksan ang ating mga mata. Pagpapala, kahabagan, pagmamahal, pagpapatawad at buhay na walang hanggan – tiyak na ito ay isang pangako ng gatas at pulot. Hindi mahirap ang sumunod kay Hesus kapag malaman natin na maging libre tayo mula sa pagkakaalipin ng mundo, mula sa pagkakaalipin ng mga bisyo, at kawalan ng katiyakan ng buhay na walang hanggan.

Ang ating hamon ay darating sa bandang huli – kung kaharap na natin ang pagkakataon na kailangan nating sumunod at dapat nating pasanin ang ating krus at itakwil

ang ating mga sarili. Dito kadalasan nabibigo ang simbahan sa paghamon sa atin, sa halip ginagawa at pinapalabas nila na ito ay madaling gawin, at malumanay na sinasabing 'nakakaunawa si Hesus' at 'itong pagtawag ng pagiging alagad ay hindi para sa lahat kundi sa ilan lamang'.

Butasan ang Aking Tainga

Tingnan natin ang isang prinsipyo sa Lumang Tipan upang isang patunay ng aking pahayag. Sa Exodo kabanata 21, ang unang anim na talata ay tungkol sa pag-aari ng isang alipin. Ang unang hindi pangkaraniwan na pahayag ay sa talata 2. Hindi sinabi ng Dios na 'hindi ka maaring bumili ng isang kapwa tao' o 'puede ka lamang bumili ng mga Hentil bilang iyong alipin at hindi ang iyong sariling lahi.'Ang sabi niya, 'Kung ikaw ay bibili ng isang aliping Hebreo.'

Ang pahayag na iyon ay maaaring labag sa ating moral na pamantayan at paniniwala, kagaya ng kalayaan ng bawat isa at ang paniniwalang nilikha ng Dios ang lahat ng tao na pantay-pantay. Ngunit mula sa pambungad ng kabanatang ito kilangan nating magpasya kung dapat nating paniwalaan at tanggapin ang salita ng Dios, o kailangan nating baguhin para maging karapat-dapat ito sa ating nakagawiang tradisyon at nakasanayang doktrina. Kailangan nating gumawa ng ganitong desisyon ng maraming beses habang pinag-aaralan natin ang mga tinuturo ni Hesus. Gusto kong kalimutan muna natin ang sarili nating pag-iisip at paniniwala at tanggapin ang mga simpleng salita ng Diyos.

Sa katunayan, ayon sa salita ng Dios sa Exodo, makikita natin na ang Diyos ay hindi tutol sa pang-aalipin,

at hindi rin siya tutol sa prinsipyo ng pagbili ng isang tao upang maging alipin. Ang Diyos ay hindi sang-ayon sa mga masamang amo, mga taong malupit at abuso sa kanilang kapangyarihan. Sa talata 3, ang Dios ay may isang kondisyon, na ang isang tao ay maaari lamang bumili ng isang alipin para sa anim na taon, at hindi pang habang buhay. Sa ikapitong taon, nararapat na bigyan ng kalayaan ng isang amo ang kanyang alipin. Sa talata 16, itinatag ng Dios ang parusang kamatayan sa krimen na pagnanakaw ng isang lalaki o babae, ngunit ito ay isang ganap na magkaibang kaso kapag ang lalaki o babae ay binili.

Ang pagiging-alipin ay kalayaan

Sandali nating isipin ang kalagayan ng mga alipin at kalimutan muna natin ang ating pag-iisip bilang mga taga kanluran ukol sa karapatang pantao at pantay na oportunidad. Sa panahong ito ng kasaysayan ng Israel, maraming pulubing tao ang namamatay sa gutom sa panahon ng tag gutom. Ang pag-alok ng iyong sarili bilang alipin ay isang paraan upang mailigtas ang iyong sarili at ang iyong pamilya. Hindi masama ang pagiging isang alipin. Sa talata 4 may mga kondisyon upang matiyak na ang mga alipin ay tinatrato ng mabuti, subalit kasunod nito mabasa natin ang kakaibang pahayag – pahayag na di natin kasanayang marinig – sa talata 5 'Kung ang alipin ay maliwanag na sabihing mahal ko ang aking amo'. Ito ay kakaiba sa atin dahil palagi nating inuugnay ang pagiging alipin sa kalupitan at pang-aabuso ng isang amo. Ang ideya na ang isang alipin ay mahal niya ang kanyang amo nangangahulugan lamang na ang

kanyang amo ay mabuting tao at ang pagiging alipin ay kanais-nais at kapaki-pakinabang na kondisyon.

Tingnan natin ang kalagayan ng isang alipin na may mabuting amo. Puede nating sabihin na mas libre pa siya kaysa sa kanyang amo. Bakit? Dahil siya ay walang pinapasan na responsibilidad hindi tulad ng kanyang amo. Ang amo ay siyang tumutustos ng kaniyang pangangailangan tulad ng pagkain at damit. Ang amo din ang nagbabayad ng prima, nagbibigay ng bahay na matirhan at siya ang umaako ng lahat na responsibilidad ukol sa kapakanan ng kanyang alipin. Ang amo ang siyang pumapasan ng responsibilidad ukol sa pera at lahat ng bagay na kaugnay dito. Ang alipin ay libre sa mga ganitong pasanin at wala siyang dapat ikabahala sa kaniyang buhay.

Ang mga alipin ay walang karapatan

Ang tanging nakakatakot na bagay sa pagiging isang alipin ay wala silang mga karapatan. Hindi nila maaaring tanggihan ang kanilang amo. Ang tanging mahirap na gawin para sa isang alipin na may mabuting amo ay ang buong pagsunod nito sa kanyang amo. Sinasabi ko na 'mahirap', ngunit sa katunayan sa ating lipunan ito ay higit pa sa 'mahirap'. Ito ay ganap na di katanggap-tanggap kung ating iisipin, mas lalo na kung ito ay ating gagawin.

Isa pang bagay na dapat isaalang-alang ay ang mga alipin ay walang kaukulang karapatang pumili ng kanilang magiging amo. Ang mga alipin ay sadyang inaalok. Sila ay pinipili ng kanilang magiging amo. Narito muli makita natin ang isang halintulad sa ating mga sariling buhay. Basahin natin ang sumusunod sa Banal na Kasulatan mula

sa ebanghelyo ni Juan, na kung saan ang mga pahayag ay galing mismo sa sariling bibig ni Hesus: Juan 15:16, 'Ako'y hindi niyo hinirang, ngunit kayo'y hinirang ko….' Juan 6:44, 'Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa akin ang kaniya'y magdala sa akin… 'Juan 6:65, 'Walang taong makalalapit sa akin, maliban na ipagkaloob sa kaniya ng Ama.' Halos ko marinig ang bumabasa nito na nagsasabing "Dati tayong alipin sa kasalanan at ng diyablo, ngunit di ba dumating si Hesus para palayain tayo?" Totoong dumating si Hesus upang sirain ang mga gawa ng diyablo at ang hawak nito sa ating mga buhay – ngunit ito ay hindi para tayo ay maging malaya. Tayo ay binili sa halaga (sa dugo ni Hesus), at hindi natin pag-aari ang ating mga sarili. Tayo ay tinubos mula sa dati nating amo, si Satanas, at ngayon ay pag-aari na tayo ng bago nating Amo. Sinasabi ni Pablo sa Mga Taga- Corinto 6:19-20, 'O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? At hindi kayo sa inyong sarili.' Sapagka't kayo ay binilit sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios'.

Ito ay parang pang-aalipin sa akin. Kapag sinunod natin si Hesus, ang dapat nating gawin at palitan ay ang ating amo. Sabi ni Hesus sa Mateo 6:24, 'Isa lamang sa dalawang amo ang maaari mong paglingkuran'. Marahil mas masarap sa ating pakiramdam kung may tatlo tayong puedeng pagpipilian: ang Dios, ang mga demonyo o ang ating sarili. Gusto nating isipin na makapagpili tayo ng isang bagay na makapapasaya sa atin, ngunit ito ay hindi totoo; sa katunayan ito ay isang mahusay na paglilinlang. Ang paglulugod sa ating mga sarili ay sa katunayan pagsisilbi sa Diyablo, at ang pagmamahal sa Dios ay ang

pagpoot sa lahat ng bagay kahit ang ating mga sarili. Hindi natin maaaring baguhin o tingnan bilang isang espirituwal ang mga pahayag ni Hesus, ito ay buong katotohanan at dapat lamang sundin; ang ating pagsunod sa kanyang mga pahayag ay siyang tanging ebidensiya o pagpapatunay na tayo ay naniniwala.

Ang huling taludtod na ating isinaalang alang sa Exodo 21, at ang huling pahayag tungkol sa pang-aalipin, ay marahil ang pinaka mahalagang prinsipyo sa lahat. Ayon sa Talata 6: 'Kung magkagayo'y dadalhin siya ng kaniyang panginoon sa Diyos, at dadalhin siya sa pinto, o haligi ng pinto; at bubutasan ng kaniyang panginoon ang kaniyang tainga ng isa pang butas; at paglilingkuran niya siya magpakailanman.'

Minarkahan panghabang buhay

Bakit sinasabi ng Dios na ang isang alipin ay dapat manatiling alipin magpakailan man? Bakit hindi sinabi ng Kasulatan na 'para sa susunod na anim na taon?' Sa una tila masyadong itong nakakatali, ngunit kung isasaalang-alang natin ito ng mabuti, ito ay pawang makatwiran. Ang unang anim na taon ay pagpipili ng amo, at hindi ng alipin. Ang alipin ay puedeng iwanan ng kaniyang amo hanggang mamamtay sa gutom. Sa katunayan, iniligtas siya ng kaniyang amo mula sa gutom at kalamidad; ngunit ngayon, pagkatapos ng anim na taon, kailangan niyang mamili at dapat ito ay matalinong pagpipili – dapat ba siyang manatili sa kanyang amo, o dapat ba siyang maghanap ng bagong mapagsilbihan.

Kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang amo sa loob ng anim na taon, malamang alam mo na kung siya ay

isang mabuting amo para sa iyo o hindi. Hindi mo ito malalaman sa unang pakikipanayam, o pagkatapos ng ilang linggong trabaho. Kailangan ang sapat na oras at panahon para makita ang ating tunay na pag-uugali at buong katauhan.

Ito ay kung bakit sinabi ng Dios na ang alipin ay dapat na markahan panghabang buhay. Ito ay upang ipakita sa kung sinong gustong malaman na ang taong ito, ayon sa kaniyang malayang pagpili, ay hindi kailanman may sariling kalayaan. Siya ay nagkaroon ng pagkakataon na pumili ng kalayaan subalit pinasya niyang manitiling alipin. Sarili niya itong kagustuhan, at sa gayon makatuwiran lamang na ito ang mangyayari. Sinabi ni Hesus sa Lukas 9:62 na 'kung sinong humahawak ng araro, at pagkatapos nito ay lumilingon sa likod dahil may pag-aalinlangan o pagbabago ng pag-iisip ay hindi karapat-dapat sa kaharian ng Dios.'

Jacob

Ang alituntuning ito ay pare-pareho sa buong Biblia at sa lahat ng pakikitungo ng Dios sa mga tao. Gusto kong magbigay ng isa mula sa maraming halimbawa sa Biblia.

Naniniwala si Jacob at sumunod sa Dios ng kanyang mga magulang mula sa kanyang kabataan. May sapat na ebidensiya sa Banal na Kasulatan para patunay na ito ay totoo. At gayon pa man ang kanyang tunay na pagkatao, basi sa pinapahiwatig ng kanyang pangalan, ay isa siyang mandaraya. Gumawa siya ng kasunduan sa Panginoon. Sa Genesis 28:20-21 mabasa natin na, 'At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilakaran, at ako'y bibigyan

ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, Na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama, ay ang Panginoon nga ang magiging aking Dios at sa lahat na ibigay mo sa akin ay walang pagsalang na ikasampung bahagi ay ibibigay ko sa iyo.'

Pagharap sa Diyos

Maraming modernong mga tagasunod ni Hesus ay mahalintulad kay Jacob. Gaya ni Jacob, sila din ay gumagawa ng kasunduan sa Dios. Gusto nilang pagpalain sila ng Dios ayon sa kagustuhan nila matapos nila ibigay ang kanilang ikapu at mga handog. Ngunit ang pagiging alagad ay hindi tungkol sa pagsunod, ngunit tungkol ito sa kamatayan sa sarili at pagbabago ng pagkatao, at sa bandang huli ipinamukha ito ng Dios kay Jacob. Genesis 32: 24-32 nagtatala na nakipagbuno si Jacob sa isang anghel. Ito ay ang kanyang karanasang "butasan ang tainga." Pagkatapos ng karanasang ito, and kanyang pangalan ay pinalitan, tulad ng kanyang pagkatao, at siya ay minarkahan panghabang buhay. Manatili siyang isang pilay para ipakita sa buong mundo na hindi na niya pagmamay-ari ang kanyang sarili. Ngayon may marka na ng Dios ang kanyang buhay.

Ang mga Kristiyanong taimtim na naniniwala sa pangkaluluwang digmaan at buong pusong nananalangin ay pinag-uusapan si Jacob at ang kanyang makapangyarihang panalangin, kung paano siya nakikipagbuno sa mga anghel at nakamtan ang kapangyarihan ng Dios. Syempre, ito ay pinuri, ngunit, hindi ni minsan inisip ang kinalabasan ng ating pakikipagbuno sa Dios - ang marka na nakatatak sa atin habang buhay.

Ipakita sa akin ang isang banal na tao at ipakita ko sa iyo ang isang tao na may marka ni Kristo sa kanya. Sinabi ni Pablo sa Galacia 6:17, Buhat ngayon sinoman ay huwag bumagabag sa akin; sapagka't dala kong nakalimbag sa aking katawan ang mga tanda ni Jesus. Hindi niya sinabi na ang mga marka ni Kristo ay sa kanyang kaluluwa o isipan, ngunit sa kanyang katawan. Ang marka ni Kristo ay hindi palagi sa ating mortal na katawan, ito ay maaaring mental or espirituwal na marka; ngunit ang mga ito ay nagkakaibang marka sa ating buhay, at kitang-kita at halatang-halata sa iba.

Kapitulo 3

Ang Pagtawag Kay Pedro

Ang pananampalataya ay hindi bulag. Ito ay dapat laging pinaka makatuwirang bagay na gawin - hindi dahil nauunawaan natin ang hinaharap, o ang mga pangyayari, ngunit dahil sa dumadaang panahon nauunawaan natin ang mga katangian ng Dios, na ang Dios ay isang mabuting Panginoon na nararapat paglingkuran habang buhay; ito ay hindi isang mapusok na desisyon. Ito lamang dapat ang tanging batayan kung tayo ay gustong sumunod sa kanya. Naniniwala ako na ang iba pang batayan para tayo ay sumunod sa Panginoon ay hindi naaayon sa pananampalataya ngunit sa isang akala, at lubhang mapanganib.

Walang naging alagad sa isang iglap

Gusto kong gamitin si Pedro bilang isang halimbawa na nagpapatunay na walang tinatawag na 'instant disciple' o biglaang alagad. Tila kakaibang gamitin si Pedro bilang isang halimbawa, ngunit ang karamihan ay naniniwala

na naging alagad siya sa isang iglap - na ng tinawag siya ni Hesus agad niyang iniwan ang lahat at sumunod sa Panginoon. Subalit hindi siya maaaring tawagin ng Panginoon bago siya sumunod at hindi niya nauunawaan ang mga kahinatnan ng kanyang maging desisyon.

Pahintulutan niyo akong ibahagi ang isang bagay na aking natutunan sa mahabang panahon na aking pag-aaral ng Bibliya. Kung makita natin ang himala, talinhaga, o kaganapan mahigit sa isang ebanghelyo, makita din natin ang buong katutuhanan kung sama-samahin natin ang mga pangyayari bilang isang tala. Ang Banal na Kasulatan ay kinasihan ng Dios at walang nakasulat dito na nagkakataon lamang. Ang bawat maliit na detalye ay sukdulan ng kahalagan. Ang halimbawa ni Pedro ay isang malinaw na paglalarawan nito.

Kasaysayan ni Pedro

Sa Mateo 4:18 mababasa natin, At sa paglalakad niya sa tabi ng dagat ng Galilea; ay nakita niya ang dalawang magkapatid, si Simon na tinatawag na Pedro, at si Andres na kanyang kapatid, na inihuhulog ang isang lambat sa dagat; sapagka't sila'y mga mamamalakaya.

Ang salaysay na ito ay una tilang mahusay na kaso para sa agarang pagkaalagad, ngunit hindi natin ito masasabi hanggang makita natin ang nasabi sa dalawa pang ebanghelyo kung saan nakatala ang pagkatawag kay Pedro. Sa katunayan, matuklasan natin sa Mateo na nagtatala ng kongklusyon ng tawag ni Pedro bilang isang alagad, ngunit sa Lukas at Juan nagbibigay ito ng malinaw at detalyadong mga katotohanan tungkol sa mga pangyayari bago iniwan ni Andres at Pedro 'ang lahat'.

Nakatala sa Juan 1:35 na si Juan Bautista ay tumayo kasama ang kanyang dalawang alagad at ipinahayag na si Hesus na katatapos lang niyang mabautismuhan, ay syang Kordero ng Dios. Sinasabi ni Juan na si Hesus ay ang Mesiyas. Makita natin sa di kalayuang talata na kasunod nito na ang isa sa dalawang alagad ni Juan ay walang iba kundi si Andrew, kapatid ni Pedro.

Sinasabi sa talata 41 na unang una nahanap ni Andrew and kanyang sariling kapatid, at sinabi niya na natagpuan nila ang Mesiyas. Malinaw batay dito sa kaniyang sinasabi na si Andrew at ang kaniyang kapatid na si Pedro ay naghihintay para sa pagtubos ng Israel at ang pagdating ng Mesiyas. Nang marinig nila ang deklarasyon ni Juan, sila ay nagsimulang sumunod kay Hesus. Si Andrew at si Pedro ay dati ng alagad ni Juan subalit sila ay hindi pa mga alagad ni Hesus – sila ay mga tagasunod lamang.

Mula sa kadahilanang ito, makakatiyak tayo na si Pedro ay hindi isang damuho, mapagmura, o walang Dios na mangingisda ayon sa ating alamat. Kung siya ay isang alagad ni Juan Bautista, makakatiyak tayo na lubos niyang pinagsisihan ang lahat niyang kasalanan at ito ay nabautismuhan, sapagkat ito ang ipinangaral ni Juan at dapat lamang na ito ay ginagawa ng kanyang mga tagasunod. Sinasabi sa Talata 41 na si Andrew at si Pedro ay naghahanap ng Mesiyas, at sa Gawa 10:14 malinaw na sinasabi na si Pedro ay hindi kailanman kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal. Siya ay isang mabuting Judio na naghihintay para sa Mesiyas at sumusunod sa propeta ng Dios, si Juan Bautista – ang tanging propeta na sinusunod bago nagsimula si Hesus ng kanyang ministeryo.

Si Pedro, mula sa pagiging alagad ni Juan ay ngayon naging isang tagasunod ni Hesus. Kailangan nating tingnan ang Lukas 4:37 hanggang 5:11 upang mahanap ang mga detalye kung saan at kung paano 'nabutasan ang tainga' ni Pedro. Sa Talata 38 nakatala na pinagaling ni Hesus ang biyenan ni Pedro mismo sa bahay ni Pedro.

Bigyan natin ng pansin na hindi ito sa bahay ng kanyang biyenan. Si Hesus ay nasa bahay mismo ni Pedro, kaya makikita natin na sa mga panahong ito mayroon pa ring bahay si Pedro – hindi pa niya 'iniwan ang kanyang lahat'. Sa parehong araw pinagaling ni Hesus ang maraming tao na may lahat ng uri ng sakit, at ang mga demonyo ay napalabas mula sa karamihan. Malinaw na kasama ni Hesus si Pedro bilang isang 'tagasunod' sa mga araw na pinapagaling ni Hesus ang mga may sakit at ipinapangaral ang magandang balita sa mga bayan ng Galilea.

Hindi pa doon

Sa Lukas 5:1-3, mababasa natin na ginamit ni Hesus ang bangka ni Pedro at nangaral sa mga karamihang tao mula sa bangka na ito. Malinaw pa rin na sa mga panahong ito hindi pa ni Pedro 'iniwan ang kanyang lahat'. Siya ay tagasunod pa rin ni Hesus. Bago nagtagal iniwan niya ang kanyang bahay, ang kaniyang pangingisda, ang kanyang lahat.

Walang mali sa panahong ikaw ay 'tagasunod' lamang. Ginamit ni Hesus ang hanap-buhay ni Pedro sa mabuting pakinabang. Ang kanyang bangka ay naging isang magandang entablado. Gagamitin tayo ng Dios sa ating negosyo, sa sitwasyon ng ating pamilya, at anumang kalagayan o pangyayari sa ating buhay; ngunit kailangan

nating malaman na ito ay 'sumusunod' lamang, at ang panahon ng hamon ay kailangan darating sa ating lahat. Gayunpaman, dahil sa takot, kung saan kulang ang paniniwala, maraming Kristiyano ay maaaring hindi o ayaw magbayad ng halaga ng pagiging alagad, at sila ay mananatiling nasa kaparangan habambuhay – ang pagkain ng supernatural na espirituwal na pagkain, ang pagtustos ng Dios ng kanilang pang araw-araw na material na pangangailangan, ngunit hindi matagumpayan ang mga higante at pagkakaroon ng lupang pangako. Kaya muling maghintay ang Dios sa susunod na henerasyon upang magdala ng 'revival' o pagbabagong buhay sa nangangailangang sangkatauhan.

Ang himala

Ang ebanghelyo ni Lukas ay nagbibigay sa atin ng lahat na detalye sa pagtawag kay Pedro bilang alagad, at maari tayong makapulot ng aral para sa ating mga sarili mula sa mga ito dahil ang proseso ay hindi nagbabago. Binabago lamang ng Dios ang mga pangyayari upang linlangin ang mga walang pananampalataya. Sa kabanata 5:4, sinabi ni Hesus kay Pedro, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya. Walang huli si Pedro sa buong magdamag, ngunit ngayon ang kanyang lambat ay halos bumibigay. Napuno at umaapaw ng isda ang dalawang bangka at ito ay nagsimulang lumubog.

Ito ay hindi isang pangkaraniwang himala, at hindi madaling maunawaan kung bakit ito ay ginawa ni Hesus. Mauunawaan natin kung bakit pinagaling niya ang mga tao, o pinakain ang limang libong gutom na mga tao;

ngunit ano ang natupad ng himala na kanyang ginawa? Ito ay isang himala ng pagkakaloob o probisyon. Hindi isang kolektor ng isda si Pedro kung saan linalagay niya ang mga ito sa tangke at inaalagaan at hindi din siya namimingwit na kung saan ang kanyang mga huli ay tinatapon niya pabalik sa tubig. Ginagawang pera ni Pedro ang isda. Ang pangingisda para sa kanya ay hindi isang libangan o palipas oras, ito ay ang kanyang kabuhayan. Nakikita niya ang mga isda bilang pera.

Bago natin tingnan ang naging reaksyon ni Pedro sa umaapaw na probisyon na ito, tingnan natin ang ating mga sarili kung ano ang magiging reaksyon natin kung tayo ay nasa kanyang kalagayan; kung hindi, hindi natin makikita ang malaking aral dito.

Isipin natin na tayo ay sumusunod kay Juan at naghahanap ng Mesiyas, at ngayon natagpuan na natin at sumusunod na tayo sa kanya. Doon na tayo sa di pangkaraniwang ministeryo (supernatural ministry) kung saan nakakakita tayo ng kababalaghang palatandaan at biglang personal na ipinakita ni Hesus ang himala ng pagkakaloob. Sabihin natin na ang himala sa sandaling ito ay katumbas ng ilang linggong sahod. Ano kaya ang ating maging reaksyon? Maaari din na makikita natin ito bilang isang palatandaan na matagal na nating hinihintay. Hayaan niyo akong magpaliwanag. Maraming modernong tagasunod ni Hesus gustong maging lubos na alagad. Ang tanging problema na pumipigil sa kanila ay isa sa mga probisyon. Sinong magbabayad ng mga bayarin? Paano sila mabuhay na walang regular na kita at sustento? Sila ay may maraming responsibilidad at alam nila na mas masahol pa sila sa isang taksil kung hindi nila matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ngunit dito makita natin na binibigay na ni Hesus ang pera ng pauna. Sino ang hindi gusto maging lubos na alagad kung ang sahod ay nakadeposito na sa kanilang bangko ng pauna buwan buwan?

Kakaibang reaksyon

Kahit na hindi natin ito makikita bilang isang palatandaan ng probisyon upang maging lubos na alagad, tayo ay matutuwa sa napakalaking himala ng pagpapala. Taos puso tayong magpapasalamat at magpupuri kay Hesus. Ang reaksyon ni Pedro ay kamangha-mangha, at hindi ito inaasahan. Ang kanyang reaksyon ay kabaligtaran sa makatwiran na aking inaasahan. Sinabi ni Pedro kay Hesus sa talata 8, hindi na ako maaaring sumunod pa sa iyo. Lumayo ka sa akin.

Ano kaya ang dahilan ni Pedro upang sabihin itong kamangha-manghang pahayag? Ang sagot ay sa ikalawang kalahati ng pangungusap ni Pedro: Ako ay isang makasalanang tao. Paano ng isang himala inihayag ang pagiging makasalanan ni Pedro? Wala akong alam na paliwanag, dahil hindi pare-parehong pangyayari ang ginagamit ng Dios para sa ating lahat; ngunit sa tingin ko maaari kong ipaliwanang ang prinsipyo dito.

Ang prinsipyo

Upang maging isang tagasunod ni Hesus, kailangan natin makita ang Dios; kailangang maihayag sa atin ang kanyang tunay na katangian– ang kanyang awa, biyaya, pagpapatawad, katotohanan, probisyon, buhay na walang hanggan. Gayunman, ito ay hindi maaaring mangyari

sa atin hanggang walang himala na nangyayari sa atin dahil ang dios ng mundong ito ay binulag ang mga mata ng mga taong hindi naniniwala. Kailangan ng Banal na Espiritu alisin ang piring sa ating mga mata para makita ang mga pahayag ni Kristo. Pagkatapos nito, madali ng sumunod kung saan ang mga kaliskis ay mawala sa ating mga mata at makita natin ang kamangha-manghang katangian ng Dios.

Ang pagiging alagad gayunpaman ay lubos na naiiba. Bago tayo maging alagad, isa pang piring sa ating mga mata ang dapat alisin, subalit hindi ito magawa ng ating mga sarili. Kailangan isa itong gawa ng Dios na dapat nating makita. Kailangan ipakita ng Dios sa atin ang ating mga sariling katangian, ang katangian ni Adan na nandito pa rin sa atin kahit matapos na tayo ay napatawad na. Ito ay hindi kaaya-aya, at sa katunayan it ay lubhang masakit sa damdamin.

Nadaanan ni Isaias ang parehong karanasan. Sa Kabanata 6, nagkaroon siya ng pangitain ng Dios, matayog at mataas sa lahat ng kanyang kaluwalhatian at karilagan. Ngunit pagkatapos nakita ni Isaias ang kanyang sarili at sinabi, Sa aba ko! sapagka't ako'y napahamak. Wala ng ibang posibling proseso maliban dito. Upang makita ang Dios sa katotohanan ay ang makita ang katotohanan ng ating mga sarili. Nakapangangamba, subalit, ang karamihan ay nakikita lamang nila ang Dios ayon sa kanilang doktrina. Sa kasamaang-palad, ang doktrina ay hindi pinapakita sa atin ang ating makasalanang sarili. Hindi natin kailangan ang paliwanag ng katangian ng Dios, kailangan natin mismo ang Dios.

Nakita ni Pedro ang kanyang sarili at hindi niya ito nagugustuhan. Nadama niya na hindi siya karapat-dapat.

Ngunit ito mismo ang gusto ni Hesus, at sa kung anong kadahilanan, parehong gawin niya ito sa atin. Tanging ang tao na nakikita ang kanyang tunay na sarili ang maaaring maging isang alagad. Nadama ni Pedro na hindi siya karapat-dapat dahil nakita niya ang kanyang pagiging makasalanan ngunit hindi ito inisip ni Hesus. Mukhang lubos na masaya si Hesus sa pagkaalam niya na si Pedro ay isang makasalanan. Sinabi ni Hesus sa kanya, "Huwag kang matakot Pedro – kilala ko na kung ano kayo dati pa. Alam ko na ipagkaila mo din ako at sabihin na hindi mo ako kilala. Gusto ko lang malaman mo ang mga ito. Ngayon na alam mo na ang mga ito, maaari na kitang gamitin. Puede na kitang gawing mangingisda ng mga tao."

Kapakipakinabang sa Dios

Habang si Pedro ay isang tagasunod, si Hesus ay siyang malaking pakinabang sa kanya. Pinagaling ni Hesus ang kanyang biyenan, binigyan siya ng ministeryo – ngunit sa puntong ito, hindi pa kapakipakinabang si Pedro sa kay Hesus.

Ngunit matapos ipinahayag ni Hesus kay Pedro ang kanyang makasalanang kalagayan, at kinilala ni Pedro ang katotohanan ng pahayag na ito, agad siyang naging kapaki-pakinabang kay Hesus. Iniwan niya ang lahat at nagbagong buhay mula sa pangingisda ng mga isda (para lamang sa personal na kapakanan) at naging mangingisda ng mga tao (para sa kapakanan ng Kaharian ng Dios). Narito ang isa pang prinsipyo: Ang Dios ay isang malaking pakinabang sa mga tao, ngunit ang mga alagad ay isang pakinabang sa Dios.

Ang tunay na bagay sa wakas

Itinala ni Lukas sa Kabanata5:11 ang parehong bagay na sinabi ni Mateo sa kanyang maikling pahayag: At ng kanilang madala ang kanilang mga bangka sa lupa, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Hesus. Kamangha-mangha na ang naging reaksiyon ni Pedro sa himala ng probisyon ay ang talikuran ang lahat na probisyon. Sa mga sandaling maaari niyang makita sa himala ang sagot ng lahat ng kanyang mga materyal na pangangailangan, siya ay naging walang pakialam sa kanyang materyal na pangangailangan – sa halip nakita niya ang pangangailangan ng kanyang kaluluwa. Nakita niya na, may probisyon o wala, hindi siya karapat-dapat. Hindi siya maaaring sumunod kay Hesus. Ngunit ng siya'y hinikayat ni Hesus, alam niya na dapat niyang iwanan ang lahat, at, pinabayaan niya ang malaking huli na sana makapagbigay sa kanya ng malaking kita, sa halip iniwan niya ang lahat at sumunod kay Hesus.

Ang tunay na pagiging alagad

Ito ang pagiging disipulo. Ang pagsunod na hindi iniwan ang lahat ay hindi pagiging alagad. Paano akong naging matigas sa pagsabi nito? Gusto kong isangguni ang mga pahayag na ginawa ni Hesus tungkol sa mga paksang ito. Kayo ang magpasya kung tanggapin ninyo ito bilang pagpapahayag ng katotohanan o bilang isang mahiwaga at espiritual na pag-iisip na naaayon sa inyong paraan ng pamumuhay. Sa Mateo 7: 24-27, sinabi ni Hesus ang isang talinghaga, sa dulo ng kanyang

Pangaral sa Bundok o Sermon on the Mount, tungkol sa pagpapatayo ng bahay sa bato at buhangin. Sinasabi na si Hesus ay ang bato kung saan tinatayo natin ang ating bahay, ngunit hindi ito totoo sa lahat ng kalagayan. Kung titingnan mo ang talinghaga, sinasabi ni Hesus kung ano mismo ang ibig sabihin ng bato at ng buhangin. Ang mga taong nagpapatayo sa bato ay ang mga taong naniniwala sa Sermon on the Mount at ginagawa ang mga ito. Ang mga taong nagpapatayo sa buhangin ay ang mga naniniwala sa Sermon on the Mount pero hindi ito ginagawa. Malinaw na ito ay nababatay sa ating paggawa at hindi sa paniniwala, iyon ang mahalagang bagay – dahil paano natin patunayan na tayo ay naniniwala kung walang nakikitang gawa? Hindi tayo maaaring magtago sa likod ng tinatawag nating pananampalataya kung hindi ginagawa ang hinihinging gawa ng pananampalataya sa buong Biblia – ang pagsunod.

Basahin ng mabuti ang mga pahayag ni Hesus tungkol sa pagiging disipulo. Ating isaalang-alang ang mga ito dahil ito ay mas radikal kaysa sa mga nasabi ko.

Ang tunay na Kritiyano

Ipinaliwanag ni Hesus sa kanyang Pangaral sa Bundok na tayo ay asin, at ito ay hindi isang bagay na winiwisik sa lipunan. Ito ay tungkol sa ating mga sariling buhay. Ang tunay na Kristiyanismo ay hindi kung ano ang ating pinaniniwalaan kundi kung paano natin ito isinasagawa sa ating araw araw na pamumuhay. Tinatawag ito ni Hesus na 'ang buhay' at hindi 'ang paniniwala'. May mga Kristiyano na naniniwala at pinapatunayan nila ito sa kanilang pamumuhay, at may mga tao na naniniwala

na sila ay naniniwala dahil ito ay nasa kanilang doktrina at pag-iisip.

Lucas 14:34-35 "Mabuti ang asin, ngunit kung ang asin ay mawalan na ng alat, paano pa ito mapapaalat muli? Wala itong kabutihang maibibigay sa lupa, o kahit sa tambakan man ng dumi, kaya't ito'y itinatapon na lamang." Ano ang kapangyarihan doon sa pahayag ni Hesus – at anong sakdal ng sinabi niya na upang mawala o hindi magkaroon ng buhay na ito ay nangangahulugan lamang na hindi tayo karapat-dapat mapunta kahit sa basurahan. Tayo ay walang silbi.

Natalakay na natin ang prinsipyo ng pang-aalipin sa kabanata 2, ang pagbili ng mga tao. Malinaw sa ating mga halimbawa na ang ating mabuting Panginoon, ang Dios, hindi tayo hahamunin na maging alagad hanggang mabigyan tayo ng panahon para isaalang-alang ang maging halaga. Kailangan natin ang sapat na panahon para isaalang-alang ito kung maaari nating ipagkatiwala ang natitirang bahagi ng ating buhay sa panginoong ito.

Ang hamon sa atin ay maaaring dumating pagkatapos ng anim na taon o anim na buwan o marahil dalawampung taon; pero naniniwala ako na ang bawat tagasunod ay may tawag bilang isang alagad. Ang Israel ay binigyan ng isa lamang na pagkakataon upang makapasok sa lupang pangako, ngunit si Pedro nakatanggap ng pangalawang tawag mula kay Hesus – na may eksaktong parehong himala.

Hindi ko alam kung maging paano ito para sa iyo, dahil ang Kristiyanismo ay personal na relasyon sa Dios. Ikaw maaaring magkaroon ng sampung pagkakataon, o maaaring isa lamang. Ang gusto kong iparating ay isang hangal ang magpalagay na makakuha ka ng mahigit pa

sa isang pagkakataon. Alam ko na ang prinsipyo ay hindi nagbabago.

Paghaharap

Ang aking sariling karanasan ay nag-umpisa akong sumunod kay Hesus sa edad na anim. Pagkalipas ng dalawampu't apat na taon, nang ako'y tatlumpu, ako ay nahaharap sa mga hamon na ganap na pagtalikod sa aking sariling buhay, at wala na akong sabi sa nalabi nito, at ang pagsunod kay Hesus kung saan niya ako dadalhin.

Ito ay nakakatakot na hakbang dahil walang nakakaalam kung saan pupunta si Hesus. Maaaring gusto niyang sumunod ka sa kanya sa kamatayan bilang isang martir o pagiging hindi karaniwan, sa kalungkutan o ang pagtanggi ng mga tao. Ito ay lubos na labas sa iyong mga kamay, at ito ang katotohanan kaya maraming tagasunod ang hindi kinaya. Gusto din nila na may masabi o magawa sa kanilang mga sariling buhay sa hinaharap.

Iyon ang dahilan kung bakit kailangan nating sundin ang Dios sa personal na relasyon, at maranasan ang kanyang kapangyarihan sa ating buhay, bago tayo sabihan kung ano ang susunod na hakbang. Kung atin itong gawin bago maunawaan ang lahat ay isang malaking kahangalan.

Mula sa edad na tatlumpu, hindi na ako lumingon, at sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, ayoko ng bumalik pa. Ang aking patotoo sa nakaraang dalawampung taon ay ang Dios ay isang mabuting Panginoon na ang kagustuhan lamang ay ang aking kapakanan. Sa kabila ng aking maraming pagkukulang, wala akong makitang kamalian o kakulangan kundi ang kanyang katapatan.

Ano ang mangyayari sa mga tagasunod?

Maaari kang magtanong, "Mayroon bang dalawang klase ng mga Kristiyano: mga tagasunod at mga disipulo?" Nakita natin na may malinaw na pagpapatuloy (progression) sa buhay Kristiyano, at ito ay imposible upang magsimula bilang isang alagad.

Dapat natin, gayunpaman, itapon ang pag-iisip na ang Dios ay may dalawang pamantayan ng mga Kristiyano. Hindi ko mahanap sa anumang kasulatan upang suportahan ang mga ideya na ito. Gayun pa man, ako'y naniniwala na ang karamihan ng mga tao na tumatawag sa kanilang mga sarili na Kristiyano ay tanging mga tagasunod. Marami sa mga ito ay hindi pa nagkaroon ng pagkakataon upang patunayan ang Dios at kaya hindi pa nahamon na iwanan ang lahat; ngunit naniniwala ako na ang karamihan ay ang mga taong nakaranas na ng hamon ngunit tumangging magbayad ng halaga. Siguro ang tawag sa kanila ay dumating lamang ng isang beses, marahil sa isang pulong ng mga misyonero o isang espesyal na pagtipon para manalangin, o sa panahon na sila'y nagkasakit, o pagkatapos ng pagdadalamhati. May higit isang milyong mga pangyayari na maaaring gamitin ng Dios, ngunit ako ay kumbinsido na ang bawat mananampalataya ay binibigyan ng pagkakataon na makatanggap ng isang tawag sa pagiging disipulo.

Ang tanging nalabi

Masasabi niyo ba na ako ay isang mapangahas, panatiko, o mapagmatuwid sa sarili kapag sinabi ko na ang karamihan

ay tumanggi sa tawag? Maari ko lamang sabihin na hindi ko binabatay ang aking pagsusuri sa aking limitado at marahil hindi pantay na paghuhusga, ngunit sa aking kaalaman tungkol sa Biblia at ang tapat na ulat nito tungkol Dios at ang pakikitungo ng Dios sa kanyang mga tao.

Ito ay palaging ang mga nalabi, isang maliit na minorya, ang naligtas. Si Noe at ang kanyang pamilya ay naligtas, at ang buong sanlibutan ay nalunod. Ang pagitan ay nakakatakot. Si Lot at ang kanyang pamilya ay naligtas, at ang isang buong lugar ng lungsod ay napuksa.

Marahil gusto mong mangatwiran na ang mga taong nasira sa nasabing pangyayari ay mga makasalanan. Totoo, ngunit ito ay hindi naiba sa mga tao ng Dios. Ang buong bansa ng Israel ay nailigtas mula sa bansa ng Ehipto sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan at malinaw na 'sumusunod sa Dios' subalit dalawa lamang ang nakapasok sa lupang pangako. – dalawa sa dalawang milyon! Sa talinghaga ng sampung dalaga, tanging ang kalahati sa kanila ang nakapunta sa kasalan, at ang natirang kalahati ay hindi nakapasok.

Libo-libong mga tao ay sumunod kay Hesus ng lumakad siya sa lupa, at gayun pa man isang daan at dalawampu lamang ang nasa itaas na silid ang naghihintay ayon sa utos ni Hesus. Saan ang libu-libong tao na pinagaling niya at pinakain sa ilang? Ano ang nangyari sa siksikan ng mga tao na sumigaw ng 'Hosana' habang parating si Hesus sa Jerusalem at iniisip nila na siya ay maging isang hari? Sabihin ko sa inyo. Sila ay naghahanap sa isang Mesiyas na gawing mas madali ang kanilang buhay, at gagawa ng himala para sa kanila, pakainin ang kanilang gutom na katawan; ngunit ang sumunod sa isang tao sa krus – yan ay napakalaking halaga para sa kanila.

Ikalawang Bahagi

Ang Halaga

Walana
Sapat na na ako ay umiyak
Hindi ko makakayanan ang kakila-kilabot na
kahihiyan
Ang aking mga mata ay hindi na makatingin ng tama
Sila ay tumingin sa loob
Nakita ko ang aking sarili
Kadiliman
Kasalanan

Ang aking katawan ay hindi na kayang tumayo
Ang mga tuhod humukod sa ilalim ng karga nito
Ang katawan nakahiga sa lupa
Walang buhay
Walang kibo

Ngunit ano itong nasa aking kilay
Nararamdaman ko ang isang patak ng likido

At sa labis na pagsisikap inikot ko ang aking ulo
At tumitig sa isang nakakamanghang tanawin
Sa dumudugong kamay at nasusugatang mga paa
At sa kanyang tagiliran isang ilog dumadaloy
Nasumasaklaw sa akin
At bukod pa doon
Ang aking puso at kaluluwa ay pinapaging banal

Wala ng takot ng pagkakasala at kahihiyan
Ang aking puso ay magaan
Ang aking espiritu ay malaya

Ngunit alipin pa rin
Upang patuloy na maglingkod sa kanya.

Maurice Barratt

Kabanta 4

Ang Mga Prinsipyo

Malaki ang gastos na dapat bayaran kapag ang isang tao ay gustong maging alagad at ito ay dapat natin isaalang-alang bago tayo gumawa ng desisyon na maka impluwensiya ng buo nating pamumuhay. Gusto kong tingnan nating mabuti ang nasasabing gastusin dahil malinaw na inilatag ni Hesus ang mga kondisyon para maunawaan natin ito.

Kakaibang tagubilin

Sa Mateo 16:16 mababasa natin na nagkaroon si Pedro ng paghahayag na si Hesus ang Kristo, ang anak ng buhay na Dios. Sinabi ni Hesus na hindi si Pedro ang nakarating sa konklusyon na ito sa pamamagitan ng kanyang sarili ngunit ito ay isang banal na paghahayag. Ngayon na alam na ni Pedro at ng ibang mga alagad ito, makatuwiran lamang na inaasahan na si Hesus ay mag utos sa kanila upang maikalat ang mabuting balitang ito, na ang Mesiyas na hinihintay nila ay dumating na. Maaari

na nilang ipahayag ang paghahayag na ito sa mundo na may kapangyarihan at pananalig.

Ngunit sa talata 20 may sinabi si Hesus na kabaligtaran sa inaasahang magyayari. At mahigpit niyang iniutos sa kanyang mga alagad na huwag sabihin kaninuman na siya nga ang Kristo. Bakit ibibigay ni Hesus ang kakaibang utos na ito sa kaniyang mga disipulo? Bakit gusto niyang itago ang katotohanang ito? Ang sikreto ay sa talata 21: Mula noon ay ipinaalam na ni Hesus sa kanyang mga alagad ang mangyayari sa kaniya. Sinabi niya, "Dapat akong magtungo sa Jerusalem at magdanas ng maraming hirap at ako'y papatayin."

Ang isang pagbabago ng ministeryo

Kung nabasa ninyo ang natirang ebanghelyo ni Mateo mula sa puntong ito, makikita ninyo na ang ministeryo ni Hesus ay may pagbabago. Bukod sa isang insidente kung saan si Hesus ay nagpagaling ng isang batang lalaki na kung saan ang mga alagad ay nahihirapang gawin, walang mga karagdagang pagpapagaling na naitala. Nagsisimula ngayon si Jesus upang maghanda sa kanyang sarili at sa kanyang mga alagad na tuparin ang kanyang layunin sa lupa, kung saan siya ay magdusa, mamatay ng pangpalubag-loob na kamatayan, at babangon muli mula sa kamatayan. Ito ay ang tunay na dahilan na dumating si Hesus sa lupa. Ang mga himala at pagpapagaling ay upang ipakita lamang ang mga katangian ng kanyang Ama - pagmamahal, awa, habag at grasya. Ang mga himala ay hindi pagpapakita ng kapangyarihan ni Hesus, at hindi rin patunay na siya ang Kristo. Kung sila ay mga nagpapatotoo na siya nga ang Kristo, masabi nating

nabigo si Hesus dahil hindi naniniwala ang mga tao sa kanya at siya ipinako sa krus bilang mamumusong.

Hindi nauunawaan ni Pedro ang pagbabago ng direksiyon sa ministeryo ni Hesus. Tulad ng maraming mga Kristiyano ngayon, siya ay naghahanap para sa mga panlabas na kaharian na agad na makikita sa lupa. Kaya malakas ang pagsaway ni Hesus kay Pedro tungkol dito. Ginamit niya ang eksaktong parehong mga salita kay Pedro noong siya ay nakipag-usap sa demonyo pagkatapos ng siya ay tuksuhin sa ilang – Lumayo ka sa akin Satanas. Bakit kailangang malakas na pananalita? Ito ay dahil si Hesus ay inalok ng mga kaharian sa mundong ito, agad-agad, at walang krus. Ito ang modernong "kaharian ngayon", doktrina na nag-aalok ng mga kaharian na walang krus. Ayaw ni Pedro na pupunta ng krus si Hesus dahil gusto niya ang kaharian kaagad, at walang anumang mga pasakit at perwisyo. Naniniwala ako na ang sinasabing "walang krus, walang korona" ay totoo at ito ay palaging akma.

Tatlong mga simpleng hakbang

Si Hesus, matapos na matibay niyang itinatag ang daan na dapat niyang pupuntahan, malinaw niyang ipinahayag sa kanyang mga alagad na ito din ang daan na dapat nilang sundin. Ang talata 24 nagsasabi na, Kung sinumang tao ang ibig sumunod sa akin, dapat niyang tanggihan ang kaniyang sarili, at pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin. Tatlong simpleng hakbang – subalit ito ay ang ilan sa mga pinakamahirap na salita na kailanman binigkas ni Hesus, at kailangan nating suriin ito sa bawat detalye dahil ang tatlong hakbang na ito ay

ang sikreto na naglalaman ng mga katangian ng kabuuang buhay Kristiyano.

Sa unang pagsusuri, tila nilagay ni Hesus ang tatlong tagubilin na ito sa hindi tamang pagkasunod. Siyempre, ang pagsunod ay dapat ang unang hakbang, at kapag tayo ay malayo na, maaari nating isaalang-alang kung kailangan nating kalimutan ang ating sarili ng kaunti. Ang salitang krus ay nakakatakot at sa karamihan ng mga Kristiyano mas nakakaligtas pag inilagay ito sa huli ng listahan, at aasahang ito ay hindi kailanman darating.

Alam natin na si Hesus ay isang master na guro, kaya ano ang kanyang mga layunin sa pagtatanghal ng klase ng pamumuhay ng disipulo sa pagkasunod ng tatlong hakbang na ito. Siya lamang ang maaaring magsabi niyan dahil kapag hindi natin kinalimutan ang ating sarili, pinapasan ang ating krus, nagpapahayag lamang na di tayo tunay na sumusunod kay Hesus. Baka sumusunod tayo sa ating simbahan, o sa ating sekta, sa ating doktrina, o ating paboritong ebanghelista, o ating budhi, ngunit dinadaya natin ang ating mga sarili pag iniisip natin na sumusunod tayo kay Hesus. Ang pagsunod ay natural lamang na resulta ng pagtupad ng unang dalawang mga kondisyon.

Naniniwala ako na ang tatlong mga pahayag ni Hesus ay nakikitungo sa tatlong bagay na alam nating mabuti sa ating buhay, ang tatlong bagay na pinaka humahadlang sa ating lakad bilang mga Kristiyano: ang mundo, ang laman at ang diyablo. Naniniwala ako na ang pagkalimot sa ating sarili ay isang paraan upang maharap natin ang mundo, ang pagpasan ng krus ay paraan ng pagharap ng ating laman (ang lumang kaugali-an tulad ni Adan), at ang pagsunod kay Hesus ay isang natural na resulta, at isang

paraan upang harapin ang diyablo. Kapag nalampasan na natin ang mundo at ang ating laman, likas na nating makamtan ang kapangyarihan laban kay Satanas – ngunit pagkatapos lamang.

Pagsira ng gawa ng diyablo

Sa 1 Juan 3:8 sinasabi sa atin na si Hesus ay nahayag upang wasakin ang mga gawa ng diyablo. Ano ang mga gawain ng mga demonyo? Ang kabaligtaran ng gawain ng Dios. Ano ang gawain ng Dios? Ito ay gawing banal ang mga tao. Ang gawain ng diyablo ay kabaligtaran – upang gawin ang mga tao na maghimagsik laban sa Dios at maging katulad ng kanyang sarili, hindi banal. Upang sirain ang gawain ng diyablo ay baligtarin ang proseso at dalhin pabalik ang mga tao sa pakikisama at pagsunod sa Dios upang ang kanilang katangian ay maging katulad ng katangian ng Dios. Ito ang buong layunin ng simbahan, ang gawing banal ang mga tao.

Kung hindi natin iiwan ang mundong ito, at ang ating lumang kalikasan ay hindi pa naaayos, iyon ay, ang pagpako sa krus, paano tayo maging banal? Ang pagsira ng gawa ng diyablo ay ang ikatlo at huling yugto. Para sa mga ito, kailangan natin ang katangian ni Kristo, hindi lamang ang kanyang kapangyarihan, dahil ang diablo ay hindi takot sa kapangyarihan maliban kung ito ay sinasamahan ng kabanalan. Maaari niyang palitan ang lahat na kapangyarihan at lahat na regalo, ngunit hindi kailanman siya maaaring maging banal o ipakita ang katangian ni Kristo.

Tingnan natin ng maigi ang bawat isa sa tatlong kondisyon na inihayag sa atin ni Hesus.

Kabanata 5

Tanggihan ang Iyong Sarili

Ang pagtatanggi sa sarili ay walang kinalaman sa mga kasalanan. Para sa mga Kristiyano, ang pangtubos ng dugo ni Hesus ay siyang nagbayad ng legal na pangangailangan para sa lahat ng ating kasalanan at, ayon sa batas ng Englatera, ang isang krimen ay mababayaran lamang ng isang beses. Binayaran ni Hesus ang ating mga krimen ng buo, at ngayon nasa atin na ang kabanalan ni Kristo, hindi ang ating sariling kabanalan. Walang maaaring makagawa sa atin na higit o kumulang na banal maliban sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, at ang ating kabanalan kay Kristo ay hindi magbabago dahil sa ating mga kalagayan o kahinaan. Ito ay isang habang buhay na estado. Ang kamatayan ni Hesus ay isang perpektong pangtubos.

Gayunpaman, sigurado ako na ang sinumang tapat na Kristiyano ay aamin na patuloy silang gumagawa ng kasalanan kahit matapos nilang matanggap ang nasabing pagtubos, dahil ang kahit anomang maliban sa perpekto ay kasalanan. Ang pagkakaiba ay sa ngayon hindi na natin

sagot ang ating mga kasalanan. Tulad ng sabi ni Pablo sa Roma 8:1, Ngayon nga'y wala nang anomang hatol sa mga na kay Cristo Jesus, ang sinumang lumalakad hindi ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. At sa Colosas 1:21-22, sabi ni Pablo, at kayo, nang nakaraang panahon ay nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pagiisip sa inyong mga gawang masasama. Gayon ma'y pinakipagkasundo niya ngayon sa katawan ng kaniyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis at walang kapintasan sa harapan niya. Ayon sa tamang sabi ni Martin Luther, palagi tayong makasalanan subalit palagi tayong inaaring-ganap.

Hayaan ninyo akong ibahagi ang aking karanasan, at naniniwala akong ito ay katulad sa inyo. Ang huling bagay na gusto kong gawin ay ang magkasala, subalit puede kong sabihin ang mga kataga ni Pablo na ako'y nagkasala sa kabila ng aking kagustuhan. Labis akong sabik na maging tulad ng aking Tagapagligtas, at perpekto sa lahat ng paraan, ngunit sa tutuong gawi ako'y nagkasala araw-araw dahil sa kalikasan ni Adan na nasa akin. Samakatuwid, upang tanggihan ang aking sarili sa kasalanan ay hindi pagtanggi sa sarili. Ito ay isang kagalakan!

Ang pagtanggi sa mga lehitimong bagay

Kung ito ay totoo, masabi natin na ang pagtanggi sa sarili ay nangangahulugan lamang ng isang bagay. Ito ay nangangahulugan na dapat kong tanggihan ang mga bagay na gusto kong gawin, ang lehitimong kaligayahan, mga bagay na hindi natin masasabing makasalanan. Ito ay kung bakit si Hesus at ang mga apostol ay palaging

nagsasalita tungkol sa mundo, at ang mga panganib ng mga ito.

Kailangan natin linawin dito na ang sinasabi ng Biblia na 'ang mundo', hindi ito nangangahulugan na daigdig, ang nilikha ng Dios. Ang daigdig ay sa Panginoon at ang lahat na nasa mga ito, ngunit ang mga dios ng kasalukuyang panahon ay ang dios ng sanlibutan, si Satanas. Hindi tulad ng daigdig, kung saan ay isang pisikal na paglikha, ang mundo ay hindi umiiral sa ano mang pisikal na anyo. Ito ay isang espiritwal na sistema, isang paraan ng pag-iisip. Kasama dito ang kultura, pulitika, kalakal at relihiyon.

Sa 2 Corinto 4: 4, sinasabi ni Pablo na binulag ng Dios ng sanglibutang ito ang mga pagiisip ng mga hindi nagsisisampalataya. Ito ay maaari lamang maging si Satanas. Ang ating kasalukuyang mundo, mula ng si Adan ay nagkasala, ay hindi kailanman pag-aari ng ibang tao maliban kay Satanas, at hindi kailanman nabibilang kanino man maliban kay Satanas. Itong kalagayan ay hindi magbabago hanggang natupad ang hula sa Pahayag 11:15 na nagsasabing, 'Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa kaniyang Kristo'.

Kapag isinasaalang-alang natin ang mga sumusunod na Kasulatan tungkol sa mundo, malinaw na, bilang mga Kristiyano, dapat nating tanggihan ang ating mga sarili at maging hiwalay sa sanlibutan.

Mateo 16:26 - Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kanyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kanyang buhay? (Maaari nating maunawaan ang banal na kasulatan na ito labas sa kanyang tunay na kahulugan kung gamitin natin itong

mensahe para sa mga makasalanan. Ito ay sinasabi para sa mga alagad ni Hesus.)

Marcos 4:19 - At ang mga pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, at ang mga pita sa ibang mga bagay na nagsisipasok, ang nagsisiinis sa salita, at ito'y nagiging walang bunga. Ito ay isa pang kasulatan na nalalapat sa mga tao nanakatanggap ng salita ng Dios at makita na ang mga bunga nito.

Santiago 4:4 - Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios.

I Juan 2:15-16 - Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kanya ang pagibig ng Ama. Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. Muli, isang banal na kasulatan na sinasabi para sa simbahan.

Ang pag-iwan sa mundo

Madali para sa mga Kristiyano ang sabihin na hindi sila nabibilang sa mundo, ngunit paano natin iugnay ang katotohanang ito sa pang-araw araw na buhay, sa trabaho, o sa sitwasyon sa ating pamilya? Hindi ko binibilang dito ang buhay natin sa simbahan, sapagkat naniniwala ako na sa pangkalahatan ito ay hindi totoong sitwasyon. Ang ating pagiging Kristiyano ay kung paano tayo kumilos at namumuhay ng ating buhay sa labas ng iglesia. Masabi

ko na hindi nababawasan ang aking pagka Kristiyano kahit mainit ang aking ulo at mawalan ako ng pasensiya sa aking asawa, pag sinabi ko sa aking boss na hindi maganda ang aking pakiramadam at di papasok para lang magawa kong dekorasyunan ang aking bahay, o kapag meron akong malaswa na pag-iisip habang ako'y nasa simbahan samantalang ang ibang tao ay tilang nagpupuri at nagsasamba ng Dios.

Ang Kristiyanismo ay kung ano ang tunay na ako, at kung ano ang tingin ng Dios sa akin. Ito ay hindi kung ano ang tingin ko sa aking sarili, o kung ano ang pinapahayag ko ng aking sarili. Ang Kristiyanismo ay may kinalaman sa puso; kung hindi, ito ay isang huwad na relihiyon, at walang kabuluhan.

Karamihan sa ebandyeliko na Kristiyano ay naniniwala at tinatanggap na ang pisikal na pag-iwan ng mundo at ang pagpunta sa isang monasteryo ay hindi ang gustong ipagawa ni Hesus sa karamihan ng kanyang mga tagasunod. Sinabi niya na tayo ay dapat nasa mundo pero hindi tayo kabilang dito. Gayunpaman, huwag tayong masyadong mapamintas sa mga tao na pumupunta sa monasteryo upang iwasan ang mundo. Maliban na mamumuhay tayo ng buhay kumbento habang dito sa mundo, manatili lamang tayong mamamangha sa mga taong may lakas loob na gawin ang isang bagay ayon sa kanilang paniniwala.

Ang pag-iwan ng mundo sa atin

Malinaw na sinabi ni Hesus na ang mundo ay sa diyblo at hindi natin dapat ibigin ito. Pag ginawa natin ito, ito ay isang espirituwal na pakikiapid at ito ay napaka-

seryosong bagay. Sa madaling salita: Kung gusto nating maging isang alagad, kailangan nating iwanan ang mundo o ang mundo ay iiwan sa atin.

Ang mga isinulat ni John at Charles Wesley ay puno ng mga mensaheng ito. Sa palagay ninyo sila ay naligaw at hindi sumusunod sa uso? Mapapatunayan ng kasaysayan na ito ay kabaligtaran; sa katunayan ilang mga iskolar ang lubos na sinundan ang bakas ng mga ugat ng buong modernong Pentecostal Charismatic movement hanggang sa kasulukuyang kasaysayan ng iglesia, at sa dalawang nasasabing mga tao.

Ang kailangan ng ating lipunan ngayon ay hindi ang mga gumagawa ng himala, o maraming superstar na ebanghelista (na siyang umiiyak para sa mga kaluluwa subalit may bayad), kundi ang mga banal na tao ng Dios – mga tao na katulad ni Pablo na hinahalintulad ang lahat ng bagay sa isang dumi upang makamtan si Kristo. Walang tunay na, o walang tunay na maging paraan para sa totoong pagbabago.

Hayaan niyong ibahagi ko ang dalawang mga himno na sinulat ni Wesley na tila ay nakabaon sa ilalim ng karangyaan ng pagsamba at awit ng pagpupuri.

Huwag hayaang sa ngayon mayroong makahati sa aking puso
Dahil kasama mo ako'y napako sa krus
At mabuhay sa Dios, sa iyo
Patay sa mundo at lahat ng laruan nito
Ang kanyang walang saysay na karangyaan at kumukupas
na kaligayahan
Si Hesus ay siyang aking kaluwalhatian
Ang nagpapadalisay na apoy ay dumaloy sa aking puso
aking puso

Nagbigay liwanag sa aking kaluluwa
Pangalatin mo ang iyong buhay sa pamamagitan ng bawat bahagi

At pakakabanalin ang kabuuan nito

Malinaw na ang lahat na pumupunta sa isang monasteryo upang manirahan, o sa iba pang mga lugar upang mapag-isa, ay iniwan ang mundo; ngunit ito ay mahirap mabatid kung sila nga ay iniwan ng mundo. Napakadaling linlangin ang ating mga sarili. Paano natin malalaman, o patunayan sa ating sarili, na ang mundo ay umalis nga sa atin? Sinabi ni Hesus bago siya ipinako sa krus, ang prinsipe ng sanlibutang ito ay parating, ngunit siya ay walang bahagi sa akin. Anong ibig niyang sabihin? Simpleng sagot: na walang bahagi sa buhay ni Hesus ang ninanais ng kahit na anong maaaring ialok ng diyblo. Sinasabi sa Biblia sa atin sa Santiago 1:13-14 na ang Dios ay hindi nanunukso sa kanino man…kundi ang bawat tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang hinahangad at nahihikayat. Kaya kung ang ating mga hinahangd ay dalisay, hindi tayo maaaring matukso.

Ito ay isang pagsubok para mapatunayan natin. Anumang bagay na hindi tayo mabubuhay kapag wala ito, nangangahulugan na ito ay may hawak sa ating buhay, at kung ito ay may hawak sa atin, nangangahulugan lamang na hindi tayo ganap na malaya.

Kung sa tingin mo hindi ka mabubuhay nang walang pera, sasakyan, ang iyong asawa, ang iyong kalusugan, musika o isports, hindi ka malaya. Muli nating ipaalaala sa ating mga sarili na ang pagtanggi sa sarili ay may kinalaman sa pagtanggi sa mga lehitimong bagay. Walang

maaaring magsabi na ang pamilya, musika o isports ay makasalanang bagay. Ngunit huwag nating kalimutan na ang sinoman na hindi tumatanggi sa ano mang meron siya, ay di maaaring maging alagad ko.

Sa buong kasaysayan ng iglesia ang mga Kristiyano ay nahihirapang maunawaan ang konsepto na ito, at walang paltos na umuundag mula sa isang dulo patungo sa isang dulo. Ang dalawang sumusunod na halimbawa ay siyang magbigay larawan sa gusto kong iparating.

Telebisyon

Noong unang lumabas ang telebesyon sa publiko, tinawag ito ng maraming ministro na 'hellivision'. Ngunit ngayon, ang mga nasabing ministro mismo ay may kanikanilang telebisyon sa sariling tahanan. Tama ba sila noong una at ngayon ay nagbago ng isip at lumihis, o tama ba sila ngayon at dati mali lang ang pagkaunawa nila at labis na nagbigay ng reaksiyon? Mag-ingat tayo na hindi tayo mahulog sa isang gilid o sa kabila nito; dahil ang kahit anong subrang labis ay hindi tama. Ang telebisyon ay isang niyutral na pamamaraan ngunit ang mensahe nito ay hindi niyutral. Ang kasalanan ay nanggaling sa gumagawa ng programa at hindi sa telebisyon na siyang isang pamamaraan lamang. Puedeng gamitin ang telebisyon upang magpahayag ng ebanghelyo subalit meron itong masamang epekto sa ating lipunan at ang kanyang impluwensiya ay nakaka apekto ng iglesia, at hindi para sa ikabubuti.

Sa tingin ko kailangan mong maging isang matibay na Kristiyano upang magkaroon ng telebisyon at hindi maimpluwensiyahan nito, iyon ay, nakondisyon sa pag-iisip

ng sanlibutan. Ang milyon-milyong salapi na ginagastos para sa patalastas ay nagpapatunay na ang pauli-tulit na mensahe, ang parehong halaga, parehong paniniwala ay makakaimpluwensiya sa atin pahintulutan man natin ito o hindi. Ang pagiging sa mundo at hindi maging kabilang nito ay hindi madali. Ang pagkaroon ng telebisyon at hindi maempluwensyahan nito ay sa katunayan mahirap.

Salapi

Ang pera ay isa pang magandang halimbawa para sa prinsipyo na ito, bagaman ito ay totoo rin sa kahit anong kapangyarihan sa mundong ito.

Ang salapi ay may kanyang sariling kapangyarihan. Tinatawag ito ng Biblia na maruming pera at masamang kayamanan. Ang mga ito ay hindi magandang termino. Ang isang alagad ay siyang dapat hindi magbigay ng halaga sa kapangyarihan ng salapi upang ito'y maging niyutral at magamit ito para sa kaharian ng Dios. Ang pera ay dapat wala ng kapangyarihan sa buhay ng isang tao. Siya ay dapat hindi umaasa sa pera para sa kanyang kasiyahan, seguridad, o buhay. Masaya siya kahit meron siya nito o wala. Ang kaniyang seguridad ay mula sa Dios lamang. Sa Sermon on the Mount sinabi ni Hesus, Huwag kayong maging balisa sa pagkain, damit, o kahit ang sariling buhay. Pansinin natin na sinabi niyang 'Huwag maging balisa'. Ibig sabihin 'huwag mag-alala'. Huwag hayaan na ang mga bagay na ito ay may kapangyarihan sa inyo.

Si Hesus ay may isang taga ingat-yaman o tesorero sa kanyang mga alagad, si Hudas na 'may isang supot', ngunit para sa akin, ang perang iyon ay hindi para sa kanyang sariling pagkain o damit, o sa kanyang mga

alagad (at madaling kalimutan na kailangang pakainin ang labindalawang gutom na kalalakihan). Naniniwala ako na umaasa siya sa Dios para sa mga bagay na ito at alam natin na ang Dios ay naglaan ng mayayamang kababaihan para matustusan ang kanilang mga pangangailangan sa lugar na ito.

Pera para sa mga buwis? Walang ganito. Kailangan nila ang isang himala. Si Hesus ay may pitaka para sa pangangailangan ng ibang tao. Ang supot ay para magpakain ng mga mahihirap. Ano ang sinabi ng mapag-imbot na si Hudas tungkol sa pag-aaksaya ng mamahaling pabango ni Maria? Hindi niya sinabing 'ang perang ito ay maaaring magpadamit at magpakain sa atin ng isang lingo.' Sinabi niyang 'Bakit hindi ito bininta at binigay sa mga mahihirap? Kahit ang sakim na si Hudas alam kung bakit sila nagkaroon ng pera, at kung paano ito gagamitin.

Si Hesus ay hindi nababahala tungkol sa pera na hinayaan niya si Hudas na maging taga-ingat yaman, kahit na sa umpisa pa lamang alam na niya na ito ay isang magnanakaw, Sa Mateo 10, sa kanyang mga tagubilin sa kanyang mga alagad habang pinapadala niya ang mga ito sa ibang lugar upang mangaral at mangasiwa, iniutos niya na hindi dapat sila magdala ng pera. Parang napaka radikal nito, at siyempre radikal nga, ngunit dahil ang mundo ay may mahigpit na hawak na kailangan ang radikal na pamamaraan para masira ang hawak nito sa atin.

Walang umaalis ng Ehipto na walang pakikibaka

Karamihan ng iskolar ng Biblia sumasang-ayon na sa banal na kasulatan ang Ehipto ay kumakatawan ng mundo. Kinailangan ng Ehipto ang sampong

nakakasirang sakuna bago ng Faraon pinayagan ang mga tao ng Dios na umalis, at ito ay hindi naiba ngayon sa ating mga sariling buhay sa sistema ng mundong ito. Hindi tayo madaling iwanan ng mundo. Kung ang iyong siguridad bilang isang Kristiyanno ay katulad ng mga nasa mundo, masabi ko na mahirapan kang magkumbinsi sa akin na ang iyong pagka Kristiyano ay isang bagay na higit sa isang ideya sa iyong isipan. Upang sabihin na ika'y naglilingkod sa buhay na Dios, na lumikha ng lahat ng bagay, at na siya ay isang ama sa iyo, ang sabihin na ikaw ay isang dayuhan, at ang iyong tunay na tahanan ay nasa langit, ay madali. Ngunit ito ay magiging isang pagpapawalang-kabuluhan at isang insulto sa mga aral ni Hesus at mga apostol kung hindi mo isinabubuhay ang kakaibang pamumuhay.

Ang katotohanan ay karamihan sa mga Kristiyano ay hindi talagang naniniwala sa langit. Ang huling bagay na gusto nila ay maging malaya mula sa buhay na ito. Lubos silang nagsasaya, at ang kanilang mga kayamanan ay nakatali sa daigdig na ito, at hindi kailanman nasa langit. Maaari kong banggitin ang pulitika, moda, prima, libangan, isport at maraming pang mga bagay kung saan ang mga Kristiyano ay sumusunod lamang sa pag-iisip at atas ng mundo at hindi namamalayan na sa pamamagitan ng paggawa nito ang mga ito ay 'nag-iipon ng mga kayamanan sa lupa', ang isang bagay na sinabi ni Hesus na hindi dapat gawin.

Ang kasaysayan ay nagpapatunay na ang iglesia ay palaging gumagaya ng pag-iisip ng mundo. Sa mga panahon ng monarkia ang simbahan ay sumusuporta sa monarkia, at sa ilalim ng demokratikong pamahalaan, ang simbahan ay sumusuporta din sa demokrasya at

sila'y nagpapatakbo ng kanilang sariling istraktura sa demokratikong paraan na parang ito ay napiling paraan ng Dios para sa pamahalaan. Ang kaunting lebadura ay kumakalat sa buong kimpal at ang katiwalian ay mabilis na kumakalat. Ang asin ay mabilis mawala ang lasa.

Ang tunay na Kristiyanismo ay dapat hindi pumapanig sa ano mang pulitika, at ang mga Kristiyano ay dapat maging isang banta sa lahat ng sistemang pampulitika. Sa katunayan ang kaharian ng Dios ay isang tunay na alternatibo sa anumang sistema na maaaring ialok ng Dios ng mundong ito.

Pag-uusig o pagsang-ayon

Natatala sa kasaysayan na ang unang iglesia ay itinuturing ng mga Romano bilang mapangwasak na banta sa kanilang sibil at pulitikal na sistema, at ang mga ito ay kanilang inuusig. Tumigil lamang ang mga pag-uusig na ito nang tinanggap ni Constantine ang Kristiyanismo at ginawa itong opisyal na relihiyon ng Imperyong Romano; at pagkatapos nito sumisid tayo sa isang libong taon ng pagwawalang-kilos at sakim na kasaysayan ng iglesia. Ito ay naaangkop sa tinatawag na Madilim na Kapanahunan o 'Dark Ages'.

Maging pareho ang mangyayari ngayon kapag ang iglesia ay siyang hahawak ng sistema ng mundong ito, dahil marami sa mga propeta ang nagsabi na ito ay dapat mangyari – ang ibig kong sabihin ang pagtulak papunta sa tinatawag na ang gawing Kristiyano ng sining, kultura at pulitika, at marami pa, na tila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mundong ito ay 'matutubos' sa mahiwagang paraan.

Sa paghantong ng prosesong ito makikita natin na ang iglesia ay gumugugul sa kapangyarihang pampulitika at ang mga pulitiko ay gumugugul sa kapangyarihan ng relihiyon – isang kumpletong kabuktutan laban sa malinaw na itinuro ni Hesus. Maaari kong tingnan ang kakila-kilabot na mga pagkakamali ng kasaysayan ng iglesia at sabihing huwag sana ito magyari muli kailanman.

Kailangan nating mamuhay sa mundo. Ngunit kailangan din nating mag-isip at kumilos na naiiba sa mundo, malaya mula sa lahat ng mga kapangyarihan na kasama sa sistema ng mundo. Dapat sila'y mawalan ng impluwensiya sa ating mga buhay upang sa halip na sila ay maging banta sa atin, tayo ay maging banta sa kanila.

Normal na Kristiyanismo

Kung tingnan natin ng maigi ang mga tinuturo ni Hesus, makita natin na walang duda na ito ang inaasahan niya mula sa kanyang mga alagad. Ito ay hindi higit sa normal na buhay Kristiyano. Bakit ito isang nakakatakot na panukala sa maraming mga tao? Madalas na sinabi ni Hesus ang mga bagay katulad ng, ang aking saklay ay madali at ang aking pasanin ay magaan…. hindi ako pumarito upang hatulan kayo, ngunit upang bigyan kayo ng isang mas masaganang buhay. Bakit ang mga tao ay nahuhulog sa isang kabila ng pader o sa isa pang kabila? Sa isang kabila binabale-wala nila ang hamon ng krus bilang isang bagay na hindi basta-basta matatamo at masyadong negatibo para sa modernong lipunan o sa isang kabila naman sumusunod sila sa tinatawag na

'dead letter' o patay na panulat ng batas at sila ay naging mapagkunwaring banal - ang pinaka-kahabag-habag na relihiyosong mga tao.

Masasabi ko na ang dalawang uri ng mga taong ito ay naligaw ng landas dahil hindi nila nauunawaan ang proseso. Hindi nila nakita ang lubos na kagalakan na nagmula sa kabanalan na hindi mapagmataas at hindi isang bagay ng sariling paghangad. Sa mga sumusunod na kabanata umaasa ako na makumbinsi ko kayo na ang prosesong ito ay napakadali at lubos na makatotohanan, at isang bagay na dapat hindi katakutan.

Kabanata 6

Pasanin ang Iyong Krus

Ang kapulungan ay umaawit ng “Magsalita ka aking Panginoon, makipag-usap ka sa akin, makipag-usap ka at mabilis kitang sasagutin” – at ang Dios ay nagsalita nga. Ang kanyang boses ay nasa buong kalangitan at kumulog sa buong simbahan kung saan ako nakaupo kasama ang kapulungan ng mga mananampalataya sa Dios. Ang aking mga binti ay nanginginig katulod ng halaya, gayundin napakalakas ng tining ng Panginoon. Sinabi niya, “Umakyat sa bundok, ihiwalay at gawing banal ang inyong sarili.” Nagsalita ang Dios, alam kong kailangan kong sumunod. Biglang kusang tumayo ang aking katawan, lumakad palabas ng simbahan at pumunta patungo ng bundok. Habang naglalakad ang aking katawan, iniwan ito ng aking espiritu ng isang minuto upang lumingon sa lugar na aking pinanggaligan. Inaasahan ko na makita ang boung kapulungan patungo ng bundok. Ako’y namangha dahil walang ni isa man lang ang nakarining ng tinig ng Dios, o kusa silang hindi tumugon. Napakalakas

ng tinig na ito ngunit walang isang nakarinig nito. Narating ko ang paanan ng bundok at tumingin pataas. "Panginoon", tanong ko, "kailangan ba talaga ito dahil tila isa lamang itong aksaya? Kung aakyat ako ng bundok na iyan kailangan ko ding pumunta pababa ulit." Ang Dios ay nagsalita at natatakot akong sumuway kaya patuloy akong lumakad sa gilid ng bundok. Sa una ito ay malumot, ngunit di nagtagal pinalitan ito ng matigas na bato ng siya'y pumunit ng aking sapatos na ang mga ito ay naging kagaya ng laso na hindi ko na ang mga ito magagamit. Dumating ang gabi, at ako ay naghanap ng lugar na puede kong matulugan, ngunit walang kama o malambot na unan na aking mahihigaan. Muli ang aking katawan ay iniwan ng aking espiritu at lumingon ako mula sa mataas na lugar upang makita ang lugar na aking iniwanan. Nakikita ko ang mga tao palabas ng simbahan papunta ng kanikanilang tahanan kung saan lahat ay maginhawa – hindi malamig na kama at unan, at ang sabi ko, "Panginoon, kailangan ba talaga ito?" Ngunit ang Dios ay nagsalita at kailangan kong sumunod. Nang ako ay magising sa umaga ako ay gutom na gutom. Patuloy akong lumakad papuntang bundok ngunit wala akong natagpuan na pagkain. Para akong nasa pilitang nag-aayuno. Muling iniwan ng aking espiritu ang aking katawan para lumingon at nakita ko ang mga taong kumakain at umiinom ng masasarap na pagkain at inumin, at nag-aasawa, at napaisip ako kung ano ang aking iniwan. Muli akong nagtanong, "Panginoon, kailangan ba talaga ito?" Ngunit nagsalita ang Dios at kailangan kong sumunod. Sa wakas narating ko ang tuktok, ngunit hindi ako

inihanda para sa kung ano ang makita ko doon. Ito ay ang pinakamataas na pagsubok sa aking pagsunod sa kanya. Nakipaglaban ng malakas ang aking katawan laban dito, "Panginoon kailangan ba talaga ito?" Sa aking harapan nakita ko ang isang altar para sa mga alay gawa sa malamig na bato, at sa tabi nito ay isang kutsilyo na gagamitin para sa pagpatay ng alay. Nais kong umurong sa puntong ito ngunit narating ko na ang ganito ka layo at tila mas masahol pa sa kamatayan ang di pagsunod ng tinig ng Panginoon. Ang Banal na kasulatan mula sa Roma 12:1 ay pumasok sa isip ko, Ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buhay, banal at kalugud-lugod sa Dios. Kaya humiga ako sa altar na bato at isinaksak ang kutsilyo sa aking katawan. Habang ginagawa ko ito, isa pang banal na kasulatan mula sa Mateo 16:25 ang pumasok sa isip ko, Sapagka't ang sinomang magibig iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin ay makakasumpong niyaon. At nakita kong iniwan muli ng aking espiritu ang aking katawan, at sa oras na ito hindi na ulit bumalik, dahil ang aking katawan o laman ay patay na. Ngayon ako ay ganap na na malaya, dahil ang aking laman lamang ang siyang dumadanas ng lahat na paghihirap, dalamhati, gutom at kamatayan, hindi ang aking espiritu. Sa wakas ako ay lubusan ng malaya at maari ng bumaba ng bundok upang gawin ang kalooban ng Dios na walang kahit anong hadlang.

Joanna Barratt

Tingnan natin ang ikalawang kondisyon na ibinigay ni Hesus sa isang taong tinawag na maging isang

disipulo: Pasanin ang iyong krus. Ang unang kondisyon, tanggihan ang iyong sarili, ay tungkol sa mundo at kung paano tayo manirahan dito na hindi naging bahagi nito; ito ay may kinalaman sa pang araw-araw nating pamumuhay. Ngunit ang ikalawang kondisyon ay lubos na naiiba. Ito ay tungkol sa ating personal na kalooban o lihim na buhay.

Ang maling krus

Ako ay namamangha sa kung gaano karaming iba't-ibang kalagayan ng mga Kristiyano ang tinatawag nilang krus. Narito ang karaniwan nating marinig na halimbawa; at sigurado ako na ang lahat ng ito ay naranasan din ninyo:

Ang isang sakit na nagpapatuloy kahit uminom na ng gamut at nanalangin ang taong may sakit. Sa pagkawalang-pag-asa sabihin nalang ng tao na, "Kakayanin ko nalang ito. Baka nga ito ang aking krus."

Ang taong nag-asawa ng hindi kaparihong mananampalataya. Ang kanilang ministro at mga kaibigan ay nananalangin para sa kanilang kabiyak, ngunit tila walang nangyayari. Sila ay nag-aayuno at nananalangin ngunit hindi na alam kung ano pa ang dapat gawin, kaya sinasabi na, "Baka nga ito ang aking krus. Naniwala ako na ang bawat Kristiyano ay meron niyan."

Ang kalagayan sa trabaho ay madalas nagpapasan sa atin ng maraming 'krus'. "Pinapahirapan ako ng aking boss dahil ako ay isang Kristiyano. Naghihintay siya ng pagkakataon para mahanap ang kamalian sa aking trabaho. Nananalangin ako na bigyan ako ng Dios ng bagong trabaho; nananalangin ako ng ang

aking boss ay aalis; ngunit pareho kaming nandoon parin. Baka nga ito ang aking krus para manatili akong mapagkumbaba."

Pangkaraniwan sa tao

Maaari nating alisin agad-agad ang mga tinatawag na krus na ito. Ang mga halimbawang ito ay mga sitwasyon na may kinalaman sa panlabas na pangyayari na gusto nating baguhin. Hindi ko sinasabi na ang mga pangyayaring ito ay mabuti, o di kailangan baguhin; ang nais kong patunayan ay wala ang mga ito kahit anong kinalaman sa ating krus. Gusto kong magbigay ng dalawang dahilan upang suportahan ang aking sinasabi. Ang una ay ganito: kung ang mga panlabas na pangyayari ay ang krus, masasabi natin na lahat ng tao sa mundo ay may krus na pinapasan sa kanilang buhay, dahil ang sabi ni Pablo sa I Corinto 10:13, ang ganitong mga pangyayari ay pangkaraniwan sa tao.

Ang mga pangyayari na nangyayari sa hindi Kristiyano ay nangyayari din sa mga Kristiyano, ang Dios ay hindi nag-alok sa kanila ng buhay na walang hirap at masarap na buhay. Ang Biblia ay hindi nagsasabi na tayo ay mananatili mula sa parehong kondisyon, problema at iba pang pangyayari na hinaharap ng mundo.

Ang isang eksperimento

Subukan ninyo itong isang eksperimento at tingnan kung meron kayong kahit anong alinlangan. Isulat niyo ang sampung pangalan ng mga kilala ninyong Kristiyano. Isama ninyo ang inyong pastor at paborito ninyong

ebanghelista. Pagkatapos nito, isulat din ang sampung pangalan ng mga kilala ninyong hindi Kristiyano. Isama niyo ang pangalan ng inyong boss sa trabaho at marahil ilang mga tanyag na tao.

Ngayon, tapat na ihambing ang kanilang mga karanasan sa buhay at makikita ninyo na walang pagkakaiba. Makikita ninyo na ang mga Kristiyano nakaranas din ng aksidente, namamatay bago tumanda, nawawalan ng anak sa murang edad, at nagkakaroon ng atake sa puso – ang lahat ng mga bagay na karaniwan sa lahat ng tao. Sa kabaligtaran, ang ilang mga hindi Kristiyano ay tila namumuhay ng magandang buhay! Kalusugan, kayamanan, at kaligayahan ay mukhang sumasama sa kanila kahit ano ang kanilang ginagawa. Basahin ninyo ang Ecclesiastes para sa pagtatasa ni Solomon ng paksa na ito. Ito ay dapat sapat na katibayan na ang krus na dapat nating pasanin ay walang anumang kinalaman sa panlabas na pangyayari.

Pasanin ang inyong krus

Ang ikalawang dahilan kung bakit ang mahirap o kahit kalunos-lunos na pangyayari ay hindi krus ay ganito: ang mga pangyayari na aking isinalarawan ay may kinalaman sa mga kalagayan na gusto nating baguhin, at sa ganitong dahilan ang mga ito ay hindi kasama sa kung anong sinasabi ni Hesus. Gusto kong banggitin ang mismong sinabi ni Hesus para bigyang diin ang puntong ito. Ipapasan sa kanya ang kanyang krus. Ang krus na tinutukoy ay ang isang krus na ating pinapasan, hindi ang isang bagay na inilalagay sa atin, at ang mga pangyayari ay palagi itong nangangahulugan na "inilalagay" sa

atin. Tanungin mo ang iyong sarili: gustohin mo bang magkaroon ng isang sakit, isang malungkot na pagsasama sa iyong asawa, o hindi kanaisnais na kapaligiran sa trabaho? Tiyak na hindi! Kaya maaari nating isantabi ang ideya na ang mahirap na pangyayari ay walang ano mang kinalaman sa krus.

Sa gayon, ang mga negatibong aspeto lamang ang ating isinasaalang-alang – ang kung anong 'hindi' ang krus – kaya kailangan nating maingat na pag-isipan kung ano ang positibong dapat nating 'pasanin'.

Ano kaya ang kahulugan nito kay Pedro at iba pang alagad noong marinig nila ang mga katagang ito? Para sa kanila ito ay masyadong hayag, dahil nasa ilalim sila sa pananakop ng Romano, at libo-libong lumalabag sa batas ay ipinako sa krus ng Romano. Ang kahihiyan para sa maraming criminal ay sila mismo ang pumapasan ng krus kung saan sila ipapako. Alam ng mga alagad na isa lamang ang dahilan kung ang isang tao ay pumapasan ng krus – upang ito ay ipako sa krus.

Kamatayan sa sarili

Sa kanyang aklat na "Ang Halaga ng Pagiging Alagad" sinabi ni Dietrich Bonhoeffer na "kapag tinawag ni Kristo ang isang tao, iniutos niya na ito ay lumapit sa kanya at mamatay". Hindi ito pananakot o kasukdulan na pahayag. Walang iba pang mga posibling alternatibo. Hindi sinasabi ni Hesus na dapat tayong pisikal na ipapako sa krus, dahil sa enbanghelyo ni Lukas sinabi niya na pasanin ang inyong krus araw-araw; gayon pa man wala nang ibang interpretasyon sa sinabi ni Hesus kundi kamatayan. Kung ganon, ano ang dapat mamamatay kung hindi ang

mortal nating buhay? Maaari tayong tulungan ni Pablo upang maunawaan natin ito sapagkat sinasabi niya ang pagkakapako sa krus sa kanyang mga liham sa iglesia.

Sinasabi sa Roma 6:6, Ang luma nating pagkatao ay ipinako sa krus kasama si Hesus. Ang nilalaman ng sinasabi ni Pablo ay tungkol ito sa bautismo, ngunit malinaw na ito ay may kinalaman sa ating 'lumang pagkatao'. Ito ay katulad ng ating laman, ang mga ito ay tinatawag na makasalanan at suwail na kalikasan na siyang ating pinamana sa kapanganakan mula kay Adan.

Sa Galacia 5:24, matapos ni Pablo ibigay ang kabaligtaran ng gawa ng laman (lumang pagkatao) sa mga bunga ng Espiritu (ang bagong likas na katangian ni Kristo), sinabi niya, At ipinako sa krus ng mga na kay Kristo Jesus ang laman na kasama ang mga masasamang pita at mga kahalayan nito.

Ang dalawang mga banal na Kasulatan ay malinaw na ipinakita sa atin kung ano ang dapat na ipapako sa isang Kristiyano. Ito ay hindi ang ating panlabas na buhay ngunit ang ating panloob na pag-uugali. Ito ay kung bakit ang pagpasan ng ating krus ay lubos na naiiba sa hindi pagtanggi sa ating mga sarili. Ang pagtanggi sa ating mga sarili ay may kinalaman ito sa ating panlabas na asal at klase ng pamumuhay; ang pagpasan ng ating krus ay may kinalaman ito sa ating loob na pag-uugali, ang laman. Ito ang buong layunin ng ating buhay Kristiyano, upang baguhin mula sa katangian ni Adan patungo sa katangian ng ating bagong Panginoon, si Kristo. Sinabi ni Pablo sa Epeso 4:1, At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa

ikatitibay ng katawan ni Kristo.

Hindi natin kailangan magpanggap na ang kamatayan sa anumang anyo ay mainam. Maging sa ating panlabas na laman o sa panloob na pag-uugali, ang likas na takot sa kamatayan ay karaniwan sa tao. Kung alam natin ang katotohanang ito at lubos natin itong hinaharap ay siyang magbibigay sa atin ng kaginhawaan, dahil ang ating lider at gabay ay tiniis ang krus para sa kagalakan na naghihintay sa kanya. Hindi ito sinasabi na galak siyang ipinako sa krus, sinasabi na tumitingin siya sa kabila nito kung saan ang kagalakan ay naghihintay sa kanya – ang muling pagkabuhay na siyang gumawa na kapaki-pakinabang ang krus.

Ipinako sa krus kasama ni Kristo

Kung makikita lamang ng mga Kristiyano ang kung ano ang nasa kabila ng pagkamatay sa sarili ang isang bagong buhay na may likas ni Kristo, maging kakaiba ang kanilang pananaw sa kanilang pagka Kristiyano. Anong mayroon sa kamatayan sa sarili na naging isang maluwalhating tagumpay ay ang muling pagkabuhay ni Kristo na makita sa ating mortal na katawan.

Kung ito ay ating mauunawaan, makita natin na ang mga pahayag ni Pablo sa Galacia 2:20 na sariwang layunin: Ako'y napako sa krus na kasama ni Kristo; at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin: at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak ng Dios.

Sa pamamagitan lamang ng pagkamatay ng aking sarili ay si Kristo maaaring mabuhay sa akin. Walang

namumuhay sa laman ang maaaring ipamuhay ang buhay Kristiyano. Ang isang mapagkunwari lamang ang matagumpay na makagawa nito. Si Kristo lamang ang maaaring mamumuhay sa atin, dahil siya ang buhay at ipamumuhay niya ang kaniyang buhay sa ating mga katawan kung tayo ay mamamatay sa sarili. Ito ang tunay na kalayaan. Sinabi ni Pablo na namumuhay siya sa pamamagitan ng pananampalataya ng Anak ng Dios. Ito ay hindi sa pananampalataya sa Anak ng Dios. Si Pablo nga hindi namumuhay sa pamamagitan ng kanyang sariling pananampalataya! Ang patay na tao hindi maaaring magkaroon ng pananampalataya. Siya ay namumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya ni Hesus sa kanya. Itong kahanga-hangang katotohanan, yan ay ang pananampalataya ni Hesus, hindi atin, ang siyang lubos kumitil ng ating pagsusumikap o ang kaisipang 'kaya ko to' na uri ng pananampalataya kung saan bumubunga lamang ng pagmamataas at kabiguan.

Buhay para sa buhay

Ang pagtanggi sa ating sarili ay may kinalaman sa mundo at ang ating panlabas at nakikita na buhay. Ngunit ang krus ay may kinalaman sa ating laman, ang ating panloob na likas na katangian kung saan ay siya talagang lihim nating buhay, walang kinalaman sa panlabas na ugali. Ito ay may kinalaman sa ating puso, ang mismong upuan ng ating mga ambisyon, lihim na motibo, at hinahangad; mga bagay na lihim sa ating asawa, pastor o matalik na kaibigan, at madalas nakatago kahit sa ating mga sarili.

Sa Bibliya 'ang pag-iisip' ay nangangahulugan na ang ating malay na saloobin, ngunit 'ang puso' ay

nangangahulugan ng isang bagay na mas malalim – ang ating walang malay na pag-iisip. Ito ay ang ating lihim na mga pagnanasa, mga motibo, at mga kalayawan. Maaari nating alam kung ano ang ating iniisip, ngunit dinadaya natin ang ating mga sarili kung sa akala natin ay nauunawaan natin kung ano ang ating iniisip. Sinasabi sa atin ng Bibliya na baguhin natin ang ating pag-iisip sapagkat kaya natin itong gawin na may kamalayan, ngunit hindo nito sinasabi na baguhin natin ang ating puso. Hiningi ni David sa Dios na subukan ang kanyang puso at tingnan ito kung mayroon mang masamang pamamaraan ito. Sinasabi sa Jeremias 17:9 na ang puso ay mandaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaaalam? Ito ay manlilinlang na papaniwalain ka na ito ay dalisay!

Ang aking buong layunin sa pagpapaliwanag nito ay bigyan diin na ang krus ay may kinalaman sa ating lihim na buhay, at patutloy ko itong itutukoy sa kabuuan ng kabanata na ito.

Hayaan ninyong ipakita ko ang tatlo pang mga pag-iisip tungkol sa pagpaku ng sarili. Ang una ay ang pagkalas mula sa mundo at ang mga tukso nito ay hindi maaaring harapin ng laman. Tiyak na maaari nating iwasan ang maraming mga tukso na mag-akit sa atin sa kasalanan, sa pamamagitan ng pisikal na pag-alis o pag-iwas ng mga ito, ngunit wala itong kinalaman sa ating lihim na buhay.

Ang monasteryo ay hindi isang pamamaraan upang pumatay ng ating laman

Ang monasteryo ay isang nangungunang halimbawa ng tunay na pagnanais ng mga tao upang maprotektahan ang kanilang sarili mula sa mga tukso ng laman; ngunit ang katulad nito ay maaari lamang mabibigo, dahil ang

sarili ay panloob na buhay kung saan kasama ng tao pag ito ay pumasok sa monasteryo; walang sinumang maaaring makatakas sa kanyang sarili. Halimbawa, maaari nating takasan ang panlabas na imoralidad sa pamamagitan ng pagpasok ng monasteryo, ngunit nakahiga sa kamang bato na may kaunting pagkain sa katawan at mangarap ng kalaswaan at magkaroon ng kahalayan sa ating puso. Dati akong mapamintas ng mga tao na iniwan ang mundo at pumasok sa isang monasteryo. Inaakusahan ko sila ng pagtalikod sa katotohanan; ngunit aking natanto na maliban na isabuhay ko ang buhay na nasa kumbento habang nasa mundo wala akong karapatan na pintasan ang mga tao na nagkaroon ng lakas na loob ng kanilang mga paniniwala.

Hangga't tayo ay buhay sa sarili dala-dala natin ang problema na ito, at naaayon dito, si Hesus nagbigay ng tanging lunas – namatay siya sa pamamagitan ng pagpako sa krus. Wala nang iiba pang solusyon.

Ang isa pang bagay na aking naisip ay ang anumang bagay na may sarili na nakakabit ay dapat maging isang tunog ng kampana na siyang babala sa ating mga pag-iisip. Ang mga salita tulad ng 'self-improvement', 'self-esteem', 'self-worth', satisfaction (na kung saan ay isa lamang na paraan ng pagsasabi na 'self-satisfied') ay mga pamamaraan ng pagpapahalaga sa sarili na maging buhay at malusog. Sinabi ni Hesus ang tunay na kabaligtaran: tanggihan ang sarili. Ang sarili ay masama, kailangan itong sirain. Ang sarili ay may kinalaman sa pagmamalaki at yabang, ang lahat na bagay na nagyayabang ng sarili laban sa Dios. Ngunit paano tanggihan ng sarili ang sarili? Paano natin sirain ang sarili na mahal natin? Kahit na tila ito ay imposible, sa anumang paraan ang sarili natin ay dapat mawawala sa atin; para sa simpleng dahilan:

ang Dios ay ayaw ibahagi ang kanyang kaluwalhatian sa ating laman. Ang dalawang pag-uugali ay hindi puedeng magpatakbo ng isang katawan ng sabay.

May kakaibang doktrina na naging laganap ngayong mga araw, at maraming mga Kristiyano ang sumasang-ayon at tinatanggap na walang pag-iisip. Ang kanilang mga pag-iisip ay naaayon dito: sinabi ni Hesus na mahalin mo ang iyong kapuwa katulad ng iyong sarili, kaya hindi mo maaaring mahalin ang iyong kapuwa hangga't hindi mo mahal ang iyong sarili. Kailangan mong may magandang imahen ng iyong sarili at simulan ang tunay na pagmamahal sa sarili tulad ng pagmamahal ng Dios sa iyo.

Baluktot na lohika

Ito ay mukhang naturang lohika, ngunit sa tingin ko ito ay baluktot na lohika at lubhang mapanganib. Hayaan niyo akong ipaliwanag kung bakit. Sinasabi ng Bibliya na ang pagmamahal sa sarili ay kabaligtaran ng kung ano ang hinihiling ng Dios, sapagkat hindi maaaring mahalin mo ang Dios at ang iyong sarili ng sabay. Kapag sinasabi ng mga tao na 'kinasusuklaman nila ang kanilang sarili', sa katunayan sila ay nalilinlang. Binibigyan nila ng kahulugan ang kanilang damdamin bilang suklam sa sarili, ngunit sa katunayan ito ay awa lamang sa sarili o di kaya ay baligtad na pagmamataas, dahil kung talagang kinasusuklaman nila ang kanilang sarili magiging masaya sila na magkaroon ng isang kawawa o dalitang imahen! Kaya ang mga kondisyon ng mga puso ay kabaligtaran sa kung ano ang makikita. Ang awa sa sarili ay isa din na pamamaraan ng pagmamahal sa sarili, dahil tuwing ang pansin ay nasa sa atin sa halip na nasa Dios tayo ay nasa mapanganib na kinatatayuan. Sinasabi ni Hesus na dapat

na tanggihan natin ang ating mga sarili, hindi mahalin ang sarili. Sinasabi ni Pablo sa Epeso 5:29, Sapagka't walang sinoman na napoot kailan man sa kaniyang sariling katawan; kundi kinakandili at minamahal. Sinasabi ni Hesus na dapat nating tanggihan ang ating sarili dahil alam niya na lahat tayo ay kusang mahal ang ating sarili at sinusunod ang kung ano ang ating mga hinahangad. Sinasabi din niya na dapat nating mahalin ang ating kapwa ng kusa. Ipinakita ni Hesus sa isang talinghaga ng Mabuting Samaritano na ang ating kapwa ay kabilang din ang ating mga kaaway.

Ang pagpako ng sarili ay imposible

Walang tapat na tao ang maaaring magustuhan ang pag-iisip ng kaniyang lihim na buhay na nakalantad at mapahiya. Kaya ang ikatlo kong punto ay dapat magbigay sa atin ng liwanag ng pag-asa. Ang pagpako sa sarili ay imposible. Ang pagpako sa krus ay imposibleng maging paraan ng pagpakamatay. Ang biktima ay maaaring nagustuhang gawin ito na luwang sa kalooban ngunit hindi puedeng siya ang gumawa nito sa kaniyang sarili. Kailangan niya ang dalawang kamay para pumalo kahit ng unang pako para sa kanyang sarili. Ang puntong gusto kong iparating ay ang pisikal na pagpako sa sarili ay tulad din ng pagpako ng ating panloob na laman: hindi natin ito maaaring magawa sa ating mga sarili.

Napakahalaga na maunawaan natin ang katotohanang ito. Hindi tayo maaaring sumulong sa ating lakad kasabay ang Dios kapag hindi natin maunawaan ito. Ang mga tao na sinusubukan na ayusin ang kanilang mga lihim na buhay sa sariling kakayahan ay malamang mapunta sa

isa sa dalawang posibleng resulta, at alinman sa mga ito ay magkaroon ng anumang epekto sa kanilang lumang likas na pag-uugali. Maaaring isipin nila na sila ay nagiging banal at ipakita ang panlabas na moral na kilos (kung saan ay isa lamang na pagkukunwari), o sila ay maging tapat sa kanilang sarili subalit ganon pa rin ang tingin nila sa kanilang mga sarili at patuloy na nagdaramdam ng pagkondena, patuloy na maging pangalawang klase na Kristiyano, walang pag-asa ng pagbutihin ang sarili.

Paano ang katotohanan na hindi natin maaaring ipako ang ating sarili magbigay ng liwanag ng pag-asa? Hayaan niyo akong ipaliwanag. Kung hindi natin maaaring ipako ang ating sarili, sa ganun ito ay dapat mangyari sa kabila ng kagustuhan natin – mayroong gagawa nito para sa atin, ang Dios. Ito ay ang kanyang trabaho, hindi atin. Makita natin na ang diin nito ay nagbabago, dahil ang ating tanging bahagi ay dapat maluwag ito sa ating kalooban na ito ay mangyari. Ito ang pag-asa sa katunayan, dahil ang tunay na kabanalan (tulad ng sa lahat ng walong pagpapala o beatitudes) ay dapat na isang hindi na nagpapanggap, nakatago na katapatan na nakatago kahit sa ating mga sarili. Ang kahit anong bagay na ginagawa ng ating mga sarili ay palaging isang bagay na sinasadya natin, ang isang "gawa" na ating pinagmamalaki (sa ating sarili kung hindi sa iba pang mga tao). Ngunit kapag ang isang gawa ay hindi atin at hindi natin ito namamalayan, ang ating pagkabanal ay hindi "nagpapanggap".

Ang pagharap ng ating lihim na buhay

Ako ay kumbinsido na ang gawaing ito ay gagawin ng Dios kapag tunay na hayaan natin siya na maluwag sa

kaluoban dahil ito lamang ang tanging paraan kung paano tayo maging banal. Tayo ay maging katulad ni Hesus kapag hayaan nating maging higit Siya sa ating buhay. Wala ng iba pang maaaring gumawa nito. Ang iba pang mga bagay ay magbubunga lamang ng panlilinlang at pagkukunwari.

Gayunpaman, mayroong isang problema. Ang Dios ay hindi gagawa nito ng dahil hinihiling natin ito sa kanya. Kailangan niya ang bagay na mas higit pa sa ating mga salita. Ang salita ay hindi sapat. Maaaring hindi naman talaga ito ang ating kagustuhan. Kailangan nating gumawa ng isang bagay na magpapatunay ng ating motibo at kagustuhan, at iyon ay ang pagsunod sa mga sinasabi ni Hesus na dapat nating gawin, mga bagay na hindi mahirap para sa atin, mga bagay na maaari nating gawin. Kailangan nating gawin ang mga bagay na ito, upang patunayan sa Dios na tapat tayo sa sinasabi natin, bago Niya palitan ang mga bagay na hindi natin kayang gawin – ang mga bagay na sinusubukan natin ngunit ang mga ito ay nagbibigay lamang sa atin ng problema.

Ang sagot sa problema sa ating lihim na buhay ay isa ding lihim na buhay – ang isang tinatawag ko na lihim na buhay ng isang alagad. Sa Mateo 6, sinasabi ni Hesus sa atin ang tatlong bagay na dapat nating gawin na lihim. Ang dahilan kung bakit natin gawin ang mga bagay na ito ay upang patunayan ang ating motibo sa Dios, at sa ating sarili; para patunayan sa Dios na ginagawa natin ito para sa kanyang kapurihan lamang, hindi ang papuri ng mga tao. Ito ay isang mahusay na susi sa buhay Kristiyano, at ang mga bagay na pinapagawa sa atin ni Hesus ay lahat posible, kahit sa mga bagong Kristiyano.

Alalahanin natin na ang krus ay isang bagay na ating pinapasan, hindi isang bagay na ating nilalagay sa atin.

Kailangan nating aktibong isagawa ang lihim na buhay na ito. Ang ebanghelyo ni Lukas ay nagsasabi na dapat nating pasanin ito araw-araw. Ang kabanalan ay hindi isang gawa o isang paniniwala; ito ay isang proseso, at ito ay nagpapahiwatig ng panahon. Walang mabilis na paraan upang maging banal. Ang karanasan at paghihirap ay lahat bahagi ng prosesong ito. Sinasabi ni Pablo sa 2 Timoteo 3:12, Ang lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig, at sa Hebreo 2:10, Sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, sa pagdadala ng maraming anak sa kaluwalhatian na gawing sakdal siyang may gawa ng kaligtasan nila sa pamamagitan ng mga sakit. Napakabulag ng isang Kristiyano upang isipin na ang mga pagpapala lamang ang maaaring makapagbago ng ating pag-uugali sa kabutihan! Sa kasamaang palad, ang mga pagpapala ay maaaring magpalaki ng ating mga ulo kaysa sa ating mga puso. Ang tagumpay ay bihirang makapagkumbaba ng isang tao o gawin itong banal.

Naglalakad sa Espiritu

Ako ay kumbinsido na ang tanging lihim na buhay kasama ng Dios, ang lihim na buhay ng isang alagad, ang paggawa ng mga bagay na inuutos ni Hesus, ang siyang makahadlang ng lihim na buhay ni Adan na siyang ating minana, at siyang ating pinaglalabanan araw-araw. Gusto kong tapusin ang bahaging ito sa salita ni Pablo sa Galacia 5:16 Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. Hindi niya sinasabi na ang mga Kristiyano ay hindi nagkakaroon ng pita ng laman. Sa halip ipinapahayag niya na ito ay

umiiral, ngunit kung tayo ay nagsisilakad sa Espiritu hindi natin matupad ang mga ito. Ito ay lubos na naiiba sa mga sinasabi na ang masasamang pita, o ang lumang pagkatao, ay hindi umiiral. Sinasabi ni Pablo na maaaring matagumpayan natin ito kung patuloy lamang nating tuparin ang mga kondisyon; kailangan nating lumakad ayon sa Espiritu – yan ay, sa bagong likas na katangian, ang pagkatao ni Kristo. At ang tanging paraan upang posibleng magawa natin ito ay kung hayaan natin ang Dios na ipako ang ating laman.

Kabanata 7

Sumunod Ka sa Akin

"Sumunod ka sa akin" ay ang ikatlo at huling habilin na ibinigay ni Hesus sa mga nagnanais na maging alagad niya. Nabanggit na natin na ating inaasahan na ang "pagsunod" ay siyang maging unang kondisyon, at sa una ng ating pamumuhay bilang Kristiyano, hindi ang unang yugto ng ating paglalakad. Ngunit kailangan nating maunawaan na ang tunay na "pagsunod" ay resulta ng pagsunod ng unang dalawang tagubilin.

Ang likas na resulta

Ito ay ang tanging paraan upang maging isang tunay na tagasunod. Ang isang tao na nag-iisip na maaari siyang sumunod kay Hesus kahit hindi niya ibibigay ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus ay nalilinlang. Ang magandang halimbawa ay ang isang mayaman at batang pinuno, na naniniwala na ginagawa niya ang kalooban ng Dios hanggang siya ay inihayag ni Hesus. Umalis siya na namamanglaw dahil hindi niya ito magawa, o hindi

maluwag sa kanyang kalooban ang magbayad ng halaga ng pagiging isang alagad.

Sa aking paghahambing ng mga tatlong tagubilin ng "mundo", ang laman at ang diyablo", ang pagsunod kay Hesus ay may kinalaman sa pagharap sa diyablo. Kung isaalang-alang natin na ang pagsunod ay nangangahulugan ng pagpunta kung saan si Hesus pumunta, ang paggawa kung ano ang kanyang ginawa, at kung ating maalaala na ang kanyang layunin ay upang sirain ang mga gawa ng diyablo, mauunawaan natin na kapag tunay na narating natin ang yugtong ito ng pagsunod kay Hesus, tayo rin ay sisira ng mga gawa ng diyablo – ngunit mangyari lamang ito kung matugunan natin ang unang dalawang kondisyon.

Ang maling pagkakasunud-sunod

Ang pagkawasak sa mga gawa ng diyablo ay maaari ding lumitaw sa maling lugar ng pagkasunod. Maraming mga Kristiyano ang nag-aakala na kung sila ay naligtas na at puno na ng Banal na Espiritu, e maaaring agad na silang magsimula ng "pagsira ng diyablo", bago pa man nila maisip ang tungkol sa pagtanggi sa kanilang sarili o pagpasan ng kanilang krus. Sa katunayan, sila ay maaaring magkaroon ng potensyal na sirain ang mga gawa ng diyablo, ngunit iyon ay hindi paraan para sila maging karapat-dapat na humawak ng posisyon bago man lamang sila maging isang mature o ganap na tagapagsunod ni Hesus.

Ang aking maliit na limang-taong-gulang na anak na lalaki ay maaaring magkaroon ng potensyal na maging isang Punong Ministro, ngunit tiyak na hindi siya maging

karapat-dapat na humawak ng posisyon sa ngayon! Kulang ng maturidad, at ganap na parehong problema ang mangyayari kung iisipin ng mga Kristiyano na sila ay mature dahil lamang sila ay ipinanganak muli. Ang maturidad ay hindi kailanman maaaring dumating ng mabilis, dahil ito ay nagmumula lamang sa karanasan at ang karanasan ay nangangailangan ng mahabang panahon.

Regalo na walang bunga

Sa Unang Mga Taga Corinto 12:7 sinasabi ni Pablo na ang siyam na kaloob ng Espiritu Santo ay paghahayag ng Espiritu. Ito ay nangangahulugan na ang mga ito ay nakikita at kapansin-pansin. Ang kaloob ng pagpapagaling ay hindi mangyayari sa ating malay; sila ay umaepekto sa ating pisikal na pagbabago sa ating katawan. Sinasabi ni Pablo na ang siyam na kaloob ay lahat nanggaling sa isang Espiritu. Ang mga ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Dios. Mayroon, subalit, na isa pang listahan sa Galacia 5:22-23: ang bunga ng Espiritu. Muli may siyam na mga katangian, ngunit naniniwala ako na wala itong mga kinalaman sa kapangyarihan o nakikita na paghahayag ng Dios. Ang katangian o likas na ito ay mga katangian ng Dios.

Maaari ba na ang isang tao ay magkaroon ng kapangyarihan ng Dios na walang katangian ng Dios? O sa ibang paraan, maaari bang magkaroon ang isang tao ng kaloob na walang bunga? Hindi tayo dapat matakot na magtanong ng tanong na ito, sapagkat ito ay mahalagang bagay. Ako ay isang daang porsyento na tiyak na ang kasagutan sa dalawang tanong na ito ay

oo, at sa katunayan ito ay madalas na kaso ng higit sa karaniwan na paghahayag. Si Hesus mismo ay nagbibigay ng isang patunay nito, dahil sa Mateo 7:22 sinabi niya na sa araw ng pagtutuos, marami ang magsasabi, Panginoon, Panginoon, hindi baga kami nagsipanghula sa iyong pangalan? at sa pangalan mo'y nangagpalayas ng mga demonio? at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?

Sila ay nagtatanong ng isang katanungan, ngunit nagproprotesta din ng kanilang karapatan na pumasok sa kaharian. Ano ang sagot na ibinigay ni Hesus sa kanila? Pinabulaanan ba niya ang kanilang pahayag at sinabi na ang kanilang himala ay hindi nasa kanyang pangalan? Hindi, tinanggap niya na ang kanilang mga pahayag ay totoo, ngunit gayon pa man ang kanyang sagot ay hindi niya kilala ang mga ito. Sila ay hindi kailanman naging kanyang mga anak. Sila ay katulad ng mga Pareseo, na sinasabi ni Hesus na ang kanilang ama ay diyablo. Bagaman sila ay gumagawa ng himala. Posibleng maging isang anak ng diyablo at gumawa ng mga himala sa pangalan ni Hesus.

Ang lubos na makapangyarihang Dios

Hayaan ninyo akong magtanong ng isa pang katanungan na maaaring makatulong ng ating pag-uunawa ng mga ito.

Linikha ba ng diyablo ang kanyang sarili? Ang sagot ay dapat hindi, dahil ang Dios lamang ang maaaring lumikha. Kung tatanggapin natin ito bilang isang katotohanan, sa gayon malinaw na ang demonyo ay walang kapangyarihan sa kanyang sarili. Walang

kapangyarihan sa uniberso maliban sa Dios. Maaari nating gamitin ito sa mabuti o abusohan, ngunit ang Dios ay may lubos na kapangyarihan, nangangahulugan na wala nang kapangyarihan na natitira para sa iba. Sa Unang Taga Corinto 13, kung saan pinapahayag ni Pablo ang kaibahan ng kaloob sa bunga, sinabi niya sa talata 2 Kung magkaroon ako ng kaloob at walang pag-ibig (ang pag-ibig ay isang salita na naglalarawan ng lahat ng prutas) ay WALA AKONG KABULUHAN. Hindi maaaring makilala tayo ng Dios kapag wala ang katangian niya sa atin. Ang kaloob ay nagpapatunay na mayroon tayong kapangyarihan ng Dios; ngunit ang mga ito ay hindi nagpapatunay kung tayo ay mga anak ng Dios. Ang diyablo ay maaaring gumamit ng kapangyarihan ng Dios, ngunit wala ng iba pang kapangyarihan, at binigyan ng Dios ang diablo ng limitadong kapangyarihan.

Si Hesus, sa kanyang pagsasalita tungkol sa mga bulaang propeta at kung paano makilala ang mga ito, sinasabi sa Mateo 7:20, malalaman mo ang mga ito sa pamamagitan ng kanilang mga bunga (hindi sa pamamgitan ng kanilang mga kaloob). Tinatawag nya ang mga tao na may kaloob ngunit walang mga bunga na lobo na nakadamit ng damit ng tupa Mahirap mauunawaan kung bakit ang simbahan ay pabaya na gamitin ng pagsubok na ito, na binigay ni Hesus para sa ating proteksyon.

Pagharap sa demonyo

Ang ating kaaway, si Satanas, ay hindi isang tanga, at hind rin siya humahanga sa pangalan ni Hesus, maliban kung ang katangian ni Hesus ay nasa taong nagsasalita

ng gayong pangalan. Pagkatapos ng lahat, madalas na ginagamit ni Satanas ang pangalan ni Hesus, bilang isang pamumusong. Gayunpaman, natatakot siya sa mga tao na hindi bahagi ng kanyang sistema (sa mundo), at ng mga taong ipinako ang laman sa krus, iyon ay, ang mga banal na tao. Ito ay kung bakit, sa kabila ng lahat ng Charismatic, Pentecostal na kapangyarihan, at lahat ng ating pagsisigaw sa diyablo at sabihing ito ay natalo na, hindi pa kailanman sa ating lipunan dito sa kanlurang daku ng mundo nakapagdala kahit isang baryo sa pagsisisi sa loob ng siyamnapung taon na patotoo. Dapat nating maingat na isaalang-alang kung paano ng ating mga ninuno dinala ang buong komunidad sa pagsisisi na walang mga kaloob.

Nangangahulugan ba na ang mga salitang ito ay nagpapahiwatig na ako ay laban sa kaloob ng Espiritu? Sa kabaligtaran, ako ay naniniwala sa kanilang lahat, at sa tingin ko kailangn natin ang mga ito sa kasalukuyang panahon. Naniniwala ako sa hula at pangitain, pagdalaw ng anghel at kaloob ng pagpapagaling, ngunit alam ko na ang mga kaloob ng Espiritu ay hindi kailanman maaaring magbunga ng prutas.

Ang ating bansa ay hindi na nangangailangan ng karagdagang mga tagasunod ni Hesus; nangangailangan ito ng mas maraming alagad ni Hesus. Hindi ito nangangailangan ng maraming mangangaral; nangangailangan ito ng maraming mga tao ng Dios, ng karagdagang banal na mangangaral – hindi mga tao na umiiyak para sa kalolowa ng ibang tao dahil sila ay binabayaran upang gawin ito, o hindi rin mga tao na makapagpagaling ng sakit dahil ito ay umaakit sa madla, katanyagan o pera, ngunit mga ang mga tao na gawin

ang mga ito dahil nasa sa kanila ang katangian ni Kristo, mga tao na katulad ni Hesus, puspos ng kahabagan. Masyadong malaki ang pagkakaiba ng dalawa, at kahit na ang iglesia ay hindi makikita ito, ang ating kaaway na si Satanas ay maaaring makakita, at ito ay hind mahirap sa kanya.

Kondisyon para sa pagpapanibagong-buhay

Sinasabi sa atin sa 2 Cronica 7:14 na ang apat na kondisyon ay kinakailangan para sa pagbabagong-buhay, at wala ni isa sa kanila ay may kinalaman sa esperituwal na pakikipagdigma o pakikipaglaban sa diyablo. Ang mga ito ay may kinalaman sa Dios, ang hukom ng buong mundo. Kung ang aking bayan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad……. pagagalingin ko ang kanilang lupain. Ang pagbabangon ay pagkakatangi ng Dios at hindi ating karapatan, at iyan ang dahilan kung bakit dapat nating matugunan ang mga kondisyon at hindi lamang sabihin ang tamang salita sa Dios o kay Satanas. Basahin sa Gawa ng mga Apostol 19:13-16 kung paano ang mga anak ni Esceva sinubukan, sa pamamagitan ng pagsabi ng tamang salita sa pagpapalayas ng diyablo, na may nakakapinsalang resulta. Sinabi sa kanila ng diyablo, "Hindi ko kayo kilala. Kilala ko si Hesus, kilala ko si Pablo, ngunit sino kayo?" Ang pagsasabi ng tamang salita, o ang paggawa ng mga tamang gawa, ay hindi sapat; ito ay kung kay sinong katangian mayroon ka nasa loob mo.

Sinabi ni Hesus sa kanyang Pangaral sa Bundok na maraming tao ang tatayo sa harapan niya sa araw ng paghuhukom at sabihin sa kanya ang kanilang mga higit

sa karaniwan na gawain na kanilang ginawa sa kanyang pangalan. Tinatangap ni Hesus na ginawa nga nila ang itong mga gawain ngunit ang kanyang mga kasagutan sa mga ito ay "Hindi ko kayo kilala". Walang ano mang katangian niya ang nasa sa kanila.

Kawili-wiling tingnan na ang diyablo ay sinabi ang eksaktong sinabi ni Hesus, "Hindi ko kayo kilala". Sila ay parehong naghahanap ng isang kalidad – ang katangian ni Kristo.

Kabanata 8

Moises

Ang tatlong mga kondisyon na binigay ni Hesus sa atin para sa pagiging alagad ay mga pangunahing bagay, at sa ikagugulat natin, hindi ito nagmula sa Bagong Tipan. Ang prisipyo para sa banal na pamumuhay at ang mga proseso para sa kabanalan ay hindi nagbabago sa buong Biblia. Sa mga sumusunod na halimbawa mula sa Luma at Bagong Tipan makikita natin na bago magtiwala ang Dios at gumamit ng isang tao para sa kanyang layunin, palaging mayroong pagpapatuloy sa pamamagitan ng tatlong antas – ang pagtanggi sa sarili (ang pagharap sa mundo), ang pagpasan ng krus (ang pagharap ng laman) at ang pagsunod kay Hesus (ang pagharap sa demonyo).

Ang pag-alis sa Ehipto

Si Moises ay lumaki sa Ehipto, isang malaking pangkalinangang imperyo, at may pinag-aralan bilang anak ni Faraon. Kung ang Ehipto ay kumakatawang

mundo, gaya ng pagsasang-ayon ng karamihan na iskolar ng Biblia, si Moises ay nagiging mahusay at matagumpay sa mundo. Pinalaki siya sa mahusay na pananalita at pagmamataas ng dakilang bansa.

Sa pamamagitan ng hamon, ginawa ni Moises ang kung ano ang likas sa kanyang mala-Adan na katangian. Nakita niya ang isa sa mga kapwa niya na Hebreo na pinagmamalupitan, pinatay niya ang taga Ehipto na umaapi sa kanyang kapwa, at pinalaya niya ang taong nasa ilalim ng pagkaalipin. Ito ay hindi permanenteng solusyon, syempre, dahil walang duda ang isa pang katiwala na kasinglupit ay papalit ng namatay na tiwala. Ito ay isa lamang na pansamantalang pagpapabawa; ngunit ang Dios ay mayroong mas mabuting layunin – ginamit niya ang kalagayang ito dahil kailangan ni Moises na tumakas para sa kanyang buhay.

Kapalaran

Nakakasiguro ako na ang kahit sinong ninanais ng Dios na gamitin ay may kaukulang kapalaran, at naniniwala ako na naramdaman ni Moises sa kalaliman ng kanyang puso na balang araw siya ang magpalaya ng mga tao ng Dios. Gayunpaman, hindi niya naisip na hindi mo maaaring mapalaya ang mga tao mula sa mundo kung ikaw mismo ay nandoon pa rin. Sinabi ni Thomas à Kempis sa kanyang aklat "The Immitation of Christ" na "Hindi mo maaaring dalhin ang isang tao sa malayo kung ikaw mismo ay ayaw gawin ito." Kaya si Moises ay kinakailangang iwanan ang mundo.

Pagkatapos ng iniwan niya ang Ehipto, sinimulan na ni Moises ang pangalawang bahagi ng kanyang pag-

iinsayo at espirituwal na pag-unlad. Pumunta siya sa ilang sa loob ng apat na pung taon, at nag-aalaga ng mga tupa, isang trabaho na kasuklam-suklam sa mga taga Ehipto. Hindi sapat para sa kanya na iwanan ang Ehipto (ang mundo); kinailangan niya na ang kanyang kaloobloobanan ay durogin, ang pagmamataas ng Egipto sa kanyang kaluluwa. Lahat ng kanyang kultura at pag-iisip ay kinailangang wasakin sa kanyang buhay.

Ang tawag kay Moises

Nang tinawag siya ng Dios, sinabi ni Moises na hindi siya magaling magsalita – isang tao na may pagkautal kung magsalita. Ito ba ay isang kapansanan sa pagsasalita mula kapanganakan? Ang Biblia ay walang sinasabi tungkol dito. Ito ba ay kulang sa pananampalataya, o takot kay Faraon? Hindi ako naniniwala nito. Naniniwala ako na dumating si Moises sa isang tunay na pagtatasa ng kanyang sarili. Sinanay siya sa mga protokol ng Ehipto, at karapat-dapat para gawin ang trabaho; pagkatapos ng lahat, lumaki siya sa palasyo ni Faraon.

Pagkatapos ng apat na pung taon sa ilang, nakikita ni Moises ang tunay niyang sarili. Nawalan siya ng tiwala sa sarili. Ito ay isang malusog na kalagayan, dahil sa ngayon sa Dios lamang siya maaaring magkaroon ng tiwala.

Ang kahulugan ng pagpakumbaba ayon kay John Wesley ay "ang pagkakaroon ng tunay na pagtatasa ng iyong sarili". Magiging mahina ka sa iyong sarili, ngunit malakas sa Dios.

Nagawa ng ilang ang prosesong ito sa buhay ni Moises. Ang pakikipag-usap sa mga tupa sa loob ng apatnapung taon ay siyang nagnakaw ng kanyang

pagtitiwala sa laman, lahat na mahusay na pagsasalita ay pagmamalaki na isang likas sa kultura ng Ehipto. Pagkatapos nito, ayon sa Dios siya ang pinakamaamo na tao sa lupa. Sa aking palagay, ang apat na pung taong pagsubok ay nagkakahalaga upang magkaroon ng isang puri mula sa Dios.

Handa na ang Dios upang gamitin si Moises, dahil handa na si Moises upang gamitin ng Dios. Ngayon, handa na siya para sa ikatlong yugto, na kung saan ay likas na kalabasan ng unang dalawa – pagsunod kay Hesus (ang pagsira sa mga gawa ng diyablo). Nang si Moises ay nasa mundo (Ehipto) ang kanyang pagsisikap ay iniligtas ang isang alipin at sinira ang isang taga Ehipto. Ngayon, napalaya mula sa mundo at ipinako sa krus ang kanyang laman, siya ay ipinadala pabalik sa mundo (Ehipto). Doon ginamit siya ng Dios upang palayain ang buong bansa, at sirain ang buong hukbo ng Ehipto sa isang operasyon. Talagang kamangha-mangha!

Ang pagpapalaya

Hindi ba karapat-dapat ang apat na pung taon na pagsubok, kung pagkatapos nito mapalaya natin ang ating bansa mula sa mahigpit na tali na bakal? Walang duda!

Ang ating materyalistik na lipunan ay hindi sang-ayon dito dahil nasasanay tayo sa isang madalian o saglit na resulta. Nakatira tayo sa isang lipunan na kung saan ang kakaibang paniniwala ay "kunin ang kalakal (o ang mga biyaya) ngayon, at babayaran mamaya". Ito ay salungat sa pamamaraan ng Dios. Lahat ng nilikha ay nangangaral ng prinsipyo ng Dios. Ang kamatayan

dumarating bago ang muling pagkabuhay. Ang gabi dumarating bago ang araw, ang krus bago ang korona. Bakit ang mga Kristiyano ngayon ay gumagamit ng pamamaraan at naghahanap ng resulta na sumasalungat sa mga alintuntuning ito?

Si Moises ay isang magandang halimbawa ng isang tagapamagitan. Napabago niya ang isip ng Dios ng ilang pagkakataon. Basahin and Exodo 32 kung paano niya iniligtas ang buong bansa mula sa galit ng Dios sa pamamagitan ng kanyang pamanhik. Ang mga Kristiyano ay madaling napaisip na kung sila ay dumadalo ng ilang pantas-aral, o maggugol ng isang araw ng pagdiriwang ng pamamagitan (intercession), sisigaw sa diyablo at sabihin na ito ay natalo na, ngayon iisipin nila na sila ay mga tagapamagitan na. Paano na napakadali nilang malinlang?

Ano ang sekreto ng pamamagitan ni Moises? Ito ay napaka simple. Si Moises ay naging isang tao na pinapakinggan ng Dios at kinakausap ng harapan. Ang mga Kristiyano ay maaaring maging abala sa paghahanap ng kamay ng Dios upang magbigay ng kanilang pangangailangan subalit hindi nila hinahanap ang mukha ng Dios. Subalit ang Dios ay makikinig sa taong napalaya ang kanyang sarili mula sa mundo at ang kanyang pag-uugali ay nahulmado sa pugon ng kapighatian. Karaniwan ito sa lahat ng mga tagapamagitan. Si Abraham ay kaibigan ng Dios. Si Daniel ay isang taong lubos na minahal ng Dios. Ang pagdasal ni Moses o ni Daniel ay hindi isang pamamaraan upang tayo ay maging isang tagapamagitan. Ang Dios ay nakikinig hindi lamang sa ating pananalangin; nakikinig din siya sa ating mga puso. Kung sila ay hindi nagsasabi ng parehong bagay mas mabuti na hindi nalang tayo manalangin.

Hindi sapat upang iyuko ang tuhod
At ang mga salita ng panalangin ay sabihin
Ang puso at isip ay dapat sumasang-ayon
O kung hindi huwag tayo manalangin.

Kabanata 9

Daniel

> Nang mga araw na yao'y akong si Daniel ay nanangis ng tatlong buong sanglinggo. Hindi ako kumain ng masarap na tinapay, ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig, ni naglangis man ako, hanggang sa natapos ang tatlong buong sanglinggo… Nang magkagayo'y sinabi ni Gabriel sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita. Nguni't ang prinsipe ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw.
>
> **Daniel 10:2-3, 12-13**

Si Daniel ay isang perpektong halimbawa ng proseso ng pagpapakabanal sa pamamagitan ng tatlong yugto na binalangkas ni Hesus. Si Daniel ay isa sa mga napiling tao ng Dios, mula sa lahing hari, ngunit natagpuan niya ang kanyang sarili sa Babilonia. Ang Ehipto ay kumakatawan

ng mundo bago tayo tinawag ng Dios, ngunit ang Babilonia ay kumakatawan ng mundo matapos tayong tinawag. Dito makikita natin ang mga tao ng Dios na nasa pagkabihag. Maaaring mukhang kakaiba sa atin na sinasabi ng Dios sa taga Israel na huwag subukan at labanan ang Babilonia, o upang tumakas, ngunit manatili doon at maglingkod (Jeremias 29:4-7).

Ang mga tagubilin ni Hesus ay hindi naiiba mula sa mga ito, sapagkat hindi niya sinasabi na takasan ang mundo; sa kabaligtaran, sinasabi niya sa atin na maging sa mundo, at magpasailalim sa kapangyarihan ng mga namamahala sa atin, dahil ang Dios ay nagtalaga sa kanila. Gayon pa man, sinabi niya na hindi tayo kabilang ng mundo. Nangangahulugan na ang ating mga pagpapahalaga at pag-iisip ay naiiba mula sa pulitika, moda, mga hinahangad at atas ng mundo.

Sa Babilonia

Ang unang bagay na ginawa ni Daniel at ng kanyang tatlong kaibigan nang natagpuan nila ang kanilang mga sarili sa Babilonia sila ay magpasya na sila ay maging iba, at ang pagkakaibang ito ay hindi lamang sa kanilang pag-iisip o relihiyon ngunit sa kanilang pamumuhay din. Masyadong madaling "maniniwala na ikaw ay naniniwala", nang hindi ito nakakaapekto ng iyong pamumuhay.

Pinili ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan na huwag kumain ng karne ng hari. Sigurado ako na ang pagkain ng hari ay masarap at nakakabuti sa katawan, ngunit ang mga ito ay magparumi lamang kung kakain sila ng hindi malinis na pagkain tulad ng baboy, na kung saan

ipinagbabawal sa ilalim ng batas ni Moises. Pinili nilang hindi kumain ng karne kailanman, at sa halip humingi sila ng simpleng pagkain, mga gulay, mga pagkain na nakakatulong sa buhay na tumatanggi sa sarili at pag-aayuno. Si Daniel ay hayag na nananalangin tatlong beses isang araw. Malinaw na tinatala ng Biblia na natupad ni Daniel ang unang hakbang na tanggihan ang sarili. Siya ay nasa mundo, ngunit siya ay nagpasya na hind maging bahagi nito.

Isang malinaw na mensahe

May isang napakalinaw na mensahe ang maaaring hanguin mula dito. Balang araw tayo ay mamumuhay bilang mga hari kasama ni Hesus kapag siya ay dumating upang maghari sa lupa; ngunit hanggang sa dumating ang kanyang kaharian sa lupa, tayo ay tinuturuan na mamumuhay bilang mga manlalakbay at dayuhan. Ang manlalakbay ay hindi maaaring mamumuhay bilang hari, at ang isang hari ay hindi kailanman mamumuhay bilang isang manlalakbay. Tayo lamang ang maaaring magpasya kung anong uri ng buhay ang gusto nating ipamuhay ngayon. Ang ating katayuan balang araw nang si Hesus ay magpatayo ng kanyang kaharian ay nakasalalay sa desisyong ito.

Natupad din ni Daniel ang ikalawang hakbang (pagpako ng laman), dahil itinala ng Biblia na siya ay regular na nag-aayuno. Wala na akong ibang alam na higit na espirituwal na ehersisyo kaysa sa pag-aayuno para harapin ang ating lumang likas na katangian. Ito ay utos ni Hesus sa kanyang Pangaral sa Bundok, at isa sa mga tatlong gawain na sinabi niya ay dapat gawin ng lihim.

Si Daniel ay isa ring tao na puno ng pananalangin, na kung saan ay isa pang mga lihim na gawain na tinuturo ni Hesus sa atin sa Mateo 6:1-8.

Tunay na pananalangin

Ano ang mga bunga ng paggawa ni Daniel ng dalawang hakbang na ito? Kapangyarihan kasama ang Dios sa pananalangin at kahanga-hangang paghahayag. Ang anghel na si Gabriel ay personal na pinadala ng Dios para ibigay kay Daniel ang napakalaking paghahayag, na may kasamang mensahe na siya ay lubos na minamahal ng Dios. Ang panalanging pamamagitan ni Daniel ay nagresulta sa mga tao ng Dios na makabalik sa lupang pangako, ang kanilang sariling kaharian. Sa pamamagitan nito, sinira ni Daniel ang mga gawa ng diyablo – ang bawiin ang pagsasaayos ng gawain ni Nabucodonosor, na siyang isang uri ng anti-Cristo. Hindi si Daniel ang nakipag-away sa diyablo o sa kanyang mga anghel. Sa pamamagitan ng kanyang pagpakumbaba kasabay ang panalangin at pag-aayuno, hinayaan niya na ang tunay na labanan ay mangyayari sa kalangitan – sa pagitan ng mga anghel (Michael) at mga demonyo (prinsipe ng Persia). Ang pagpakumbaba ni Daniel ay nagbigay ng isang legal na karapatan para sa labanan upang simulan at mapapanalunan. Hindi si Daniel ang nagpanalo, ngunit sa pamamagitan ng espirituwal na kapangyarihan sa magkabilang panig. Ang laban ay palaging nasa sa Panginoon.

Kabanata 10

Hesus

> Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.
>
> **Mateo 5:48**

Maaaring mukhang kakaiba na aking pinili si Hesus upang gamiting halimbawa sa prosesong ito; dahil bakit kailangan niyang dumaan sa anumang proseso ng pagiging perpekto? Tiyak na siya ay kailan paman walang kasalanan at perpekto!

Upang maunawaan ang mga sagot, kailangan natin malaman na ang pagiging walang kasalanan ay naiiba sa pagiging perpekto. Isinulat ni Pablo sa kanyang liham sa mga Hebreo 5:8 Bagama't siya'y Anak, gayon may natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis; At nang siya'y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan. Alam natin na si Hesus ay walang kasalanan, sa gayon ito ay malinaw na ang pagkasakdal ay walang kinalaman

sa kasalanan. Maaaring ito ay tungkol sa kanyang espirituwal na paglago at maturidad – ang proseso ng pagiging sakdal.

Samakatuwid, kapag sinasabi ni Hesus na tayo ay maging sakdal, hindi niya maaaring tinutukoy ang pagiging walang kasalanan, ngunit ang buhay ng pagkamasunurin at pagkamature. Ang pag-aaral ng buhay ni Hesus ay malinaw na ipapakita na siya ay sumailalim mismo sa mga bagay na pinapagawa niya sa atin, dahil ito ay paraan ng Dios para sa lahat, kahit ang kanyang sariling Anak.

Mula sa Ehipto

Nakatala sa Mateo 2:14:15 na si Hesus ay dinala sa Ehipto ng kanyang mga magulang, upang matupad ang hula ni Hosea sa Lumang Tipan, Mula sa ehipto tinawag ko ang aking anak. Ang Hosea 11:1 ay tumutukoy sa Israel, at alam natin na tinawag ng Dios ang buong bansang Israel mula sa Ehipto, ngunit kung tinatanggap natin na ang Ehipto ay naglalarawan ng mundo, ang proseso na ito at panghuhula ay akma din sa kahit sinong tinawag ng Dios mula sa sanlibutan. Pisikal na lumabas si Hesus mula sa Ehipto, at ito ay simboliko, ngunit inabanduna din niya ng ganap ang sestima ng mundo ng sinimulan niya ang kanyang ministeryo.

Hanggang sa mga panahon na nagsimula siya ng kanyang ministeryo, tila walang sinuman ang nag-isip kay Hesus bilang kung ano man ngunit isang "anak ng karpintero". Kapag nagsimula siyang mangaral at gumawa ng mga himala, sinasabi sa Marcos 3:21 na sinasabi ng kanyang mga kaibigan na nawawala siya sa

kanyang sarili; sa ibang salita, siya ay naging baliw. Paano nila nasasabi ito? Ito ay hindi ang mga himala, dahil ang mga baliw ay hindi gumagawa ng himala. Naniniwala ako na ito ay ang kanyang bagong pamumuhay na para sa kanila ay isang kabaliwan, ang pagtalikod sa lahat ng bagay at pag-iwan ng mundo.

Ang isang bagong pamumuhay

Nakikita ko na ang mga Kristiyano ay sumasang-ayon sa aking kakaibang opiniyon tungkol sa maraming di-pangunahing mga isyu, ngunit kapag hinahamon ko sila sa kakaibang pamumuhay, ito ay laging nagdudulot ng oposisyon. Ito ay palaging mas malaking hamon kaysa doktrina, dahil ang pamumuhay ay paniniwala sa gawa, o patunay ng matibay na paniniwala. Ang isang matibay na paniniwala na walang kasamang gawa ay walang anumang halaga. Nang si Hesus ay nagsimula ng kanyang ministeryo iniwan niya ang lahat, namumuhay ng ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, at ipinangaral ang ebanghelyo. Walang ulat ni kailanman na siya ay nagkumpuni ng mesa o upuan, o gumawa ng anumang bagay upang kumita para siya mabuhay sa sandaling siya ay nagsimula ng kanyang ministeryo.

Basahin ang Lucas 12:13-14 para sa pagtanggi ni Hesus sa kahit anumang legal na debate. Hindi siya kailanman nagsalita laban sa Pagsakop ng Romano, sa kabila ng kalupitan at kawalan ng katarungan nito. Ang kanyang pahayag na ang kanyang kaharian ay hindi sa mundong ito, at ang kanyang mga aral at pamumuhay ay nagpapatunay sa katotohanang ito. Anong patotoo kaya kung ang mga Kristiyano ngayong araw ay namumuhay

bilang mga dayuhan at manlalakbay sa mundong ito, at hindi nakasalalay sa sistema nito.

Si Hesus sa kaparangan

Nang sinabi ni Hesus sa atin na umupo at bilangin ang halaga, ito ay dahil siya din umupo at binilang ang halaga. Bakit kinailangan ni Hesus na tuksuhin sa kaparangan? Ito ay dahil siya ay isang laman, ang lumang kalikasan ni Adan. Sa pamamagitan ng sariling kalooban, kasabay nito ang posibilidad para sa kasalanan. Marapat na si Hesus ay may sariling kalooban, o ang kanyang panalangin sa Getsemani ay walang kahulugan; malinaw na mayroong labanan sa pagitan ng dalawang kalooban. Ang katanungan ng diyablo ay maaaring nakakaakit sa laman ni Hesus, sa ganon hindi ito pagsubok. Tingnan natin ang huling pagsubok upang makita natin kung paano ito naging kaakit-akit para kay Hesus. Inalok siya ng diyablo ng lahat ng mga kaharian sa mundong ito at ang kaluwalhatian nito kung siya ay sasamba lamang sa kanya. Hindi sinabi ng diyablo na 'iwanan ang Dios'. Hindi mahalaga kay Satanas kung mahigit sa isa ang ating sinasamba. Ang Dios ang siyang nagsabi na siya lamang ang dapat sambahin.

Ipinapakita sa atin sa Pahayag 5:12 kung ano ang ibinigay kay Hesus matapos siya naging masunurin at nakaranas ng krus. Ang mga ito ay gayak ng kapangyarihan sa lupa; lahat ng mga bagay na inaalok ni Satanas sa kanya sa kaparangan. Si Hesus ay karapat-dapat upang tumaggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at karangalan at kaluwalhatian, at pagpapala. Ang mga bagay na ito ay inalok kay Hesus,

ngunit walang bayad sa krus. Si Satanas ay walang inaalok sa kanya kundi ang mababang posisyon kaysa pagiging antikristo. Sa halip na si Hesus ang maghirap at pumasan ng kasalanan ng buong sanlibutan sa kanyang sarili, binigyan siya ni Satanas ng alternatibo – ang iwasan ang krus at ang paghihirap nito, at mamuno ng mundo bilang antikristo. Gusto niyang hikayatin ni Hesus ang buong mundo na sambahin si Satanas, tulad ng tiyak na gagawin ng mga antikristo. Halos maririnig ko siyang nanunuya kay Hesus: "Huwag kang maging hangal, Hesus. Bakit dapat mong mamamatay para sa mga taong ito? Lagi din naman silang sumusuway sa Dios sa bandang huli. Bakit ka mamamatay para sa kanila? Wala silang mga halaga! Kahit na sila ay ipanumbalik ng Dios, ang panahon lamang ang makapagsabi bago ko sila muling akitin sa masama. Ang kasaysayan ay nagpapatunay nito. Hesus, ang mga ito ay walang katumbas na halaga. Siyempre, mamanahin mo ang mundo kapag ikaw ay namatay para sa kanila, ngunit bakit kailangan mong maranasan yan kung maaari mo itong makuha na hindi dadaan sa krus?"

Pawis tulad ng dugo

Tiyak na ito ay isang malaki at tunay na tukso para kay Hesus ang alukin ng mga bagay na ipinangako na sa kanya, agad-agad at walang anumang sakit. Kung mayroon kang anumang alinlangan sa kalubhaan at bigat na nilalagay nito kay Hesus, ganon basahin mo kung paano siya nananalangin sa Lukas 22:41-44. Bago siya nagtungo sa krus, habang siya ay nananalangin sa kanyang Ama ang kanyang pawis ay tulad ng malaking patak ng dugo na tumutulo sa lupa, at sinabi niya, Ama, kung ibig

mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo. Hindi lang isang beses siya nanalangin nito kundi tatlong beses. Ang ating kaaway ay masyadong tuso na inaalok niya tayo ng mga bagay na hindi makatukso sa atin. Siya ay pinuno ng diskarte.

Itong laban sa kaparangan ay katulad ng naranasan ni Moises. Pagkatapos lamang ng apat na pung taon sa kaparangan ng sinabi ng Dios na si Moises ay ang napakaamo na tao sa balat ng lupa. Kinailangan ni Hesus ang apat na pung araw upang matagumpayan ang kanyang laman. Si Hesus at Moises ay parehong dumaan sa ganitong proseso bago sila nagsimula ng kanilang mga ministeryo.

Hindi para sa mga baguhan

Paano maaring ikaw o ako, sa isang sandali, ay ipagpalagay na tayo ay mas mataas sa nasabing pagsubok? Isang kapalaluan ang pumunta sa isang ministeryo bago paman tayo naharap ng Dios. Hindi kataka-takang may mga trahedya sa mga ministro ng Dios. Nakakatagpo tayo ng mga tao na sakim sa mahalay na pakinabang, o kaya sa libog ng laman na nakatago, handa upang mailantad ni Satanas kapag ito ay makagawa ng napakalaking pinsala sa kaharian ng Dios. Ang sarili ay ang pinakamalaking hadlang sa isang banal na buhay at epektibong ministeryo.

Ang tunay na ministeryo

Nang matapos ni Hesus ang unang dalawang hakbang, natupad niya ang huling bahagi ng proseso –

ang kanyang ministeryo kung saan ay upang sirain ang mga gawa ng diyablo. Tulad ng iba pang halimbawa, ito ay likas na kalabasan. Si Hesus ay handa na na gawin ang kalooban ng kanyang ama, hindi ang kanyang sariling ministeryo o kalooban. Pagkatapos lamang ng si Hesus ay mabautismuhan (na siyang nagpapahayag ng kamatayan sa lumang katangian at ng mundo) at ipinako sa krus ang kanyang laman, ay nagsimula ng kanyang ministeryo.

Sinasabi sa Juan 5:19, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kanyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka't ang lahat ng mga bagay na kanyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan. Ngayon sinimulan na ni Hesus ang pagsira ng mga gawa ng diyablo. Sinimulan niyang baliktarin ang proseso na ginawa ng demonyo sa mundo. Pinagaling niya ang mga maysakit, pinakain ang mga mahihirap, hinamon ang mga tao na maging perpekto dahil ang Ama na nasa langit ay perpekto. Si Hesus ay hindi gumawa ng kung ano sa pamamagitan ng kanyang sariling kapangyariihan o para sa kanyang kaluwalhatian.

Anong isang halimbawa para sa ating lahat, habang tayo ay nagsusumikap na maging hiwalay sa mundong ito, supilin ang ating laman, at maging isang banta sa kaharian ni Satanas.

At nagsilapit ang mga alagad, at sinabi nila sa kanya, Bakit mo sila pinagsasalitaan sa mga talinghaga? At sumagot siya at sinabi sa kanila, Sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwa't hindi ipinagkaloob sa kanila. Sapagka't sinomang mayroon ay bibigyan, at

siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't sinomang wala, pati ng nasa kanya ay aalisin sa kanya. Kaya't sila'y pinagsasalitaan ko sa mga talinghaga; sapagka't nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nangakikinig ay hindi sila nangakakarinig, ni hindi sila nangakakaunawa. At natutupad sa kanila ang hula ni Isaias, na sinasabi, Sa pakikinig ay inyong maririnig, at sa anomang paraa'y hindi ninyo mapaguunawa; At sa pagtingin ay inyong makikita, at sa anomang paraa'y hindi ninyo mamamalas: Sapagka't kumapal ang puso ng bayang ito, At mahirap na mangakarinig ang kanilang mga tainga, At kanilang ipinikit ang kanilang mga mata; Baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, At mangakarinig ng kanilang mga tainga, At mangakaunawa ng kanilang puso, At muling mangagbalik loob, At sila'y aking pagalingin. Datapuwa't mapapalad ang inyong mga mata, sapagka't nangakakakita; at ang iyong mga tainga, sapagka't nangakakarinig.

Ikatatlong Bahagi

Ang Mga Susi

At nagsilapit ang mga alagad, at sinabi nila sa kaniya, Bakit mo sila pinagsasalitaan sa mga talinghaga? At sumagot siya at sinabi sa kanila, Sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwa't hindi ipinagkaloob sa kanila. Sapagka't sinomang mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't sinomang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. Kaya't sila'y pinagsasalitaan ko sa mga talinghaga; sapagka't nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nangakikinig ay hindi sila nangakakarinig, ni hindi sila nangakakaunawa. At natutupad sa kanila ang hula ni Isaias, na sinasabi, Sa pakikinig ay inyong maririnig, at sa anomang paraa'y hindi ninyo mapaguunawa; At sa pagtingin ay inyong makikita, at sa anomang paraa'y hindi ninyo mamamalas: Sapagka't kumapal ang puso ng bayang ito, At mahirap na mangakarinig ang kanilang mga tainga, At kanilang ipinikit ang kanilang mga mata; Baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, At mangakarinig ng kanilang mga tainga, At mangakaunawa ng kanilang puso, At muling mangagbalik loob, At sila'y aking pagalingin.

Mateo 13:10-16

Kabanata 11

Layunin ng Dios

Isinasaalang-alang natin ang halaga ng pagiging isang alagad ni Hesus, at nakita na ang unang hakbang ay tanggihan ang ating sarili, nangangahuluagn na mamumuhay at mag-isip ng iba kaysa sa mundo. Ito ay isang bagay na kailangang gawin ng ating sarili. Ang Dios ay hindi tutulong sa atin, dahil ito ay nasa ating kapangyarihan upang gawin ito. Maaari nating kanselahin ang isang kaduda-duda na pahayagan o hindi gamitin ang ating mga telebisyon kung nakapagpasya tayo na ang mga ito ay humahadlang sa ating lakad sa Dios. Si Anghel Gabriel ay hindi pupunta sa aking bahay isang gabi at kunin ang aking telebisyon palayo, na may kasamang mensahe na nagpapahayag ng dahilan. Maaari natin at dapat gawin ang mga bagay na ito ng ating mga sarili. Hindi sapat na banggitin ang Biblia at sabihin na ang mundong ito ay hindi natin tirahan at tayo ay mga dayuhan, maliban na tayo ay namumuhay katulad ng mga dayuhan.

Ang ikalawang bahagi ng halaga ay ang pasanin ang ating krus, at para sa ating lumang katangian na maipaku.

Nakita natin na hindi natin maaaring ipako ang ating laman sa pamamagitan ng lakas ng kalooban, dahil ang laman ay lihim na saloobin at motibo ng ating puso, at hindi natin alam ang sarili nating mga puso. Tanging ang Dios lamang ang nakakaalam ng ating mga puso, at sa gayon ang Dios lamang ang maaaring humarap sa ating mga laman. Gayunman, ito ay hindi nangangahulugan na uupo lamang tayo ng walang kibo at maghintay sa kanya upang gawin ito, dahil kailangan ay palagi tayong aktibo. Gayon pa man ang proseso ay hindi direkta sa atin dahil si Kristo ay ang totoo na gumagawa ng trabaho, upang hindi natin maluwalhati ang laman.

Ang dalawang pamamaraan ng proseso

Bago natin tingnan ang proseso ng kabanalan at ang ating bahagi nito, kailangan nating maunawaan na ito ay dalawang pamamaraan ng proseso. Ang Dios ay mayroon ding aktibong bahagi sa proseso ng ating kabanalan. Ang Kristiyanismo ay tungkol sa pagbabago, hindi lamang kapatawaran. Kung ang mga tao ay pinatawad na, sila ay naging matuwid, iyon ay, sa harap ng Dios, ngunit hindi banal. Ang ibig sabihin nito ay hindi na nila kailangan magbayad ng kaparusahan para sa kanilang mga kasalanan, nakaraan, kasalukuyan, o kahit ang hinaharap. Ang pananampalataya sa pangpalubag-loob na dugo ni Kristo ay siyang sumasaklaw sa mga ito hanggang sa matanggap nila ang kanilang walang kasalanang katawan sa muling pagkabuhay

Sa Efeso 1:4 ipinapakita sa atin na sa isang kahulugan hinihiwalay tayo ng Dios para sa kanyang sarili. Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago

itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal. Ngunit mayroon ding kasulatan tulad ng 1 Pedro 1:15-16, Nguni't yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; Sapagka't nasusulat, Kayo'y mangagpakabanal; sapagka't ako'y banal. Dito sinasabi sa atin ng Dios na maging banal, at hindi niya gagawin ang bahagi na ito para sa atin. Ito ang aspeto ng kabanalan na aking tinatalakay; nangangahulugan ng paghiwalay sa mundo. Nangangahulugan na maging katulad tayo ni Kristo sa ating likas na katangian o pag-uugali. Hindi ito awtomatikong mangyayari kapag ang isang tao ay napatawad. Ito ay hindi gawa ng biyaya ng Dios; ito ay isang paraan ng pamumuhay na may buong pusong pangako na nanggagaling mismo sa atin. Maaari tayong mapatawad agad, ngunit hindi tayo maaaring maging banal sa isang saglit, at dito natitisod ang maraming Kristiyano. Gusto nilang maging banal, ngunit dahil walang nagpaliwanag ng proseso ng kabanalan sa kanila, akala nila sila ay naging banal, at sinusubukan na kumilos bilang isang banal sa panlabas na pamamaraan. Siyempre hindi ito tunay na kabanalan, isa itong pagkukunwari.

Maraming iba pang Kristiyano ang napagtanto na sa kabila ng kanilang panlabas na pagbabago, nananatili silang mayroong problema sa kanilang lihim na buhay. Inaamin nila na sila ay mayroon pang galit, kalibugan, pagmamataas, kasakiman, makasarili, kahit na kinokontrol nila ang kanilang panlabas na kilos, kaya naramdaman nila na sila ay pangalawang klase na Kristiyano lamang. Sa loob ng dalawanpung taon narito ako sa pangalawang klase, palaging nakaramdam na

ako'y nakondena, palaging tinatakpan ang aking lumang kalikasan ng moral na panlabas.

Malinaw na alinman sa mga kondisyon ay hindi kasiya-siya, ngunit ano ang solusyon? Hindi ito magiging mahirap kapag nauunawaan natin ang dalawang bagay: ang layunin ng Dios sa ating buhay, at ang proseso na ginagamit niya para maisagawa ang kanyang mga layunin.

Ano ang layunin ng Dios?

Ang layunin ng Dios sa sangkatauhan mula ng magkasala si Adan ay upang ipakita ang kanyang katangian sa kaniyang mga nabuwal na nilalang Ito ay eksaktong pareho sa Lumang Tipan, mula sa pagtawag kay Abraham, tulad ng kasalukuyang panahon-ang Dios ay naghahanap ng maliit na grupo ng mga tao, ang isang minoridad na siyang magpakita ng katangian ng Dios sa karamihan.

Alam ko na ito ay katawa-tawa at napakasimple para sa maraming Kristiyano, dahil natutunan ng simbahan ang isang mentalidad na "kapag malaki, maganda" at "ang karamihan ay palaging tama." Ayon sa isang patalastas "Paano ang isang milyong mga asawa maging mali?" Sa kasamaang palad, ang karamihan ay palaging mali. Si Hesus ay nagbigay ng isang tapat na tasa ng sitwasyon sa mundong ito. Sa pakikipag-usap sa kanyang mga alagad sinabi niya sa Mateo 7:13-14, Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon.

Ang mga ebanghelista kung minsan ay kinukuha nila ang talatang ito labas sa tunay na nilalaman at ginagamit itong pangaral sa mga makasalanan bilang mensahe ng ebanghelyo: ang malawak na pintuan at ang malapad na daan ay kasalanan, daan patungo sa impiyerno; ang makitid na daan ay biyaya, at ang daan sa langit. Ngunit ito ay isang seryosong maling pakahulugan ng banal na kasulatan. Ang Pangaral sa Bundok ay para sa mga alagad, at ang kabaligtaran nito ay ang siyang tama: ang biyaya ay ang posibleng pinaka malawak na pintuan, ito ay tumatabon ng buong mundo. Ang biyaya ay kasing lawak ng impyerno mismo. Kinuha ni Hesus ang kasalanan ng buong mundo. Ito ay ipinako sa krus. Ang tanging bagay na pumipigil sa isang tao na mapatawad ay ang kanyang pagtanggi na tanggapin ang katotohanang ito. Ang biyaya ay kasing lawak ng pintuan, hindi isang makitid. Ang makitid na pintuan at ang daan na sinasabi ni Hesus ay ang makipot na daan sa pagiging disipulo.

Ang utos sa Israel

Sa Deuteronomio 14:2 ang Dios ay nagsalita sa pamamagitan ni Moises at sinabi sa Israel, Sapagka't ikaw ay isang banal na bayan sa Panginoon mong Dios, at ikaw ay pinili ng Panginoon upang maging bayan sa kanyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa. Hindi ito nag-iisang banal na kasulatan; sinabi na ng Dios sa kanila ng maraming beses na sila ay maging hiwalay at naiiba. Mababasa natin sa Levitico 20:24-26, Datapuwa't sa inyo'y aking sinabi, Mamanahin ninyo ang lupain nila, at ibibigay ko sa inyo upang inyong manahin, na isang lupaing binubukalan

ng gatas at pulot: ako ang Panginoon ninyong Dios na ibinukod ko kayo sa mga bayan… At kayo'y magpapakabanal sa akin: sapagka't akong, Panginoon, ay banal, at kayo'y ibinukod ko sa mga bayan, upang kayo'y maging akin.

Ang "banal" ay nangangahulugan na hiwalay o magkaiba. Paano, sa anong diwa, sila magkaiba o hiwalay? Dahil siguro sila ay naiiba sa karamihan. Ang isa pang salitang ginamit sa talatang ito ay "pambihira": isang katangi-tangi o pambihira na bayan sa kanya, at bagaman ang salita ay nagbago ng kahulugan nito sa Inglis sa mga nakaraang siglo, nananatili na pareho ang kahulugan ng pagiging kakaiba, naiiba o hiwalay. Kung ang isang tao ay naiiba sa, hiwalay mula sa karamihan, sila ay maging "pambihira". Kung ang karamihan ay maging "pambihira", sa gayon ang panatayan ay maging baligtad, at ang mga taong kakaiba ay naging normal. Ang mga taong normal ay siyang naging minoridad, at sila ngayon ang kinikilalang kakaiba o pambihira. Kaya ang pambihira ay palaging nasa minoridad.

Ang huling bahagi ng talata ay nagsasabi, higit sa lahat ng mga bansa na nangasa lupa. Ang Israel ay dapat maging iba mula sa lahat ng iba pang mga bansa, Ang layunin ng Dios sa kanyang mga katauhan ay hindi upang pasukuin ang lupa. Totoo na sinabi niya ito kay Adan bago nagkasala, ngunit mula na ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan hindi kailanman muli ibinigay ng Dios ang utos na ito. Nais ng Dios ang isang nalabi na siyang magpakita at magpahayag ng kanyang katangian bilang isang saksi sa buong mundo, dahil ang mundo ay nasa ilalim na ng paghatol ng Dios. Ang Dios ay hindi kailanman magsasagawa ng

kanyang kahatulan kung wala munang isang saksi ng kanyang kabanalan – asin sa lupa – upang ang kanyang kaparusahan ay makatarungan, at makita na pantay, sa pamamagitan ng mga anghel, ng mga demonyo at ng buong sangkatauhan.

Ang paghihigpit sa Israel

Sinabi ng Dios kay Moises sa Deuteronomio 11:24, Bawa't dakong tutuntungan ng talampakan ng inyong paa ay magiging inyo. Kailangan nilang lupigin at supilin ang lupa hanggang sa ito ay magkaroon ng kapayapaan. Ang talatang ito ay nagbibigay din ng mga hangganan ng lupain na dapat nilang supilin, kung saan ay mula sa ilang, at Libano, mula sa Eufrates, hanggang sa dagat kalunuran ay magiging inyong hangganan. Ito ay isang lugar na mas maliit sa Britanya. Ang Israel ay walang utos mula sa Dios na lupigin ang ano mang iba pang mga lupa maliban dito. Dapat nilang ipakita ang katangian ng Dios sa iba pang bahagi ng mundo; sila ay kailangan maging naiibang mga tao, isang bansa ng saserdote, na mga banal sa Panginoon.

Nakatala sa kasaysayan ng Biblia na sila ay nabigo upang gawin ito, at muling muli sila ay nadawit sa mga kaugalian at diosdiosan ng mga nakapaligid na bansa. Hindi nila mapanatiling hiwalay at banal ang kanilang mga sarili. Pati si Levi, ang tribu na hiniwalay ng Dios para sa kanyang sarili mula sa loob ng Israel, ang angkan na siyang dapat maging partikular na "kakaiba" at banal, ay nabigo nang abang-aba. Ang napakasaserdote, na magmula sa tribu na ito, pagkatapos na itinalaga, agad-agad na naghandog ng kakaibang apoy sa Panginoon.

Ang utos sa simbahan

Sa tingin ko eksaktong pareho ang mga tagubilin sa Bagong Tipan para sa Iglesia ngayon, kahit na tila kabaligtaran ito ng popular na modernong pagtuturo. Sa unang liham ni Pedro sinabi niya ang eksaktong parehong bagay sa Iglesia ang sinabi ni Moises sa Israel: Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyang tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kanyang kagilagilalas na kaliwanagan. Ang parehong prinsipyo ng kabanalan at paghihiwalay ay dapat samakatuwid akma sa simbahan, at ito ay masinsin sa mga aral ni Hesus at ng mga apostol.

Si Hesus ay ang liwanag, ngunit ang mundo ay hindi naunawaan o natiis ang liwanag, at kanilang ipinaku sa krus. Sa ibang salita, ang ilaw ay pinatay. Sinabi niya sa mga alagad na sila ay dapat maging liwanag, ngunit dapat nilang asahan na sila din ay haharap ng parehong oposisyon na kanyang hinarap. Sa Juan 15:20 malinaw na sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad na hindi sila aasa sa pagkilala, ngunit sa halip pagtanggi. Ang alipin ay hindi dakila kay sa kanyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang aking salita, ang inyo man ay tutuparin din.

Ang "malaking utos" na ibinigay sa ebanghelyo ay hindi nagsasabi sa atin na dalhin natin ang mundo para kay Hesus. Hindi inuutos sa simbahan na supilin ang mundo, o kahit na gawing Kristiyano ito. Hindi rin

ito nagmumungkahi na kung saan man ang ating mga paa yumayapak ay maging atin. Wala ni isang banal na kasulatan na nag-uutos sa atin na angkinin natin ang mga lungsod para kay Kristo; sa kabaligtaran, sinabihan tayo na ipagpag ang mga alikabok sa ating mga paa kung iwanan natin ang isang lungsod na tumanggi ng ating mensahe. Kung ang Dios ay may paggalang sa malayang kalooban ng mga tao, dapat tayo din. Kung pinili ng mga tao na tanggihan ang ebanghelyo, iyon ay kanilang karapatang-sarili. Ang utos sa atin ay ang ibigay sa buong mundo ang pagkakataon na tanggapin o tanggihan ang ebanghelyo.

Walang dahilan

Ang ebanghelyo ni Marcos, na siyang anyong pinakatanyag na sipi ng huling utos, sinasabi sa Kabanata 16:15, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. Ang simbahan ay walang dahilan kung ito ay hindi nagsasabi sa lahat ng nilalang tungkol sa pagmamahal at biyaya ng Dios; ngunit tayo ay hindi mga pulitiko, at sa gayon hindi natin dapat gamitin ang panghihimok, sawikain, o iba pang katulad na paraan upang puersahin o manipulahin ang ibang tao, dahil ang malayang kalooban ng tao ay dapat palaging igalang. Sa talata 16 sinasabi, Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. Isang simpleng pahayag, Idagdag ng Dios sa simbahan ang sinumang nangaliligtas. Kung ang mga tao ay hindi tatanggap ng ating mensahe, sinasabi sa Mateo 10:14 na ipagpag natin ang mga alikabok sa ating mga paa at pumunta sa ibang

lugar. Ang mga resulta ay hindi kailanman dapat nating alalahanin. Ang ating malasakit ay ang sabihin sa bawat tao ang magandang balita.

Mala-impyernong apoy na pangangaral

Maraming Kristiyano nag-iisip na ang "mabuting balita" ay kabilang ang pagsasabi sa mga tao na pupunta sila sa impyerno kapag hindi sila magsisisi. Kahit na itong gawain ay tanyag sa pag-eebanghelyo, walang makitang banal na kasulatan na sumusuporta nito.

Sinasabi ni Hesus ang tungkol sa impyerno sa kanyang mga alagad lamang at sa mga nag-aangking nasa liwanang, ang mga Pariseo. Hindi ko mahanap kung saan si Hesus kailanman nagsasabi tungkol sa impyerno para sa mga makasalanan. Hindi din tayo hinihikayat ng mga sulat (epistle) na magsipangaral tungkol sa empiyerno. Nais ng Dios ang ating pagmamahal muli sa ating malayang kalooban. Ang pagpasya na maglingkod tayo sa Dios dahil gusto nating makaiwas ng impyerno ay hindi isang mahusay na motibo, at hindi pinakamabuting batayan para sa isang malusog na relasyon. Ako naniniwala na ang lahat ng mga suwail ay pupunta doon kasama ang diyablo at ang kanyang mga anghel; ngunit ang sinasabi ko dito ay ang ebanghelyo. Ang ebanghelyo ay mabuting balita, hindi masamang balita. Naniniwala ako na ang Dios ay isang mabuting Dios, at siya ay mahalagang paglingkuran kahit na walang gantimpala o kaparusahan.

Madalas na sinasabi na walang iba pang dahilan para sa pagkakaroon ng simbahan sa lupa maliban sa pagturo ng ebanghelyo at dalhin ang mundo kay Kristo. Kung ating tingnan tila ito ay pantay na pagtatasa, dahil pinalaki

tayo sa naturang doktrina, ngunit walang anuman sa mga aral ni Hesus ang susuporta sa pananaw na ito. Ni makaisa hindi nabanggit ni Hesus na mayroong magiging pagpapanibagong buhay (revival) sa buong mundo, o na ang simbahan ay siyang mamumuno ng mundo bago ang kanyang pagbalik. Sa katunayan sinabi niya ang kabaligtaran nang tinanong siya ng kanyang mga alagad tungkol sa mga huling araw. Nang binabalaan niya ang mga disipulo sa Mateo 24:4 sinabi niya, Mangagingat kayo na huwag kayong mailigaw ninoman, at nagpatuloy siyang nagsasalita tungkol sa panlilinlang at pag-uusig bago ang kanyang pagbabalik. Ang mga turo ng mga apostol ay hindi naiiba dito. Sinasabi din ni Pablo sa 2 Mga Taga-Tesalonica, Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan, eksaktong parehong sinabi ni Hesus. Pagkatapos nito pinayuhan niya sila sa talata 15 na maging matibay sa panahon na ang panlilinlang at pag-uusig ay darating.

Mayroon tayong maraming doktrina at pamamaraan ng pagbahagi ng ebanghelyo, ngunit ang totoong pagbahagi ng ebanghelyo ay simple, natural na resulta ng kabanalan. Ito ay nangyayari ng kusa at awtomatiko. Ang banal na buhay may sariling enerhiya upang magbigay liwanag sa kadiliman. Kapag ginawa ng mga Kristiyano ang pagbahagi ng ebanghelyo bilang isang dahilan, at hindi isang resulta na siyang dapat, sa ganon ito ay nagiging kontra-produktibo sa tunay na buhay ni Kristo.

Ang tunay na layunin ng iglesia

Sa pagtatapos, hayaan ninyo akong dalhin kayo sa ilang talata sa mga Taga- Efeso 4, dahil dito malinaw na

ipinakita ni Pablo ang layunin ng Dios para sa ating mga buhay. Ang talata 11 ay nagtatala ng limang ministeryo na sumasaklaw sa lahat na kinakailangan ng simbahan. Ang mga ito ay ang mga apostol, propeta, ebanghelista, pastor at guro. Ano ang pangkalahatang pangitain na dapat magkaroon ang mga nangungunang mga tao na ito sa kanilang pag-iisip habang sila ay nagsisigawa ng kanilang ministeryo? Ang susunod na ilang talata ay isang hayag, dahil ito ay nagsasabi sa atin ng layunin kung saan ibinigay ng Dios ang mga tungkulin, at ano ang dapat na resulta: para sa ikasasakdal ng mga banal, para sa gawaing paglilingkod, para sa ikatitibay ng katawan ni Kristo. Ang resulta ng mga ito ay ang mga: ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo; upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral. Ni isa wala rito ang tungkol sa pagbahagi ng ebanghelyo. Ang limang ministeryo ay tanging upang makabuo ng isang bagay na ganap na at dalisay – ang walang bahid na babaing ikakasal. Wala sa buong sulat ang humihikayat sa atin na "magnikayat ng kaluluwa" (win souls). Ang lahat ng tagubilin ay tungkol sa Kristiyanong pamumuhay at kabanalan.

Natural ng kapanganakan

Gusto kong bigyan-diin na ako ay ganap na nasa likod ng pagbahagi ng ebanghelyo (yan ay, ang paglahad ng mabuting balita sa lahat na nilalang); ngunit ang kapanganakan ng mga bata, natural o espirituwal na

paraan man, ay isang simula, hindi isang katapusan. Ang katapusan ay siyang magdala sa kanila sa pagiging ganap na tao. Ito ang pokus ng pagtuturo sa buong Bagong Tipan – ang dalhin ang lahat na Kristiyano sa pagiging perpekto kay Kristo.

Ang natural at espirituwal na mga batas ay parehong sumusunod ng parehong prinsipyo. Kung ang dalawang tao ay nag-iibigan, ang mga anak ay ang likas na bunga ng nasabing pag-ibig. Ang mag-asawang nag-iibigan ay hindi na kailangan sabihan na dapat silang matulog nang magkasama at dapat nilang gumawa ng mga anak; at hindi rin nila kailangan ang payo kung ano ang pinakamabuting paraan para makamit ang nasabing resulta! Ang konsentrasyon sa pamamaraan at estilo ay hindi kailanman magtuturo sa atin ng pagmamahal at habag. Bakit ang simbahan mukhang kailangan ang ibat-ibang klaseng payo sa pamamaraan ng pagbahagi ng ebanghelyo? Maaari lamang na wala tayo nitong isang bagay na mahalaga – ang relasyon, ang pagmamahal ni Kristo at ang kanyang awa. Kung mayroon tayo nito, ang espirituwal na mga anak ay magiging isang natural na resulta, at hindi natin kailangan ang anumang mga aralin, pamamaraan o pantas-aral. Hindi din natin kailangan ang kahit anong pagganyak o paghihikayat. Ito ay isang pinaka-natural na bagay sa mundo. Sa katunayan talagang nais nating gawin ito!

Kabanata 12

Proseso ng Dios

Sunugin ang dumi na nagpapaitim ng aking puso
Sunugin ang mga bagay na naghihiwalay sa ating dalawa
Sunugin ang aking lumang kalikasan, bigyan mo ako
ng panibagong buhay
Panatilihin ang apoy ng Dios hanggang ako'y
lumalagablab para kay Kristo aking Panginoon.

Joanna Barratt

Kung ang layunin ng Dios ay tayo'y maging isang walang bahid at ganap na babaing kasintahan para kay Kristo, ano ang proseso ang inilaan ng Dios na dapat nating pagdaanan upang makamtan natin ang resultang ito?

Ang puno ng ubas

Sa Juan 15, malinaw na ipinakita sa atin ni Hesus ang isang proseso na napakahalaga at dapat maunawaan

ng bawat Kristiyano kung sila ay magbabago para sa imahe ng Dios. Ang mga taong hindi maunawaan ang proseso ng Dios ay walang paltos na sisihin ang diyablo sa mga pangyayari na kung saan ang Dios ay siyang nagpadala nito. Maaaring makita nalang nila ang kanilang sarili na nakikipaglaban sa Dios sa paniniwala na sila ay nakikipaglaban kay Satanas, kung saan ay isang malaking pagkamali na gagawin. Ang ating saloobin sa prosesong ito ay siyang magpasya kung ano ang maaari o hindi maaaring gawin ng Dios sa ating buhay. Sa talata 1, sabi ni Hesus, Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka. Ito ay madaling mauunawaan, ngunit sa talata 2, sinasabi nito sa atin ang proseso kung saan ang Dios, ang magsasaka, ay ilalagay tayo: Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya.

Dalawang puntos ang makikita natin mula sa pahayag na ito. Una, si Hesus ay nagsasabi tungkol sa mga Kristiyano, dahil ang mga Kristiyano lamang ang "nasa puno ng ubas". Pangalawa, ito ay nagpapakita sa atin na ang mga Krisitiyano ay maaaring hindi namumunga, at ang kinahinatnan sa talata 6 ay mabigat: ang hindi namumungang sanga ay itatapon, mabubulok, at sinusunog. Ang mga Kristiyano ay hindi kailanman dapat maging sa ganitong kondisyon. Ang ikalawang kalahati ng talata ay nagsasabi na ang sanga na nagbubunga ay nililinis ng Dios, upang lalong magbunga. Kung sineseryoso nating isinaalang-alang ang mga salitang ito ni Hesus makikita natin na ang dalawang aksyon mula sa mga kamay ng Dios ay masakit. Alinman tayo sa dalawa: ang itapon at sunugin, o tayo ay nililinis ng husto – ang putulin mula sa puno. Tila ba na kakaiba

na kung kalulugdan natin ang Dios, ang hardinero, at magbunga ng mga prutas, tayo ay tinatrato ng masakit? Dapat ang katotohanang ito ay hindi na kakaiba sa atin, dahil ang prinsipyo ay isang pangunahin sa nilikha ng Dios. Kahit sino mang hardinero ay mauunawaan na upang magkaroon ng maraming prutas, dapat linisin ang isang puno, at ang resulta ay magpatotoo ng gawain na ito.

Masakit na pagkapun

Ang proseso ng pagkapun ay isang masakit na pamamaraan, at maraming mga salita sa Biblia na naglalarawan nito, tulad ng mga pagsubok, paglinis, o pagsunog. Mayroong isang dahilan lamang ang nasa isip ng Dios – upang tayo'y lalong magbunga. Sa madaling salita ang ibig sabihin nito ay ang lahat ng mga Kristiyano ay dapat maging katulad ng Ama sa kanilang mga katangian. Kadalasan ang simbahan ay sinusubukan na gawing malaki ang isang puno ng kahoy, samantalang ang layunin ng Dios ay mapabuti ang kalidad ng prutas. Maaaring magkaroon ng malaking puno na walang bunga, at maaaring magkaroon ng isang puno na may maraming bunga. Subalit kung gusto nating maging sa kagustuhan ng Dios, kailangan nating magkaroon ng parehong pakay at layunin ng Dios.

Sa kasalukuyang klima kung saan ang positibong pagpapahayag at banal na kalusugan ay naaayon, ang ideya na ang Dios mismo ang siyang magpahintulot na tayo ay magdusa, o di kaya'y maaaring siya ang dahilan ng ating hindi magandang kalagayan, ay hindi isang patok na bagay. Pero kailangan kong ipahayag ang

ilan lamang mula sa marami na mga kasulatan tungkol sa bagay na ito upang patunayan ang aking punto. Ang mga banal na kasulatan na ito ay hindi lamang magpakita sa atin na dapat nating asahan ang mga bagay na ito, ngunit ang mga ito ay nagsasabi din kung ano ang dapat nating maging mga saloobin sa mga ito kapag ito ay mangyari.

Ariin ninyong buong kagalakan

Sa Juan 15:11 ipinaliwanag ni Hesus ang layunin ng pagkapun ng isang puno ng ubas. Ito ay upang ang kanyang kagalakan ay mapasa atin (ibig sabihin, hindi natin ito mawawala sa proseso) at upang ang ating kagalakan ay malubos. Palagi tayong sinasabihan na tumingin sa kabila ng pagsubok para sa malaking pakinabang na tiyak kasunod nito kapag matagumpayan natin ang mga pagsubok.

Sinimulan ni Santiago ang kanyang liham sa mga mananampalataya katulad nito: Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso. Isang napaka-kakaibang paraan upang simulan ang isang liham na pampalakas-loob. Ngunit hindi tayo dapat tumigil doon, dahil nagpatuloy si Santiago upang ibigay ang isang makatuwirang paliwanag sa kanyang mga salita. Ang sunod na talata ay nagsisimula, Yamang nalalaman… Ang pag-alam ng proseso ay tumatanggal ng takot. Narito ang susi sa habilin ni Santiago. Ang takot sa hindi nalalaman ay isa sa mga pinakamalaking takot ng sangkatauhan. Ang ating kaaway na si Satanas ay naparalisa at natalo kung nauunawaan natin ang katotohanan, dahil ito ay

ninanakaw sa kanya ang isa niyang pinakamalaking armas: ang takot.

Ano ang kaalaman na nais ibigay sa atin ni Santiago? Ang pagsubok ng ating pananampalataya ay nagbubunga ng tiyaga. Ang taong matiyaga ay kompleto at masaya. Maraming mga Kristiyano ay nagnanais ng tiyaga, ngunit hindi kailanman nila makamtan ito, dahil kapag ang Dios ay nagsisimula ng proseso na siyang magbunga ng tiyaga sa kanila, sila ay hindi nasiyahan at iniisip na ang diyablo ay umaatake sa kanila. Sinisisi nila ang diyablo, at nananalangin sa Dios na sila ay iligtas. Nananalangin sila na ilabas sila sa isang pagsubok na siyang magbigay sana ng tiyaga sa kanila at gagawa sa kanila na perpekto at kompleto, at walang kulang.

Lumundag at sumayaw

Sa ebanghelyo ni Lukas kabanata 6:22-23, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad na lumundag at sumayaw sa kagalakan. Ang kahanga-hanga dito ay hindi sinabi ni Hesus sa kanila na lumundag at sumayaw kapag sila ay masaya o puno ng Banal na Espiritu, sinabi niya ang kabaligtaran nito. Dapat Mangagalak kayo at magsilukso kayo sa kagalakan kapag kayo'y kapootan ng mga tao, at kung kayo'y ihiwalay nila. Ito ay hindi kailanman magkaroon ng kahulugan sa isang Kristiyano na umaasa lamang ng pagpapala mula sa Dios, at ang mga masamang pangyayari ay mula sa diyablo. Ito ay magiging imposible na mauunawaan kung sila ay sinabihan na "ang diyablo ay hindi kailanman muling gagambala sa iyo kapag ikaw ay mayroong sapat na pananampalataya". Mauunawan lamang natin ang mga salita ni Hesus kung tingnan natin

ang resulta at kalalabasan sa hinaharap. Sinabi ni Hesus na maging tulad tayo ng mga propeta noong unang panahon, mga banal na tao, at ang ating gantimpala ay magiging malaki sa langit.

Palagi tayong magkaroon ng problema kapag tayo ay nakatingin lamang sa mga biyaya na nasa mundong ito. Tinagubilinan ni Hesus ang kanyang mga alagad na mag-ipon ng kayamanan sa langit, at hindi sa lupa. At sinasabi ni Pablo sa mga Taga-Colosas 3 na, Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nangasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Dios. Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa.

Ang paggawa para sa ikabubuti natin

Ang Roma 8:28 ay isang napaka-tanyag at kadalasang ginagamit na talata, at sa loob nito makikita natin ang parehong prinsipyo. Sinasabi ni Pablo na lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumawa sa ikabubuti natin. Hindi niya sinasabi na ang lahat ng bagay ay mabuti. Ang pag-uusig ay hindi maganda. Ang sakit, pagdusa, mga pagsubok at ang hindi pagkakaunawaan ay hindi mabuti. Sinasabi ni Pablo na dapat tayong tumingin lampas sa ating mga kalagayan para sa hinaharap na pakinabang, at pinapaalala niya sa atin na kahit ang mga masasamang bagay ay gumagawa ng mabuting layunin para sa ating mga buhay: na tayo'y maging katulad sa anyo ng kanyang Anak. Ito ang bunga na nagtitiis – ang walang hanggang katangian ng Dios. Tinatapos ni Pablo and kabanatang ito na may kasiglahan na kahit

ang kamatayan man, kahit ang buhay, kahit ang mga anghel, kahit ang mga pamunuan, kahit ang mga bagay na kasalukuyan, kahit ang mga bagay na darating, kahit ang mga kapangyarihan, kahit ang kataasan, kahit ang kababaan, kahit ang alin mang ibang nilalang, ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pagibig ng Dios, na nasa kay Cristo Jesus na Panginoon natin. Pinapahayag ni Pablo na ito ang gumagawa sa atin na mas higit pa sa manlulupig – hindi dahil sa nalalampasan natin ang mga pagsubok at pagkapun, ngunit ang mga ito ay kapaki-pakinabang sa halip na pumipinsala. Maaari tayong magkaroon ng isang matagumpay na saloobin sa gitna ng ating pagsubok, ito ay dahil nakikita natin ang hinaharap na pakinabang.

Isang hindi pangkaraniwang pangako

Si Pablo, sa kanyang pangalawang liham kay Timoteo, Kabanata 3:10-11, ay nagsasabi ng isang bagay tungkol sa kanyang sariling pamamaraan ng pamumuhay na kung saan ay magkatugma sa proseso ng Dios sa ating buhay. Ang tagumpay ni Pablo ay hindi dahil siya ay protektado mula sa mga pagsubok at paghihirap, ngunit siya ay nagtiis hanggang sa wakas. Nagsasabi siya tungkol sa pagpapahinuhod, pag-ibig, pagtitiis, pag-uusig at ang mga kapighatian. Ang mga ito ay ang mga marka ng isang tunay na tagasunod. Sinabi ni Hesus, sa aba ninyo, pagka ang lahat ng mga tao ay mangagsalita ng magaling tungkol sa inyo; iyon ay ang tanda ng isang bulaang propeta. Pinapaalala ni Pablo kay Timoteo ang isang katototohanan. Maaaring halos tawagin natin itong pangako: Ang lahat na mabuhay na may kabanalan kay Kristo ay mangagbabata ng pag-uusig.

Madaling makita kung bakit kailangan maging ganito. Paano ang tunay na kabanalan kailanman magiging katanggap-tanggap sa isang lahing masama at mapangalunya, isang madilim na mundo? Ang liwanag ay maaaring kikinang at hamunin ang kadiliman o papawi, dahil ang mundo ay kinasusuklaman ito at hindi mauunawaan ito.

Ang pagbago ng saloobin ni Pedro

Si Pedro, nang humarap ng pag-uusig habang nililitis si Hesus, ay hindi inamin na kilalaa niya si Hesus. Sa pamamagitan nito ipinakita niya na hindi siya naniniwala na ang krus ay kinakailangan, at na siya ay hindi handa para sa anumang kahirapan. Sa kabaligtaran, si Pedro at ang iba pang mga apostol ay tumitingin kay Hesus na ibalik ang kaharian ng Israel nang panahong yaon, at si Pedro ay gumawa ng karahasan ng inaresto si Hesus sa hardin ng Gethsemanae.

Sa kanyang unang liham, ipinakita sa atin ni Pedro na ang kanyang saloobin sa pagdurusa at mga pagsubok ay radikal na nagbago. Maaari naman siyang mapalagay sa kabaliktarang pananaw. Hayaan niyo akong sipiin ang kanyang sariling mga salita sa Pedro 4:12, Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay. Sinasabi ni Pedro na aasahan natin ang matinding pasubok bilang isang normal na bagay; tulad ng lahat ng mga nasabing halimbawa; tumingin sa hinaharap bilang isang dahilan na maging galak sa mga pagsubok: Kundi kayo'y mangagalak, sapagka't kayo'y

mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng kanyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak.

Maipasisiya natin na ang bagong saloobin ni Pedro ay isa sa may kahinugan. Ang pagbabago ay masyadong radikal at kitang-kita na hindi maaaring huwag pansinin. Ang buhay Kristiyano at proseso ay hindi naiiba para sa mga modernong Kristiyano. Hindi inamin ni Pedro na kilala niya si Kristo dahil ayaw niya ng krus. May dalawa lamang na pagpipilian – maaaring tanggihan natin ang ating mga sarili o tanggihan natin si Kristo. Ito ay tila marahas na pahayag, ngunit lahat tayo ay patungo sa isa sa dalawang direksyon na ito, at sa bandang huli tayo ay darating sa isa sa mga nasabing konklusyon.

Isang kakaibang basbas

Sinimulan ni Santiago ang kanyang liham sa pamamagitan ng pagsabi sa atin na ariin natin ang ating mga pagsubok ng buong kagalakan, ngunit tinapos niya ang kanyang unang liham kabanata 5:10 na may katulad na pangaral – isang basbas na kailangan ko pang marinig sa mga simbahan. At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo. Ang prosesong ito (ang sandaling paghihirap) ay siyang dapat nating asahan ngayon bilang mga Kristiyano, at ang mga resulta na dapat nating asahan mula sa mga pagsubok ay eksaktong pareho sa nakita natin sa iba pang mga banal na kasulatan. Anong maluwalhating listahang ito: perpekto, husay, hindi matinag, at pinalakas!

Dapat itong magbigay ng inspirasyon sa atin upang tumalon sa apoy at sabihin, "Dios, sunugin mo ang mga dumi sa aking buhay"! Gaano karaming beses ang mga Kristiyano nagbigay ng kanilang mga sarili sa altar ng paghahandog ng Dios, na may pananampalataya na isinuko na nila ang lahat, subalit biglang tatalon palayo kapag inilawan na ng Dios ng apoy ang ilalim ng altar na ito!

Ang paglapag ng ating mga sarili sa altar ng Dios ay maaaring isang makasariling pagpapakita ng laman, isang gawa na kasiya-siya sa lumang likas na katangian, maliban kung tayo ay handang manatili dito at tiisin ang apoy. Ang pagpanalangin na tayo'y ilabas sa ating mga pagsubok ay nagpapatunay lamang na hindi tayo handang isuko ang anumang bagay na nagkakahalaga o masakit sa atin.

Ang pagsunod kay Pablo

Sa Filipos 3:17, Pinapayuhan tayo ni Pablo na maging mga tagasunod niya. Kailangan nating basahin ang nilalaman ng kanyang mga salita upang maunawaan natin ang ibig sabihin nito: Sa Talata 7 sinasabi na, Gayon man ang mga bagay na sa akin ay pakinabang, ay inari kong kalugihan, alangalang kay Cristo. Oo nga, at lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa dakilang kagalingan ng pagkakilala kay Cristo Jesus na Panginoon ko: na alangalang sa kaniya'y tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng mga bagay, at inari kong sukal lamang, upang tamuhin ko si Cristo, At ako'y masumpungan sa kanya, na walang katuwirang aking sarili, sa makatuwid baga'y sa kautusan, kundi ang katuwirang sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwiran ngang

buhat sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya. Upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga kahirapan, na ako'y natutulad sa kanyang pagkamatay; Kung aking tamuhin sa anomang paraan ang pagkabuhay na maguli sa mga patay.

Maraming kasulatan na sumasang-ayon sa mga ilan na nabanggit ko dito. Nakita natin na ang proseso ng paglinis at pagkapun ay isang likas, at sa katunayan ang tanging paraan upang makabuo ng malusog na paglaki at mabuting bunga.

Tudla para sa ginto

Ang ginto ay isang mahalagang metal at napakagandang masdan. Ang tabernakulo at templo, kung saan tumatahan ang Dios at ang kanyang mga katauhan, ay parehong puno ng mga ginto. Ang ginto ay nagsasalita ng kaluwalhatian ng Dios, ng kanyang katangian o ng kanyang tunay na hilagyo, at ito ay kailangang maging dalisay. Ang ginto ay likas na dalisay; kailangan nito dumaan sa proseso ng pagpino. Ito ay nakalagay sa isang tunawan ng metal at ilagay sa isang hurno. Ang ginto ay natutunaw, at ang mga dumi (taing bakal) ay lumulutang sa itaas at ito ay inaalis. Ang prosesong ito ay paulit-ulit hanggang sa wala ng dumi sa ginto, at pagkatapos iniiwan ito hanggang naging malamig at matigas para ito ay magamit.

Ito ay eksaktong pareho na proseso kung saan tayo nilalagay ng Dios, kung nais nating maging dalisay. Walang iba pang paraan. Ang kahinaan sa ating mga pag-uugali ay hindi maaaring maituwid ng Dios hanggang ang mga ito ay maihayag.

Ang pagiging hayag

Ang Dios ay hindi at ayaw alisin sa pamamagitan ng himala ang mga bagay na naka baon sa kaibuturan ng ating mga puso. Bukod dito, ang Dios ay ayaw na gumawa ng kung ano sa ating kakulangan sa ating pag-uugali hanggang aminin natin na mayroong kakulangan sa atin. Kung hindi ang mga pighati at init darating sa atin, ang ating mga kawalan ng kawagasan ay manatiling nakatago kahit sa ating mga sarili. Kapag tayo ay inihayag, ito ay masyadong masakit at nakakahiya, dahil kung ang ating kahinaan ay lumilitaw, ito ay nakikita hindi lamang ng ating sarili, ngunit ng iba!

Kadalasan nahihirapan tayong tanggapin ito at sinisisi natin ang mga pangyayari para sa ating pag-uugali, ngunit ang mga pangyayari, malayo mula sa pagiging sanhi ng ating 'hindi pangkaraniwang' pag-uugali, ay naghahayag ng tunay na tao sa loob. Walang lumalabas sa isang tao na hindi nanggagaling sa kung anong mayroon siya sa loob. Ang presyon at init ng mga pagsubok at kapighatian ay nagsisilbi lamang upang maipalabas ang mga dumi; at ito ay magandang bagay. Kung tayo ay pinapagkumbaba, tiyak ito ay mabuti, sapagka't ang kapakumbabaan ay siyang napaka saloobin na hinihiling ng Dios. Ako ay kumbinsido na ang Dios ay hindi kailanman gagawa sa kung ano mang bagay sa ating buhay kung saan hindi tayo handang aminin na mayroon.

Sa hindi kagandahang palad, mayroong isang alternatebo sa proseso ng paglilinis. Maaari nating bulihin ang ibabaw ng ginto hanggang sa ito ay kumintab, at ito ay tiyak na manganinag ng liwanag. Ngunit kapag i-akma

natin itong gawain sa ating mga buhay, ang mga dumi ay manatiling nakatago sa atin at sa mga tao na nakatingin sa atin. Ang Dios lamang ang nakakaalam ng katotohanan sa ating puso. Ako ay mabibigo sa aking tungkulin bilang isang ministro ng ebanghelyo kung hindi ko sinasabi na ang "pagpakintab ng panlabas" ay isang hangal na gawain. Maaaring ito ay sapat sa buhay na ito, ngunit tayo ay binabalaan ng Biblia na ang bawat gawa ng isang tao ay sa bandang huli susubukan sa pamamagitan ng apoy at ang lahat ay maging hayag. Gusto kong imumungkahi na mas mabuti na pinapagkumbaba sa buhay na ito, at handang gamitin ng Dios, kaysa sa maghintay para sa paghuhukom ng mga banal at mangagbata ng kawalan.

Sinubukan sa pamamagitan ng apoy

Sinaasabi ni Pablo sa 2 Corinto 5:10 na, Sapagka't tayong lahat ay kinakailangang mahayag sa harapan ng hukuman ni Cristo; upang tumanggap ang bawa't isa ng mga bagay na ginawa sa pamamagitan ng katawan, ayon sa ginawa niya, maging mabuti o masama; at sa 1 Corinto 3:12-15, Datapuwa't kung ang sinoma'y magtatayo sa ibabaw ng pinagsasaligang ito ng ginto, pilak, mga mahahalagang bato, kahoy, tuyong dayami; Ang gawa ng bawa't isa ay mahahayag: sapagka't ang araw ang magsasaysay, sapagka't sa pamamagitan ng apoy inihahayag; at ang apoy rin ang susubok sa gawa ng bawa't isa kung ano yaon. Kung ang gawa ng sinoman ay manatili, na kaniyang itinayo sa ibabaw niyaon, siya'y tatanggap ng kagantihan. Kung ang gawa ng sinoman ay masunog, ay malulugi siya: nguni't siya sa kanyang sarili ay maliligtas; gayon ma'y tulad sa pamamagitan ng

apoy. (Kung tayo ay may mga pagdududa, si Pablo ay malinaw na nagsasabi tungkol sa mga Kristiyano, dahil ang sabi niya sila ay maging ligtas. Hindi niya maaaring sabihin ito tungkol sa mga taong hindi nakakakilala ng Dios.)

Makinig sa kung ano ang sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia, lalo na ang mga taong pakiramdam nila ay sila mayayaman at marangya sa ano mang bagay, ang mga taong hindi na nangangailangan ng materyal na bagay o espirituwal. Oo nga, ang karamihan sa mga simbahan sa materyalistik na lipunan ay tila nagkaroon ng ganitong saloobin. Sinasabi sa Pahayag 3:18, Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. Ang may mga pakinig na ipakikinig, ay making.

Kabanata 13

Ang Katangian ng Dios

Ano ang dapat nating gawin upang maging mature at banal? Ano ang mga susi? Bakit ang ibang Kristiyano ay patuloy na nagbabago at lumalagu, habang ang iba ay tumutigil at umuurong? Ang kabanalan ba ay isang tsambahan na layon, o mayroon bang malinaw na mga habilin na inilatag sa salita ng Dios?

Gusto kong tingnan itong malaking misteryo ng kabanalan, ang malalim at hindi maarok na proseso kung saan ang isang tao ay nagbabago sa kanilang motibo at ugat ng kanilang ginagawa. Unang-una, payagan ninyo akong ibahagi ang ilan sa mga prinsipyo na nakatago sa likod ng mga habilin ni Hesus. Mas madaling sumunod kung ito ay ating nauunawaan. Walang pakinabang sa pagkakaroon ng bulag na pananampalataya, kung ang tanging kailangan natin ay ang likas na paningin.

Ang magkabilaan na barya

Kung hinahanap natin ang katangian ng Dios, kung gayon mahalaga na tanungin natin ang ating mga sarili

kung talagang alam at nauunawaan natin kung ano ang katulad ng kanyang katangian. Upang matulungan tayong sagutin ang tanong na ito, hayaan niyo akong ibahagi ang prinsipyo na maaaring akma sa lahat ng ating pag-aaral.

Nakita ko na ilan lamang na mga Kristiyano ay alam ang simpleng katotohanan na ito: ang katotohanan ay hindi kailanman maaaring manggaling mula sa isang solong pahayag. Ang ating kanluraning pag-iisip ay nababatay sa mapamaraan na lohika, nag-iisang pahayag ng katotohanan. Ang halimbawa nito ay ang pahayag na, "Ang tubig na ito ay mainit". Samakatuwid, ayon sa ating mapamaraan na lohika, ang tubig ay hindi malamig. May dalawa lamang na alternatibo, mainit o malamig, at ang dalawa ay hindi maaaring parehong maging totoo. Ang isa ay katotohanan, at ang isa ay maaaring isang kasinungalingan.

Ngunit paano kung ang tubig ay maligamgam? Iyan ay isang halo, o pareho na mainit at malamig. At sino ang nagpapasya kung ang tubig ay "mainit" nga? Lahat ng ito ay isang katugon; ang 70 digri ay mainit kumpara sa 40 digri, ngunit maligamgam kung ihahambing sa 100 digri! Sa katapusan makikita natin na ang ating kanluraning "ganap na katotohanan" ay nababatay sa di-makatwirang pagtuturo ng Agham, balarila o lohika. Sinasabi natin na ito ay asul, samakatuwid ito ay hindi berde; ito ay isang puno; kaya ito ay hindi isang palumpong; ngunit ang mga ito ay lahat gawa ng mga tao na kwalipikasyon at paliwanag, at gumagawa tayo ng isang malubhang pagkakamali sa pag-akma ng parehong pamamaraan upang makilala ang Dios.

Sinusubukan nating makilala ang Dios sa pamamagitan ng Agham at lohika sa halip na sa pamamagitan ng

relasyon; sinasalaysay at sinusuri natin ang kanyang katangian: siya ay gaya nito, kaya hindi siya tulad nito. Ang relasyon ay hindi nangangailangan na malaman ang "katunayan"; ang relasyon ay humihingi lamang ng karanasan na malaman ang isang tao.

Kanluranin na kaisipan

Ang problema sa ating kanluranin na pag-iisip ay ang Biblia ay hindi nakasulat ayon sa kanluranin na pag-iisip. Hindi din ito nakasulat sa silanganin o gitna na silangan na pag-iisip. Ang Biblia ay malinaw na nagsasabi na isinulat ito habang ang mga manunulat ay tinuturuan ng Espiritu Santo. Kaya ang Biblia ay pag-iisip ng Dios. Ang inspirasyon ay nagmula sa Espiritu Santo. Huwag nating hayaan na makalimutan natin ang katotohanan na ito, kung hindi, hindi tayo maghahangad sa paghahayag ng Espiritu Santo. Madaling igugol ang ating oras sa pag-usisa ng Griyego o Hebreo at maging palsipikado na iskolar, at tayo'y nanakawan ng espirituwal na pagkain. Ang Biblia hindi nangangailangan ng pag-uunawa at pangangatwiran; kailangan nito ang paghahayag. Syempre mayroong mga iskolar na ginugugul ang kanilang buhay upang pag-aralan ang mga sinaunang sulat-kamay; at hindi ko sila pinupuna. Ang sinasabi ko ay kailangan natin ang Tao na sumulat ng Biblia upang ihayag ang Biblia sa atin.

Maliwanag na pagsasalungat

Gusto kong magbigay pa ng karagdagang pahayag na ang katotohanan ay hindi lamang naglalaman ng

dalawang panig, ito ay laging naglalaman ng isang maliwanag na kasalungatan. Sinasabi ko na "maliwanag" dahil ang magkasalungat ay dalawang panig ng parehong katotohanan at maaaring umiiral ng ganap na magkasama. Siguro ang isang napaka-simpleng paglalarawan ay makakatulong sa ating pag-uunawa nitong pahayag.

Kung hahawakan ko ang isang barya na ang ulo ay nakaharap sayo, malinaw na hindi mo makita ang buntot. Ako, na nasa kabilang banda, ay makikita ang buntot at hindi ang ulo. Kapag tinanong ko kung ano ang nasa barya ay pareho nating ipahayag ang panig na nakikita natin at pareho tayong tama, kahit na tayo ay hindi nagkakasundo. Upang mauunawaan ang katotohanan, walang isa sa atin ang kailangang baguhin o ayusin ang barya (ang ating halimbawa ng katotohanan); kailangan lamang nating baguhin ang ating posisyon.

Halos maririnig ko ang mga tao na nagsasabi na ito ay isang pakiusap para sa isang kumpromiso. Minumungkahi ko ba na walang ganap na katotohanan, at na ang lahat ay katugon? Pinapalabnaw ko ba ang katotohanan? Sa kabaligtaran, ako ay nakikiusap para sa kabaligtaran ng kumpromiso. Ang aking paglalarawan ay nagsasabi sa atin na ang mga ganap ay umiiral, at ang katutuhanan ay kailanman hindi magbabago. Ngunit kailangan kong makita ang magkabilang panig kung gusto kong mauunawaan ang katotohanan.

Ano ang sinasabi ng Dios?

Hayaan nating magsalita ang Dios para sa kanyang sarili. Sa tuwing ipinahayag ng Dios ang kanyang katangian, ginagamit niya ang dalawang pahayag na tila

magkasalungat. Sa sampung utos, sinasabi sa Exodo 20:5 na, Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin…

Ang unang pahayag ay nagpapakita na ang Dios ay isang nakakatakot na hukom; ngunit itong pahayag ay nagpapatuloy sa talata 6, … At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos. Narito ang isang mapagpatawad, maawain na ama. Aling pahayag ang nagsasabi ng tunay na katangian ng Dios? Ang ating Dios ba ay naninibugho, nakakatakot na tagapaghiganti, o siya ba ay mapagmahal, mapagpatawad, maawain, nagpapaumanhin na Dios?

Kaluwalhatian ng Dios

Nang hiningi ni Moises sa Dios upang ihayag ang kanyang sarili at ipakita sa kanya ang kanyang kaluwalhatian, itinago ng Dios si Moises sa isang batik ng malaking bato at ipinahayag ang kanyang katangian. Ano ang sinabi ng Dios tungkol sa kanyang sarili? Sinabi niya ang eksaktong kapareho ng sa sampung utos – ipinahayag niya ang dalawang panig ng kanyang katangian. Exodo 34: 6-7 - Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; Na gumagamit ng kaawaan sa libolibo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan…Narito ang mapagmahal, mapagpatawad at mapag-unawa na Dios; ngunit nagpatuloy siya na naglalarawan ng kabaligtaran:

at sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ika apat na salin.

Alin ba ng tunay na katangian ng Dios? Ang ating mapamaraan na lohika ay magsasabi na alinman sa dalawa; hindi maaaring maging pareho. Ngunit ang katotohanan ng katangian ng Dios ay parehong mga pahayag.

Ang pendulo

Gusto kong ipaalala ang ating prinsipyo: ang katotohanan ay hindi maaaring manggaling sa nag-iisang pahayag lamang. Ang panganib ay darating kapag isa lamang na bahagi ng katangian ng Dios ang ipinangangaral at hindi sinasama ang isa. Tanging ang buong katotohanan ang maaaring makapapalaya sa atin. Bago ang isang saksi ay pinahihintulutan na magbigay ng kanyang ebidensiya sa isang hukuman ng batas, sila ay kailangang magbigay ng panunumpa na: "Nanunumpa ako sa Makapangyarihang Dios na magsasabi ng katotohanan, ang buong katotohanan, at walang anuman kundi ang tanging katotohanan." Bakit ang batas ay hindi lamang nangangailangan ng "katotohanan"? Dahil kahit na ang batas ay nauunawaan na ang solong pahayag, o isang panig ng katotohanan, ay hindi sapat, kailangan nito ang buong katotohanan; higit pa sa isang pahayag, upang makakuha ng isang tunay na pagtatasa ng mga katotohanan.

Ang ministro ng ebanghelyo ay dapat ipangaral na ang Dios ay mapagmahal at mapagpatawad, at na gusto

niya na pagpalain tayo. Dapat din nilang ipangaral na Siya ay isang nakakatakot na hukom, at na kailangan nating harapin ang bawat salitang walang kabuluhan na lumalabas sa ating mga bibig: na ang kapighatian, gayun pa man ang mga pagpapala, ay isang mahalagang bagay ng buhay Kristiyano. Ang pagkabigong magawa ito ay magdadala ng isang tiwali ng ebanghelyo at ito ay isang paninirang-puri sa tunay na katangian ng Dios. Ang prinisipyo na ito ay pare-pareho sa buong Biblia, at ang ating pag-uunawa nito ay magdadala ng pagkakaiba sa ating pag-uunawa ng salita ng Dios.

Kabanata 14

Dalawang katangian

Sa unang liham ni Juan sa simbahan, Kabanata 1:8, mababasa natin, Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. Tiyak na tinutukoy ni Juan ang mga Kristiyanong mananampalataya. Tinutukoy niya ang mga taong nagsisi at tinanggap ang kapatawaran ng Dios. Isang maging kamanghamangha kung ang pangtubos-sala ay ginawa tayong hindi makasalanan, ngunit, sa alam ng kahit sinong tapat na mananampalataya na hindi ito ang kaso. Tayo ay pinatawad, at matuwid (matuwid sa Dios), at hindi na mananagot sa ating mga kasalanan, dahil ang pangtubos-sala ay isang walang hanggang sakripisyo. Kahit na ang mga kasalanan na magawa natin sa hinaharap ay buo na nabayaran, ngunit tayo ay hindi at hindi maging walang kasalanan habang nananatili tayo sa ating makamamatay na katawan.

Ang mga Kristiyano ay nagkakasala pa rin

Ang kasalanan ay anumang mababa kaysa perpekto – ibig sabihin, ang anumang mababa kaysa ganap na kalooban ng Dios. Ang mahalay na pag-iisip, ang galit na walang dahilan, isang pagmamalabis ng katotohanan na naging isang kasinungalingan; hindi tayo maaaring mabuhay isang araw na hindi nagkasala. Sinisigurado ni Pablo sa atin na wala nang pagkondena mula sa Dios, o kahit anong kapangyarihan ng paratang mula kay Satanas, dahil ang halaga ay binayaran na para sa atin ng pauna, at tayo ay pinalaya upang maglingkod sa Dios.

Dahil ang liham na ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya ang talata 9 ay naging nakakaakit. Sinasabi ni Juan, Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. Ipapalagay natin na tinutukoy ni Juan ang hindi mga mananampalataya. Maging kakaiba ang pagsabi niya tulad ng, "Ang Dios ay maawain at mapagmahal", dahil ang awa at biyaya ang siyang kailangan upang ang ating mga kasalanan ay mapatawad. Sa halip, ginamit ni Juan ang mga salitang "tapat at makatarungan". Ano ang kinalaman ng katapatan at katarungan sa pagpapatawad? Ang sagot ay: ganap na wala! Natanggap na ng mga Kristiyano ang awa at biyaya, at ang kanilang kapatawaran ay kumpleto, kaya ano ang gustong sabihin ni Juan sa atin sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang ito? Sinasabi niya na kapag tayo ay tapat na aminin na tayo ay makasalanan pa rin, ang Dios ay tapat at makatarungan

na tuparin ang kanyang pangako. Ang Dios ay patuloy na magpapatawad sa atin, at dapat wala na tayong kung anong problema tungkol sa pagkondena.

Karagdagang katibayan

Hindi lamang isang kasulatan ni Juan ang nakakumbinsi sa akin para dito; marami pang ibang kasulatan, halimbawa sa liham ni Pablo sa mga taga Galatia at Roma, nagsasabi sa atin ng eksaktong parehong bagay. Ngunit hindi ko na kailangan si Pablo upang ihayag sa akin ang kundisyong ito sa akin, ganun din ang iba pang mga kasulatan upang kumbinsihin ako na ako ay nagkakasala pa rin. Kailangan kong tumingin hindi malayo sa aking puso at sa aking pang araw-araw na buhay. Kahit na ako ay nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, at kahit na alam ko na ako ay lumago sa mga lumipas na panahon, masasabi ko ang sinabi ni Pablo nang magpahayag siya sa iglesia sa Roma 7:19, Sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa: nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay siya kong ginagawa. Ako ay mayroon pa ring pangtutungali sa aking sarili, pagkatapos ng maraming taon, ngunit ako ay lubos na malaya mula sa anumang pagkondena sapagkat ang Dios ay tapat at makatarungan sa kanyang salita, at ang kanyang anak na si Hesus ay palaging namamagitan para sa akin sa kanang kamay ng Ama.

Ang mga Kristiyano ay hindi maaaring magkasala

Sa parehong sulat ni Juan, tatlumpu't limang talata lamang pagkatapos ng ating unang pahayag na ang mga Krisitiyano ay hindi maaaring mamuhay na hindi nagkasala,

sinasabi sa Kabanata 3:6 na, Ang sinomang nananahan sa kanya ay hindi nagkakasala; sinomang nagkakasala ay hindi nakakita sa kanya, ni hindi man nakakilala sa kanya; at sa talata 9, Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kanyang binhi ay nananahan sa kanya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios.

Kasasabi lang ni Juan ng malinaw sa Kabanata 1 na ang mga Kristiyano ay nagkakasala pa rin, subalit ngayon mayroon tayong malinaw na pahayag na ang isang Kristiyano ay hindi nagkakasala, at mas nakakagulat, hindi maaaring magkasala.

Ang banayad na pamamaraan

Muli, nakita natin ang prinisipyo na aking binalangkas sa nakaraan na kabanata na inilapat sa pamamagitan ni Juan: palaging mayroong dalawang panig ng katotohanan. Ang katotohanan ay palaging naglalaman ng kabaligtaran at kasalungat. Kung hindi natin kinikilala ang prinisipyo na ito, maaari nating maipasisiya na isa sa mga pahayag ni Juan ay totoo at ang isa ay hindi totoo. Ito sa katuusan ang ginagawa ng maraming Kristiyano.

Gayunman, hindi nila maaaring ipahayag ito ng tahasan, dahil sa pinapahayag nila na sila naniniwala na ang Biblia ay kinasihang salita ng Dios, at sa gayon hindi ito maaaring mayroong anumang kasinungalingan o pagkasalungat dito. Kaya napilitan silang tanggapin ang banayad na pamamaraan: pinipili nila ang panig ng katotohanan na mas madali para sa kanila upang sumang-ayon, at binibigyan nila ng katwiran ang banal na kasulatan na nagsasabi ng kasalungat sa pagsasabi na,

"Alam ko na sinabi yan ni Juan, ngunit ang ibig talaga niyang sabihin ay…." At sinusubukan nilang iugma ang asiwang pahayag sa isa sa kanilang "napatunayan na doktrina" upang bigyang-katwiran ang kanilang mga sarili. Bilang kahalili maaari nilang sabihin na "hindi natin dapat tanggapin ang patay na titik ng salita, kundi unawain ang espiritu ng kung ano ang sinusubukang sabihin ng manunulat sa atin"; at sa pamamagitan nito binibigyan nila ang kanilang mga sarili ng karapatan na gawin ang banal na kasulatan na magsabi halos kahit ano ang gusto nilang sabihin, para hindi nila masaktan ang damdamin ng kanilang mga doktrina.

Hindi ko ito sinasabi upang maging mapamintas o mapanuya sa anumang paraan, ngunit dahil napagtanto ko ang paghihirap na hinaharap ng mga tao kapag naniniwala sila na ang katotohanan ay maaaring mahanap sa solong pahayag lamang. Sinusubukan ko lamang na ipakita ang mga problema na lumalabas dahil sa paniniwalang ito.

Walang pagkakasundo

Paano natin mapagkasundo ng dalawang magkasalungat na pahayag sa Biblia? Hindi natin magagawa ito at hindi natin dapat gawin. Ang dalawang magkasalungat na pahayag ay palaging tatayo ng perpekto sa kanilang mga sarili at hindi na kailangan para "magkasundo". Palaging mayroong sagot kung titingnan natin ang barya bilang isang buo at hindi ang "pagkakasalungatan" ng dalawang panig.

Ang sagot sa dalawang pahayag ni Juan ay napaka simple, sa sandaling tinatanggap natin na ang mga ito ay

parehong tunay na pahayag sa kanilang sarili. Ang sagot ay na ang bawat pahayag ay tumutukoy sa ibat-ibang likas o katangian. Ang isang Kristiyano ay isang tao na mayroong dalawang ganap na iba't-ibang katangian. Ang pahayag ni Juan ay perpektong ugma, dahil ang isa sa mga katangian na ito ay hindi maaaring magkasala, ang isa pa ay hindi maaaring maglikat sa pagkakasala. Tingnan natin itong dalawang katangian ng buong detalye upang walang duda ang katotohanan nito ukol sa Biblia.

Ang lumang kalikasan, o katangian, ay kilala rin bilang ang kalikasan ni Adan, dahil ito ay nagsimula sa kasalanan ni Adan. Ang bawat Kristiyano alam na si Adan ay nilikha ng walang kasalanan, ngunit marami ang hindi mapagtanto na siya ay nilikha din na walang konsiyensya o budhi.

Ang punong kahoy ng budhi

Ito ay kitang-kita kapag isaalang-alang natin na ang punong kahoy na ipinagbabawal ng Dios kay Adan na kumain ay tinatawag na kahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. "Ang kaalaman ng mabuti at masama" ay perpektong kahulugan ng salitang "budhi"; ang dalawang salita ay maaaring mapagpapalit. Si Adan ay walang budhi, nangangahulugan na wala siyang moral na pagpipilian. Ang moralidad ay maaari lamang nanggaling sa kaalaman ng kung ano ang mabuti at masama. Hindi gusto ng Dios na malaman ni Adan kung ano ang mabuti at masama, dahil pinagbawalan siya nito ng daan papunta ng punong kahoy, ang mga paraan ng pagkuha ng impormasyon na ito. Ang pagpipilian ni Adan ay tanging isa sa pagsunod o pagsuway, at wala itong kinalaman sa kahulugan ng kung ano ang mabuti at masama.

Ang pagsunod

Hindi madalas nauunawaan na ang pagsunod at pagsuway ay walang kinalaman sa budhi, moralidad, mabuti at masama, o tama at mali. Sinabihan si Adan na maging masunurin. Ngunit hindi siya naging masunurin dahil alam niya na "tama" o "moral" o "mabuti" ang maging masunurin, o dahil ang kanyang budhi ang nagsabi sa kanya na gawin ito. Sa katulad na paraan, kung siya ay suwail, hindi siya gumagawa ng isang bagay na kung saan alam niya na mali o masama. Si Adan ay walang moral na "sistema ng kahalagahan" kung ano ang tama at ano ang mali. Ang tanging nasa kanya ay ang utos ng Dios, "sundin mo, huwag sumuway", walang dahilan kung bakit, walang kahit anong moralidad. Ang pagsunod ay isang hiwalay na isyu mula sa moralidad at budhi.

Hindi madali sa akin ang bigyan-diin ang puntong ito dahil ang tunay na Kristiyanismo ay walang kinalaman sa moral at budhi. Iyan ay maling puno- ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Ang Kristiyanismo ay may kinalaman sa daanan patungo sa punong kahoy ng buhay. Ang pagsunod, at pagpapasakop sa kalooban ng Dios. Ang pagsunod ay nagbigay kay Adan ng daan sa punong kahoy; ngunit nang kinain niya ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama siya ay naging hiwalay sa punong kahoy ng buhay. Ang budhi, ang pagkilala ng mabuti at masama, ay talagang mapanira sa Kristiyanismo. Ito ay humaharang sa simpleng pagsunod, dahil kapag ang tao may kaalaman tungkol sa mabuti at masama, walang kasiguraduhan na ang kanilang mga kahulugan

ng kung ano ang mabuti at masama ay sumasang-ayon sa kung ano ang itinuturing ng Dios na mabuti o masama. Sinasabi sa Roma 5:18-19 na, Sapagka't kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao ang marami ay naging mga makasalanan. Ang ibig sabihin ay ipinanganak tayo na makasalanan. Hindi nito sinasabi na ipinanganak tayo na perpekto at nagsimula na gumawa ng kasalanan matapos na ito ay naunawaan natin. Ito ay pinakakatangian natin nang tayo ay ipinanganak, at ito ay ating mana mula sa ating ama sa laman, si Adan.

Ang pagpaparami

Ang isang malinaw na pagtuturo sa buong Biblia ay ang lahat ng bagay na nilikha ng Dios ay namumunga ng sarili nitong uri. Ang mansanas ay namumunga ng mansanas, ang aso ay nanganganak ng aso, at kung ang dalawang mga makasalanan ay may isang anak, sila ay lumilikha ng hindi humigit o kumulang sa kanilang mga sarili – isang sanggol na makasalanan! Ipinapalagay ko na hindi ito masyadong kasiya-siya sa ating mga sariling imahen; gayunpaman, kailangan nating mapagtanto na ito ay kasalanan ni Adan, hindi atin, na siyang sanhi nitong kalagayan na ito. Pinagmana lamang natin ang kasalanan na ito sa pamamagitan ng kapanganakan. (Dapat ko ring sabihin na tayo ay gumagawa ng kasalanan sa pamamagitan ng sariling pasya, ngunit ito ay naiibang bagay.)

Ang kasalanan ay likas

Ang sinumang magulang ay magpapatunay na ang isang bata ay hindi na kailangan ang isang

leksiyon kung paano maging sakim, makasarili, o matigas ang ulo. Ang lahat ng mga bagay na ito ay likas na dumadating. Ang kailangan nating ituro sa ating mga anak ay dapat sila ay maging masunurin at hindi maging makasarili. Kailangan ang nararapat na parusa upang ipatupad ang mga kinakailangang pagbabago. Ito ay nagiging mas hindi naaayon sa moda sa ating makataong lipunan ngayon, at inaani natin ang bunga ng isang henerasyon ng mga magulang na nag-iisip na ang kanilang mga anak ay "mahanap ang kanilang sariling antas" ng pag-uugali na walang anumang malinaw na patnubay at disiplina. Mula sa ating mga unang pagtuturo at disiplina bilang isang bata, natutunan nating kontrolin ang kalikasan ni Adan sa atin sa pamamagitan ng pagawa ng batas, at mga parusa para sa mga paglabag sa mga batas.

Kasakiman

Gusto kong gamitin ang kasakiman bilang isang halimbawa. Ang kasakiman ay ang pagnanais para sa isang bagay na kung saan ay hindi nabibilang sa atin. Natural lamang ang maging mapag-imbot. Maraming mga tao ay magnakaw kung walang batas, walang parusa, at walang kahihiyan na nakalagay sa pagkakasala. Ito ay tiyak na maging isang malaking tukso. Ang kaimbutan ay karaniwan sa tao, at wala ni isa na malaya mula dito. Ang lipunan ay tumutulong upang paikliin itong likas sa ating kaugalian sa pamamagitan ng paglikha ng mga batas at parusa. Kadalasan ang takot na mahuli ay siyang pumipigil sa isang tao upang magnakaw, o mangangalunya, o ang pagtupad sa anumang pagnanasa ng laman.

Kung ang aking mga sinulat ay tila nanghuhusga at mahirap sa kalikasan ng tao, gusto kong dalhin kayo sa banal na kasulatan at sa mga listahan ng "mga gawa ng laman" na binigay ni Pablo (na kung saan ay pareho sa lumang kalikasan). Sinasabi sa Galatia 5: 19-21 na, At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito. Upang tanggapin na mayroon pa rin tayong lumang kalikasan ay dapat tanggapin na nasa atin ang potensyal para sa lahat na bagay sa listahan ni Pablo.

Sa ating mga puso

Ang mga gawa ay nasa ating mga puso at pag-uugali, ngunit ang paghahayag ay nasa ating panglabas na gawa. Ang isang tao ay maaaring kontrolin ang kanyang mga pagkilos, ngunit ito ay isang maliit na halaga sa Dios kung ang "gawa" ay nasa puso pa rin, sapagkat palaging ang puso ang hinuhusgahan ng Dios. Sa di kagandahang palad, maraming mga Kristiyano ay sinusubukan pa ring supilin ang lumang likas na katangian sa pamamagitan ng kanilang sariling kakayahan. Hindi ito ang sagot. Ang lakas ng loob ay hindi kailanman maaaring baguhin ang ating katangian; pinipigil lamang nito ang mga bagay na nakakahiya na mahayag sa panlabas. Ang sarili ay hindi maaaring baguhin ang sarili. Maaaring maging tagumpay tayo sa pagsupil ng ating panlabas na pagkilos, hanggang

maaari, at ipapalagay na ang ating mga puso ay dalisay at tayo ay banal sa ating pag-uugali. Ngunit ito ay hindi maaaring maglutas ng problema, dahil ang ating sarili ay nasa puso pa rin natin, at iyan ay hindi maaaring masupil.

Ang Biblia ay nagbibigay ng isa lamang na sagot kung paano harapin ang ating sariling buhay; kailangang mamamatay, dahil hindi kailan man ito maaaring supilin o lilinisin. Kung nakalimutan natin ang nasa loob at hahatulan natin ang ating sarili ayon sa panlabas na kilos, ito ay pagkukunwari, kung saan ay siyang kasalanan ng mga Pariseo.

Ang isa pang napakasukdulan ay ang mga taong tapat sa kanilang sarili, at napagtanto na ang kanilang lihim na buhay ay malaya sa pagkabanal. Syempre ito ay nagdadala sa kanila ng pakiramdam na nakondena. Sa loob ng dalawampung taon ako ay nahulog sa pangalawang kategoreya na ito. Kahit na ako ay magaling sa paglinlang ng ibang tao, hindi ko gusto na linlangin ang aking sarili, kaya pakiramdam ko ako ay isang pangalawang klase na Kristiyano. Hindi ako kailanman malaya sa pagkakasala. Ako ay nananalangin at hinihingi sa Dios na bigyan ako ng malakas na kalooban upang matagumpayan ko ang aking mga hinahangad at mayroong kapangyarihan sa aking pagmamataas, pagkamakasarili, at libog; ngunit hindi ko natanggap ang kapangyarihan upang supilin ang mga lihim na pagnanasa na ito.

Ang bagong likas na katangian

Pagkatapos ng dalawampung taon na pagpupungyagi namalayan ko na ang Dios ay hindi nagkukumpuni ng

lumang likas na katangian; binibigyan niya tayo ng isang bago. Dati kong nalalaman na ang Biblia ay nagsasalita tungkol sa bagong kapanganakan, subalit wala akong personal na paghahayag nito.

Kung, kapag ko ay ipinanganak ng laman, minana ko ang katangian ni Adan, malinaw na kapag ako ay ipinanganak muli ng Espiritu, minana ko ang katangian ni Kristo. Anong magkakaibang likas na katangian ito! Sinasabi ito ni Pablo sa Galatia 5: at tinatawag niya ito na "bunga ng Espiritu": Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan. Ang katangian na ito ay nasa bawat isa na ipinanganak ng Dios. Imposible para sa atin ang hindi mamanahin ang katangian na ito kung ang Dios ay ating Ama.

Ang dalawang puno

Ngayon dapat nating mauunawaan ang sagot sa dalawang magkasalungat na pahayag na ginawa ni Juan. Ang lumang likas ni Adan ay hindi maaaring tubusin. Ito ay bumagsak at palaging maging ganito. Ayon sa sinasabi ni Jesus sa Mateo 7:18, Ang masamang puno ay hindi maaaring magbunga ng mabuti. Ang lumang likas ni Adan ay isang masamang puno at ito ay palaging magkakasala. Mangyari pa, ito ay masamang balita, ngunit ang magandang balita ay ito: ang Dios, sa pamamagitan ni Hesus, ay binigay niya sa atin ang kanyang sariling kalikasan. Ngayon ito ay naiibang puno. Ito ay hindi na puno ng pagkakilala ng mabuti at masama, ngunit puno ng buhay, at ito ay perpekto at hindi maaaring magkasala.

Sinabi din ni Hesus sa parehong talata na ang mabuting puno ay hindi maaaring magbunga na masamang prutas.

Ang isang simpleng solusyon

Sinasabi ni Pablo sa Roma 8 talata 2 na, Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay na kay Cristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan. Ito ang dalawang batas na namamahala sa ating dalawang likas na katangian. Isang simpleng sagot at sa gayon nagpapalaya – subalit sa aking obserbasyon tapat ko na nararamdaman na ang karamihan ng mga Kristiyano ginugugol ang kanilang mga pagsisikap na sinusubukang supilin ang likas na katangian ni Adan, sa paniniwala na ito ay mapabuti o maging kontrolado, sa halip na kalimutan ito at ituon sa pagpapakain ng bagong likas na katangian.

Magsilakad ayon sa Espiritu

Ang tinuturo ni Pablo sa Galatia 5:16 ay na kung tayo'y nagsisilakad sa espiritu (ang ating bagong likas na katangian), hindi natin gagawin ang mga pita ng laman (ang ating lumang likas na katangian). Kung mapapansin ninyo hindi niya sinasabi na para sa mga Kristiyano ang pita ng laman ay kusang mawawala. Sinasabi niya na hindi natin tinutupad ang mga ito. Anong ibig sabihin nito? Ang kasunod na talata ay nagpapakita sa atin na may linalabanan tayo araw-araw: Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin.

Kung ang isang tao ay tinatanggap ang simpleng katotohanan na kung saang likas na kalikasan ang ating nilalakad ay sa bandang huli mahahayag sa ating panlabas na pamumuhay, pagkatapos makikita na tayo ay lumalakad sa likas na kalikasan na ating linalangin at pinapakain. Ito ang lihim ng isang maligaya, banal na buhay – ang lunasin ang ugat. Dapat nating patayin sa gutom ang lumang kalikasan at pakainin ang bagong likas na katangian. Ang ating pag-uugali ay isang maging likas na resulta nito na walang anumang kailangang pagsusumikap o mag-ehersisyo ng lakas ng kalooban.

Isipin ang isang ama na nangangaral ng kanyang mga anak tungkol sa paglago sa pamamgitan ng pagtuturo na subukan at mag-inat at magtuon at magsusumikap. Hindi natin maiisip na ang sinumang ama ay walang muwang. Ang dapat niyang kailangang gawin ay pakainin ang kanyang anak araw-araw, at ang paglago ay kusang mangyari. Sa kasamaang palad, maraming mga Kristiyano ang nagsusumikap upang lumago sa kanilang espirituwal na buhay, gumagawa ng kahit anong pagsisikap upang maging banal at mature, subalit ang lahat ng kailangan nila ay araw-araw na espirituwal na pagkain na siyang pinaka bagay na kanilang pinapabayaan! Ito ay nakakalungkot; ngunit hindi lamang nila pinapabayaan ang bagong likas na katangian, pinapatuloy din nila na pinapakain ang lumang kalikasan.

Sa paglipas ng mga taon mas dumarami ang doktrinang kanilang napag-aralan, napag-aralan nila ang bagong mga pormula, at pamamaraan para sa kapangyarihan at sa pagtupad ng kanilang sariling nais – ngunit hindi sila lumalago sa katangian katulad ng kanilang Ama sa langit.

Ang pagpapakain sa lumang kalikasan

Ang mga bagay na nagpapakain ng ating lumang kalikasan ay maaaring mukhang halata sa maraming mga Kristiyano – ang pagbabasa ng pornograpiya, isang halimbawa. Subalit, maaari tayong maging nasasanay sa ating araw-araw na pamumuhay, na hindi natin namamalayan kung gaano natin kadalasang pinapakain ang ating lumang kalikasan araw-araw. Hayaan niyo akong ibahagi ang isang bagay na hindi natin masasabi na makasalanan, tulad ng isang pahayagan. Malinaw na mayroon itong isang sari-saring laman mula sa malaswa hanggang sa magandang basahin, ngunit ang karamihan ng araw-araw na balita ay pag-uulat ng kasamaan, eskandalo, pamimintas, alingawngaw o lamang payak na kasinungalingan. Ito ay palaging tiyak na may pinapanigang pulitika, at ang isang pahayagan lamang ay hindi maaaring magbigay ng katotohanan sa mga mambabasa. Maging ano paman, bakit ang isang Kristiyano gustong basahin araw araw ang mga bagay tungkol sa pagpatay, panggagahasa, away pulitika at immoral na kapilyuhan, kung saan ang Bibila ay nag-sasabi sa atin sa Filipos 4:8 isipin ang mga bagay na ito: anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat? Ang mga katangiang ito ay madalas hindi natin mahanap sa mga pahayagan!

Sa telebisyon ang mga teleserye ay nakabatay sa mga walang kabusugan na pagnanais ng mga tao para sa tsismis at iskandalo. Ang telebisyon ay ang pinakamalaking makina ng propaganda na nakilala sa

mundo kailanman. Binabago nito ang pag-iisip ng buong kontinente, at ito ay lubhang banayad, dahil ito ay paulit-ulit sa napakaraming taon. Dahil sa mass midya, ang buong kontinente ay nakikita ang parehong patalastas, parehong pananaw, parehong pamantayan, at nawawala ang ating reperensiya kung ano ang tama sa paningin ng Dios.

Ang buong komunidad ay nakaprograma sa parehong oras, at sa kasamaang palad, parehong bagay ang nangyayari sa iglesia, dahil ang kakaibang doktrina ay pinapahayag sabay-sabay sa mga Kristiyano sa buong mundo gamit ang modernong midya. Sinalusob na ng mundo ang maraming bahagi ng modernong iglesia, dahil ang ministro at mga kongregasyon ay pinapakain ang kanilang lumang likas na katangian. Naniniwala sila na ang sarili ay maaaring magkasundo sa pag-iisip ni Kristo, at dahan-dahan ang ebanghelyo ay nasisira at naging makatwiran, sa halip na isang paglusob at espada.

Hinihiwalay ko ang midya bilang isa lamang na halimbawa; ngunit kung ating susuriin ang mga oras na ating ginugugol sa paggawa ng makamundong bagay (sinasabi kong muli, hindi mga makasalanang bagay) laban sa oras na aktibo nating ginagamit sa pagpakain ng ating bagong likas na katangian, hindi nakapagtataka na ang moral na pamantayan ng mga Kristiyano ay kumikiling ng parehong bilang ng sa mundo. Kung ang simbahan ay pinanatili ang pamantayan nito sa loob ng nakaraang isang daang taon, ang puwang sa pagitan ng mundo at ng simbahan ay maging napakalawak na ito ay magdadala ng panlilibak at pag-uusig – ang pina ka epekto na sinabi ni Hesus na maging krus ng isang lipunan.

Itigil ang pagsusumikap

Gusto kong tapusin ang kabanata na ito sa pamamagitan ng pagbigay importansiya sa isang problema na mayroon ang maraming Kristiyano kapag sila ay hinahamon ng hiling ng kabanalan. Handa ang mga ito na aminin na mayroon pa silang mapag-imbot o malibog na pag-iisip sa kanilang buhay, o na sila ay makasarili, o mahirap para sa kanila ang magpatawad ng kanilang mga kaaway. Ang problema, ayon sa nakikita nila, ay na wala silang malakas na kalooban. Kung mayroon lamang silang paghahangad, sa tingin nila, maaari nilang matagumpayan ang kanilang lihim na mga kamalian.

Naniniwala ako na ang diyablo ay tunay na masaya sa pagsusuri na ito – sa katunayan sa tingin ko ito ay kanyang iminungkahi sa kanila unang- una. Hinihikayat niya ang mga Kristiyano sa pag-iisip tulad ng "Subukan mo pa ng maigi, ang Dios ay tutulong sa iyo", o, "Hilingin mo sa Dios na bigyan ka niya ng malakas na kalooban". Hindi ako naniniwala na ang diyablo ay nag-aalala kapag ikaw ay nananalangin sa Dios, kung ikaw ay humihingi ng isang bagay na hindi mabibigay ng Dios sa iyo. Alam ng diyablo na ang iyong pagsusumikap upang maging banal ay gagawa sa iyo na maging mapagmataas, at maghatol sa iba, o, kung ikaw ay mabigo, hahatulan mo ang iyong sarili. Alinman sa dalawa siya ay nalulugod sapagka't inilihim niya ang tunay na paraan ng kabanalan. Aking ibabahagi sa susunod na kabanata ang pinaniniwalaan ko at naranasan sa aking buhay, at nakita sa hindi mabilang na mga tao: ang simpleng katotohanan na hindi mo

kailangan ang isang malakas na kalooban upang maging banal. Hindi ko sinasabi na ang paglinang ng isang malakas na kalooban ay isang bagay na masamang gawin. Isang mabuting bagay ang maging disiplinado. Ang ibig kong sabihin ay ang ating kalooban ay hindi ang ugat ng problema, at ang nais ng Dios ay palagi nating harapin ang ugat. Ang anumang ibang paraan ay palaging hindi maging matagumpay sa totoong buhay na binalak ng Dios para sa atin.

Kabanata 15

Ang Lahat Ay Nasa Isip

Ito nga ang sinasabi ko, at sinasaksihan sa Panginoon, na kayo'y hindi na nagsisilakad pa na gaya naman ng lakad ng mga Gentil, sa pagpapalalo sa kanilang pagiisip, Na sa kadiliman ng kanilang pagiisip, ay nangahiwalay sa buhay ng Dios, dahil sa kahangalang nasa kanila, dahil sa pagmamatigas ng kanilang puso; Na sila sa di pagkaramdam ng kahihiyan ay napahikayat sa kalibugan, upang kalakalin ang lahat ng karumihan ng buong kasakiman. Nguni't kayo'y hindi nangatuto ng ganito kay Cristo; Kung tunay na siya'y inyong pinakinggan, at kayo'y tinuruan sa kaniya, gaya ng katotohanan na kay Jesus. At inyong iwan, tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay na nakaraan, ang dating pagkatao, na sumama ng sumama ayon sa mga kahalayan ng pagdaraya; At kayo'y mangagbago sa espiritu ng inyong pagiisip.

Mga Taga- Efeso 4:17-23

Kung ang isang Kristiyano ay hindi kailangan ang malakas na kalooban upang baguhin ang kanyang mga hinahangad at motibo, o upang masupil ang kanyang mga ambisyon at mga masamang pita, sa gayon ano ang kanyang kailangan? Isang bagay ang tiyak: ang ating likas na katangian ay hindi magbabago ng kanyang sarili. Ang sarili ay nangangailangan ng kamatayan sa pamamagitan ng pagpako sa krus para sa kalikasan ni Hesus na maghari sa ating mga katawan, upang maaari nating ihahayag ang bunga ng Espiritu, at hindi ang gawa ng laman. Naniniwala ako na ang lihim ay hindi sa ating kalooban ngunit sa ating isip. Ang isang pagbabago ng aksyon ay nagmula sa isang pagbabago ng saloobin.

Sino ang nangangailangan ng isang malakas na kalooban?

Ang Roma 7 talata 15-21 ay nagpapakita ng labanan na mayroon tayong lahat sa ating dalawang kalikasan. Sa talata 19 sinasabi ni Pablo na, sapagka't ang mabuti na aking ibig, ay hindi ko ginagawa: nguni't ang masama na hindi ko ibig, ay siya kong ginagawa. Kung ang malakas na kalooban ay maaaring gawin ang isang tao na banal sa kanilang lihim na buhay, ako ay kumbinsido na ito ay nakamit ni Pablo, at hindi na kailangan upang gumawa ng pag-amin. Kung sinuman ang maaaring disiplinahin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kapangyarihan iyan ay si Pablo, isang Fariseo, kung saan naging edukado alinsunod sa mahigpit na kasulatan ng batas. Subalit inaamin niya na hindi niya ito magagawa.

Sinasabi din ni Pablo sa talata 22 at 23 na sa kanyang bagong kalikasan mahal niya ang kautusan ng Dios,

ngunit may isa pang kautusan na gumagawa ng aksyon sa kanyang lumang kalikasan kung saan lumalaban sa kautusan sa kanyang isip. Sa talata 25 tinatapos nito na, Kaya nga tunay kong ipinaglilingkod ang aking pagiisip, sa kautusan ng Dios; datapuwa't ang laman ay sa kautusan ng kasalanan.

Nagsisimula ito sa isip

Hindi madaling tanggapin na ang kabanalan ay nagsisimula sa isip, ngunit ito ang lihim sa totoong kabanalan – at isang bantay laban sa sariling kabanalan, sapagka't tuwing nagtagumpay tayo sa pagsupil ng ating panlabas na aksyon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kalooban, tayo ay naging nasa panganib ng pagiging makasarili at sapat sa sarili; ang sarili ay nagiging mataas.

Karamihan sa mga tao ay tinatanggap na mayroon tayong malay-tao at hindi malay-tao na isip. Mayroong talata sa Hebreo 4:12 na makakatulong sa atin upang linawin ang pagkakaiba. Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso.

Kaluluwa at espiritu

May tatlong bahagi na ginagawa ng salita ng Dios na kung saan ang mga Kristiyano ay nahihirapan na unawain. Ang una ay ang paghahati sa pagitan ng kaluluwa at espiritu. Gaano karaming mga debate ang umiinit sa mga

nakakaraming taon sa pagitan ng kung ano ang kaluluwa at kung ano ang espiritu! Kahit pagkatapos ng ilang siglo ng pagsisiyasat ng doktrinang ito, ang paghahati ay hindi pa rin naging mas malinaw sa mga karaniwang mananampalataya.

Ang kasukasuan at ang utak ng buto

Ang ikalawang paghahati ay sa pagitan ng kasukasuan at ng utak ng buto. Anong kakaibang paghahati! Kung gusto nating makarating sa ilalim ng isang bagay madalas nating sinasabi na "Let's get to the bones of the matter", at ang ibig nating sabihin ay alisin natin ang lahat na tumatabon sa katotohanan. Ngunit ang salita ng Dios ay maaaring pumunta sa mas malalim pa kaysa nito, dahil kapag nahubaran na natin ang lahat hanggang sa kalansay nalang ang naiiwan, mayroon pa ring mga bagay na hindi natin makikita. Ang utak ay nasa loob ng buto mismo. Ang dalawang unang halimbawa ay nagpapakita sa atin ng prinsipyo, ngunit ang ikatatlong halimbawa ang may kinalaman sa atin.

Ang pagiisip at ang mga haka

Ang salita ng Dios ay maaaring magpasya sa pagitan ng pagiisip at haka ng puso. Ito ay nangangahulugan na may pagkakaiba sa pagitan ng kung ano talaga ang nasa sinasadyang pagiisip natin at kung ano ang ating motibo, o haka sa ating walang malay na pagiisip. Mayroong isang mahalagang pagkakaiba, at isa na kailangan nating mauunawaan kung nais nating lumago sa kabanalan.

Utak o puso

Mahalaga na mauunawaan natin ang pagkakaiba sa pagitan ng utak at ng puso. Napagtanto ko na mayroong maraming opiniyon sa paksang ito. Kadalasan ang pagkakaiba ng mga opiniyon ay talagang may kinalaman sa termino at kahulugan, at ang paraan ng ating pagpapaliwanag ay batay sa ating sariling kinagisnan na kaalaman. Ang bawat tao ay nagmula sa magkakaibang anggulo. Samakatuwid kinakailangan na maunawaan ninyo muna ang aking kahulugan upang masundan ninyo ang aking argumento.

Naniniwala ako na ang utak ay isang pisikal lamang, at masabi natin na ito ay simpleng biyolohiya na kompyuter ng katawan. Nangangahulugan na hindi ito makapag-isip para sa sarili. Kailangan itong naka programa. Ang pagiisip o ang pag programa, ay samakatuwid mula sa ating espiritu, ang hindi pisikal na bahagi natin. Ito ay kung saan nagmula ang ating motibo, ambisyon, pita at mga damdamin.

Malay-tao o hindi malay-isip

Nais kong kilalanin ang pagitan ng malay-tao at hindi malay-isip, at sa tingin ko madaling gawin ito mula sa Biblia. (Gusto kong linawin ang katotohanan na ang laman at espiritu ay konektado, at sa gayon sila ay madalas na nagtutulungan bilang isa, kaya kahit na ang aking pagtatangi ay napaka simple upang matulungan tayo upang maunawaan ito, napag-alaman kong marami pang iba na paliwanag ang kinakailangan upang ganap na matuklasan ang mga temang ito.)

Kapag ang Biblia ang nagsasabi tungkol sa "pag-iisip" sa tingin ko ito ay tumutukoy sa ating sariling-malay, malay-tao na pag-iisip. Halimbawa, sa Filipos hinihikayat tayo ni Pablo na isipin ang anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan. Malinaw na may malay tayo kung ano ang ating iniisip kung sinusunod natin ang tagubilin ni Pablo.

Ang puso

Tuwing ang Biblia ay nagsasalita tungkol sa "puso", ito ay tumutukoy sa kalagitnaan natin, ang ating pinaka ugat, ang wala nating malay na pag-iisip. Ito ay kung saan ang nakatago nating hinahangad at lihim na motibo nakabaon, ito din ang mandarayang bahagi natin – bahagi na ang ating asawa, boss, o ministro ay hindi nakakaalam. Ito ay nakatago kahit sa ating mga sarili. Alam nating lahat na tayo ay nag-iisip ngunit hindi natin maaaring malaman kung bakit natin iniisip ito. Kung sakaling sa tingin mo na ang iyong motibo ay dalisay at na alam mo ang iyong sarili, sa gayon magnilay ka sa mga salita ni Jeremias 17:9 - Ang puso ay magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaaalam? Ang puso ay magdaraya na lilinlangin tayo sa pag-iisip na ito ay dalisay! Hiningi ni David sa Dios na subukan ang kanyang puso (hindi ang kanyang isip) at tingnan kung meron itong masama na pamamaraan. Ito ay nagpapahiwatig na hindi niya alam ang kanyang sariling puso. Pag-aralan ninyo ang banal na kasulatan ng inyong mga sarili at makikita

ninyo na ang puso ay palaging kung saan ang ating mga motibo at hinahangad nagmula.

Ako ay kung ano ang aking iniisip

Alam ng lahat na kung ano ang ating kinakain ay maging bahagi ng ating pisikal na katawan, at kaya tinatanggap natin ang parirala na "tayo ay naging kung ano ang kinakain natin". Ngunit ilang mga tao lamang ang napagtanto na mayroon itong espirituwal na kapantay: "tayo ay kung ano ang ating iniisip" esperituwal. Hindi ko sinasabi ang tungkol sa "positibong pag-aamin", na siyang nagtuturo na tayo ay maging kung ano ang ating sinasabi, kung ano ang gusto nating maging. Iyon ay propaganda, madalas para na rin na nagsasabi ka ng kasinungalingan, at ito ay may ugat sa kulto. Ang pagtangkang subukan na baguhin ang pisikal at panlabas na pangyayari sa pamamagitan ng kapangyarihan ng positibong pag-iisip (ang paglikha ng ating sariling katotohanan) ay isang napaka-mapanganib na gawain. Gayunman, ito ay hindi dapat magbunga sa atin ng takot mula sa tunay na pag-uunawa sa kung ano ang ibig sabihin ng baguhin ang pag-iisip. Ang Mga Kawikaan 23:7 ay nagsasabi na kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya. Ito ay nagsasabi na kung ano ang iniisip ng tao sa kanyang puso-ang kanyang hindi malay-tao na motibo at kagustuhan – ay ang tunay na tao, at hindi kung ano ang iniisip niya sa kanyang ulo (ang kanyang malay-tao na pag-iisip). Madalas nating iniisip, sa ating ulo, na tayo ay kung ano ang gusto nating maging, ngunit laging nakikita ng Dios ang ating mga puso. Ako ay hindi maging subra o kulang na tao ng sa kung ano ako sa aking puso.

Panlabas na kabanalan

Ang unang dalawang talata ng Roma 12 ay karagdagang tutulong sa atin upang makita kung gaano kahalaga ang papel na ginagampanan ng pag-iisip sa proseso ng kabanalan. Talata 1 ay nagsasabi na dapat nating iharap ang ating mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya nating katampatang pagsamba. Ang talata ay bumabanggit ng salitang "banal", ngunit si Pablo ay tumutukoy sa kung ano ang tinatawag nating panlabas na kabanalan, dahil sabi niya "ikaloob ang iyong katawan". Ang panlabas na kabanalan ay kung ano ang mayroon ang mga Pariseo – ang panlabas na pagsunod sa batas, ng kabanalan, ng paghihiwalay mula sa mundo.

Mahalaga na mapagtanto natin na walang mali dito kung ito ay katugma sa panloob na kabanalan. Hindi kailanman pinuna ni Hesus ang mga Pariseo sa kanilang mga panlanbas na aksyon. Pinuna niya ang mga ito sa kanilang pagpapaimbabaw ng pagiging banal sa panlabas, at karumaldumal, mapag-imbot at makasarili sa loob. Kailangan nating maging banal sa loob at labas kung nais nating maging tunay na Kristiyano.

Ang bahay

Hindi sinasabi ni Pablo na ang ating isip o ang ating espiritu ay dapat na isang sakripisyo, kundi ang ating katawan. Ang ating katawan ay siyang nag-iisang bahay kung saan ang ating tunay, espirituwal na sarili ay namumuhay. Nagsasabi siya tungkol sa kung paano natin

ipakita ang ating mga sarili sa mundo – ang ating panlabas na kabanalan. Si Pablo ay nagsasabi ng kakaibang bagay dito: ito ay iyong katampatang pagsamba. "Katampatan" ay tila isang mahina, nagkokompromisong salita – walang espesyal. Tiyak dapat sinabi ni Pablo na "ito ay ating ganap na tungkulin", o ilang iba pang malakas na parirala?

Tanging makatuwiran

Mayroon akong dalawang kadahilanan kung bakit ang panlabas na kabanalan ay isa lamang na "makatuwiran", lamang na inaasahan. Ang una ay ang mga mapagkunwari ay maaaring gawin ito. Hindi masyadong mahirap sa may isang malakas na kalooban ang magsupil ng panlabas na pag-uugali – halimbawa, ang hindi magnakaw o magsipanungayaw, ang magkontrol ng init ng ulo at maging moral sa ating panlabas na pag-uugali, ang mag-ayuno at manalangin at magbigay sa mga mahihirap. Ang lahat ng mga halimbawa na ito ay mga panlabas na pag-uugali lamang, at inaasahan sa kahit sino na nagsasabi na siya ay isang Kristiyano. Kahit ang mga Pariseo noong panahon ni Hesus ay ginawa ang lahat ng mga bagay na ito; subalit tinawag sila ni Hesus na mga anak ng diablo.

Kung gagawin natin ang lahat na mga moral na kilos na ito, hindi natin dapat asahan ang anumang papuri o gantimpala mula sa Dios. Makatuwiran lamang na ang mga taong tinatawag ang kanilang mga sarili na Kristiyano ay mamumuhay tulad nito sa sandaling nasa liwanag na ang mga ito at makilala ng personal ang Dios. Kung sila ay mga anak ng Dios, makatuwiran lamang na dapat nilang ipakita ang kanyang katangian sa kanilang panlabas na pag-uugali.

Ang ikalawang dahilan na ang panlabas na kabanalan ay makatuwiran lamang ay na kahit ang hindi mananampalataya ay umaasa ng panlabas na pamantayan ng kabanalan mula sa mga Kristiyano. Kung ang isang tao ay nagsasabi na siya ay naging Kristiyano, ang mga tao ay nagsimulang tingnan ang kanyang panlabas na pag-uugali kung makita na ang kanilang mga gawa ay tumutugma sa kanilang salita. Kung makita nila na ang isang Kristiyano ay kumuha ng lapis mula sa trabaho upang dalhin ito sa kanyang bahay, agad nila itong sabihin na "Yan ay pagnanakaw – akala ko ang mga Kristiyano ay hindi nagnanakaw." Hindi mahalaga kung ang ibang manggagawa sa kompanya ay umuuwi ng lapis – inaasahan nila ang mataas na moral na pamantayan mula sa isang Kristiyano.

Ang masamang saksi

Kadalasan ang mga Kristiyano ay nagbibigay katwiran sa kanilang mga kilos kung sila ay inakusahan at sabihing, "Kami ay hindi perpekto, alam mo – ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya". Ngunit ito ay isang pinakamasamang saksi na maaari nilang ibigay. Sa halip dapat nilang pasalamatan ang tao sa pagbubunyag ng kanilang kamalian sa kanila, at huwag hayaang mangyari ito ulit. Ang hindi mananampalataya ay tumitingin kung ang ating kilos ay tumutugma sa Biblia, dahil kahit ang mga ateista ay alam na ang mga Kristiyano ay dapat "mahalin ang kanilang mga kaaway" at "ibigay ang isa pang pisngi".

Madalas nating ginagawang espirituwal ang mga tinuturo ni Hesus sa Pangaral sa Bundok, o pinapalabnaw ang aplikasyon ng mga ito, dahil natatakot tayo na hindi natin magampanan ito. Gayunman, ang hindi mga

Kristiyano ay hindi nasisiyahan sa mga ito, tila lubos nilang inaasahan na sinabi ni Hesus kung ano mismo ang kanyang nilalayong sabihin. Ang panlabas na kabanalan ay isang bagay lamang na maaari nating supilin sa pamamagitan ng lakas ng kalooban. Ito lamang ang kung ano ang ginagawa ng mga hindi mananampalataya, at may mga tao na hindi nilalagyan ng paghihigpit sa kanilang lumang kalikasan. Halimbawa, ang isang negosyante ay maaaring ninanais na magkaroon ng sekswal na relasyon sa bawat kaakit-akit na sekretarya sa kanyang kompanya. Maaaring pigilin niya ang kanyang sarili, hindi dahil ang kanyang hinahangad ay naging moral, ngunit marahil siya ay may asawa, o mayroon siyang pagiging kapita-pitagan na gustong protektahan, o di kaya may takot siya na baka siya ay tanggihan o pintasan.

Ang isa pang halimbawa ay ang isang maybahay na ninanais ang kasangkapan sa bahay o mga damit na hindi niya kayang bilhin. Ninanais niya sa kanyang puso ang mga bagay na ito, kaya siya ay may kasakiman sa kanayng puso, ngunit hindi niya kailanman gawing magnakaw ng mga bagay na kanyang hinahangad, o dayain ang isang shopping catalog, sa takot ng maging kahihinatnan at ang pagkondena ng ibang tao. Mananatili siyang kagalang-galang, ngunit ang kondisyon ng kanyang puso ay mananatiling pareho – mapag-imbot. Sinusupil niya ang kanyang kalibugan, ang likas na kanyang minana mula kay Adan, sa pamamagitan ng lakas na kalooban.

Ang mga kristiyano ay hindi malaya

Ang mga halimbawa na ito ay maaaring paramihin ng dose-dosenang beses upang umangkop sa ano mang

pangyayari. Walang Kristiyano ang malaya mula sa mga ganitong hinahangad. Ang mga ito ay karaniwan sa ating pang araw-araw na buhay at ang mga ito ay nangyayari na hindi natin namamalayan; at ang mga Kristiyano ay masisindak ipalagay natin na sila ay kailangang mananagot para sa kanilang mga hinahangad sa halip na sa kanilang mga kilos. Lahat tayo ay may posibilidad na bigyang-katwiran ang ating mga sarili ayon sa ating mga kilos, hindi ayon sa ating panloob na mga hinahangad at mga kalayawan.

Ang mga tao na may mahinang kalooban ay sumusuko sa hinahangad ng kanilang mga puso, at sa gayon kahiman binibigyan nila ng katwiran ang kanilang mga aksyon o kaya'y sa palagay nila sila ay nakondena o mahina. Ngunit hindi ito ang paraan ng pagsulong ng isang Kristiyano, dahil ang pagbigay katwiran at pag kondena ng sarili ay parehong mali. Ang simpleng katotohanan ay na ang ating kalooban ay hindi ugat ng ating problema, at ang Dios ay palaging tumitingin sa ugat at pasimula.

Walang kilos ang maaaring mangyayari na hindi sumasang-ayon ang ating isip. Ang isipan ay syang palaging ugat, ang unang bagay, at lamang matapos nating gamitin ang ating isip ay siyang susunod ang ating kagustuhan, at nagpapasya tayo sa isang panlabas na takbo ng pangyayari. Maaari tayong maging tagumpay o mabigo sa ating mga ginagawa, depende kung tayo ay matibay o mahina sa ating kalooban; ngunit ang ugat ng proseso ay hindi ang ating kalooban, ito ay ang ating pag-iisip. Sigurado ako na walang tatalo sa malinaw na katotohanan na ito, ngunit ito ay batayan ng ating pag-uunawa ng proseso ng kabanalan, dahil kung hindi tayo

magsimula sa una pa lamang, tayo ay babagsak na isang mapagkunwari. Kung ang ating saloobin at mga kilos ay hindi sumasang-ayon, dinadaya natin ang ating sarili at ang mga tao na nagmamasid sa atin.

Baguhin ang iyong saloobin

May isang kasabihan na gusto kong irekomenda sa bawat Kristiyano na isapuso nila: Kung hindi mo maaaring baguhin ang mga pangyayari sa iyong buhay, baguhin mo ang iyong saloobin. Ang ating saloobin ay may kinalaman sa ating isip – kung paano tayo mag-isip – at kapag hinaharap natin ito, ang mga pangyayari sa atin ay hindi problema.

Sa Roma 12:2 malinaw na pinapakita sa atin ni Pablo kung paano natin baguhin ang ating pag-iisip: At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip. Ang "maging katulad" ay nangangahulugan na maging sang-ayon, o "nakipagkasya sa isang hulmahan".

Ang sistema ng mundo ay walang tigil na umaatake ng ating isip sa kanyang pilosopiya at pag-iisip ng kahit anong maaaring nililikhang paksa mula sa moda hanggang sa pulitika, mula sa pag kontrol sa labis na panganganak hanggang sa sekswal na oryentasyon. Ang lahat ng mga midya ay nasa sa kanilang kapangyarihan – mga malalaking patalastas sa gilid ng ating mga lansangan na di mangyayari makaligtaan, telebisyon at radio, pahayagan at magasin para sa bawat libangan, libog o teknikal na paksa – lahat ng mga ito ay hinaharap ang ating mga pag-iisip at halaga araw-araw. Ang mga mensahe ng mga midya na ito ay awtomatiko tayong pinapasunod

sa mundong ito kung hayaan natin ang ating sarili na mailantad sa mga ito.

Hindi naiiba

Ang isang pangkalahatang pagtingin sa mga makabagong Kristiyano ay sasang-ayon sa katotohanang ito, dahil sa kanilang estilo sa pananamit, ang mga palamuti sa bahay, ang kanilang libangan at kasayahan ay hindi naiiba sa sinumang iba pang moral na tao sa kanilang sariling bansa. Nanonood tayo ng parehong patalastas, nakikita ang parehong karatula, bumabasa ng parehong pahayagan, at sa kasamaang-palad tayo ay naiimpluwensyahan sa parehong paraan.

Baguhin ang pagiisip

Ipinapakita sa atin ni Pablo na ang tanging paraan upang malabanan ang pag-aatake ng ating pag-iisip ay may kinalaman din sa pag-iisip. Sinasabi niya sa atin na ibahin ang anyo, maiba, sa pamamagitan ng isang proseso ng pagbago. Ang prosesong ito, tulad ng sa mundo, ay gagana din sa pamamagitan ng paulit-ulit. Pinapasang-ayon tayo ng mundo, madalas ng wala nating pahintulot. Para sa akin ang mga patalastas sa mga publikong lugar ay nakayayamot at nakakaasar dahil wala akong pagpipilian kung gusto kong makita ang mga karatula na ito o hindi. Wala akong paraan upang baguhin ang sitwasyon na ito, dahil ako ay palaging lumalakbay sa mga malalaking lungsod. Daan-daang karatula yata ang aking nakikita araw-araw dahil lang sa paghatid ko ng aking dalawang anak sa paaralan. Ang aking mga anak ay nakondisyon

na rin ng mga imahe na ipinapakita sa mga karatula, at hindi ko maaaring baguhin ang katotohanang ito. Ang paulit-ulit na mensahe ng mga patalastas ay isang anyo ng propaganda, sapagkat ito ay wala kong pahintulot. Ngunit ang paulit-ulit na may pahintulot ay hindi propaganda, subalit ang pagbago – iyon ay, ang patuloy na malay-tao na pagbabago ng isipan na sa kalaunan ay lumaganap sa pamamgitan ng ating mga kilos. Ito ang lihim, dahil sa ganon ang ating mga kilos ay hindi nagpapanggap, at ang ating kabanalan ay hindi na sariling kabanalan na nanggagaling sa ating sariling pagsisikap; hindi na natin sinusubukang tumugma ang ating mga kilos sa isang moral na pag-uugali.

Simula ng proseso

Ako ay kombinsido na kung maaari nating baguhin ang ating pag-iisip, nangangahulugan ang ating saloobin, sa gayon wala na tayong dapat gawin pa. Sinimulan natin ang proseso ng kabanalan, at ito ay magkakaroon ng sarili nitong resulta sa angkop na panahon. Ang Roma 12 ay nagbigay ng listanhan ng kamangha-manghang bilang ng katangian na maaari nating sundin para sa ating sarili. Tinala ko ang tatlumpung nasasabing katangian mula sa kabanata lamang na ito sa gilid ng aking Biblia; ngunit ang lahat ng mga sulat ay puno ng pagtuturo kung ano ang dapat na maging pag-uugali natin sa ating pastor, pamilya, o mga sitwasyon sa trabaho. Narito ang ilang mga halimbawa, na nagpapakita sa atin na ang banal na kasulatan ay nagsasabi sa atin lalo na kung paano mag-isip.

Huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog kay sa nararapat niyang isipin; kundi

magisip na may kahinahunan, ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng Dios sa bawa't isa. Hayaan na ang pag-ibig ay taos-puso.

Maging mabait at mapagmahal sa bawat isa, sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba. Huwag maging tamad sa iyong trabaho. Pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa. Mangangkaisa kayo ng pag-iisip sa isa't isa. Huwag ninyong ilagak ang inyong pag-iisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga tao na may kapakumbabaan. Huwag mag-isip ng masyado hinggil sa inyong sariling palagay. Huwag maghiganti para sa inyong sarili.

Ang mga talatang ito ay parang katulad ng walong pagpapala (beatitudes). Madaling mag-isip ng kapakumbabaan o kaamuan bilang isang "kalidad" na masasalat o katangian ng pag-uugali na kailangan nating angkinin, ngunit hindi ito ganito. Ang mga ito ay saloobin lamang – mga pamamaraan ng pag-iisip. Ang kababaang-loob o kaamuan ay hindi kung ano ang ginagawa natin (ang ating mga kilos), ngunit paraan ng pag-iisip, dahil ang kapakumbabaan at ang kaamuan ay desisyon, mga pagpipilian sa ating mga isip.

Ang pag-iisip ni Kristo

Kung basahin mo ang buong sulat, magugulat ka na mahanap na marami ang tinutukoy tungkol sa pag-iisip, at kadalasan ginagamit ni Pablo si Hesus bilang isang

halimbawa kung paano dapat tayo mag-isip. Sa Filipos 2:1, nagtanong si Pablo kung saan dapat ang bawat Kristiyano ay magsabi ng oo. Kayo ba ay mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pagibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at habag? Alam ni Pablo sa katunayan na natagpuan natin ang lahat ng mga bagay na ito sa ating Tagapagligtas, kaya maaari niya tayong hamunin sa sumusunod na pahayag sa talata 2: Lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pagiisip.

Sa talata 3 patuloy niyang ipinaliwanag kung paano dapat tayo mag-isip. Huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili. Sinasabi sa talata 5 na, Mangagkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip, na ito'y na kay Cristo Jesus din naman; at pagkatapos, baka sa tingin natin ito ay hindi matamo, tinutulungan niya tayo sa pamamgitan ng pagsasabi kung paano mag-isip si Kristo. Ito ay nakabubunyag, dahil ipinapakita sa atin na ang tunay na kapakumbabaan ay isang saloobin- ito ay paraan kung paano tayo mag-isip. Sinasabi sa atin sa talata 6 na, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios. Hindi ito ang pahayag ng isang mapagmataas na tao, dahil sa buhay ni Hesus, ito ay simpleng katotohanan, isang tunay na pagtatasa. Sinasabi sa atin ng talata 7 na, siya ay nagpakumbaba hanggang sa kamatayan sa krus. Ang pagpakumbaba ng iyong sarili ay isang naiibang sitwasyon kaysa pagbigay pahintulot na

ipagkumbaba ang iyong sarili. Ang isang tao ay maaaring ipagkumbaba, datapuwa't hindi maluwag sa kanyang sarili na magpakababa, dahil ang pagpakumbaba ng iyong sarili ay nangangailangan ang saloobin ng kababaang-loob, isang paraan ng pag-iisip. Ang mga pangyayari ay maaaring magpakumbaba ng isang tao, ngunit ang mga pangyayari ay hindi maaaring baguhin ang kanilang paraan ng pag-iisip. Maaari na sila ay mabababa o mapahiya, ngunit maaaring manatili silang palalo sa kanilang mga puso.

Mag-isip tulad ni Kristo

Madalas hinihiling natin sa Dios na baguhin ang mga pangyayari sa ating buhay, ngunit palagi hinihingi sa atin ng Dios ang pagbabago ng ating saloobin bago niya ito gawin. Sa katunayan, kadalasan kapag binago natin ang ating saloobin makita natin na tayo ay kontento sa ating panlabas na pangyayari. Ito ay nagpapatunay lamang na ang problema ay hindi talaga ng dahil sa mga pangyayari ngunit ang ating saloobin sa mga ito. Kung bilang mga Kristiyano simulan natin ang mag-isip katulad sa pag-isip ni Kristo at tigilin ang ating mga isip na nakakondisyon sa pamamagitan ng pag-iisip ng mundo, ang proseso ng kabanalan ay magsisimula. Gusto kong bigyan-diin muli na ito ay isang proseso, at habang buhay na pangako; ngunit walang ni isa ang may dahilan upang hindi simulan ang prosesong ito.

Kabanata 16

Sanhi at Epekto

Sapagka't dito ang katuwiran ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Nguni't ang ganap ay mababuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Sapagka't ang poot ng Dios ay nahahayag mula sa langit laban sa lahat na kasamaan at kalikuan ng mga tao, na mga sinasawata ang katotohanan ng kalikuan; Sapagka't ang nakikilala tungkol sa Dios ay hayag sa kanila; sapagka't ito'y ipinahayag ng Dios sa kanila. Sapagka't ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang sila'y walang madahilan.

Mga Taga Roma 1:17-20

Sinasabi sa atin ni Pablo sa talata sa itaas na ang poot ng Dios sa mga taong masama ay ganap na mabigyang-katarungan. Walang isa ang puedeng magkaroon ng dahilan, dahil ang mga batas ng Dios sa kanyang mga nilalang ay naghahayag ng kanyang katangian. Ito ay totoo sa kahit anumang pagkatao. Lahat tayo pinapakita ang ating pagkatao sa pamamagitan ng kung paano natin palamutian ang ating mga tahanan, kung paano tayo mananamit at sa pangkalahatan nating pamumuhay. Hindi ko tinatawag ang mga batas na ito na "mga batas ng Agham", dahil sa katotohanan walang ganoong bagay. Ang Agham ay natuklasan lamang ang mga batas na dati ng umiiral sa mga nilikha ng Dios. Walang pagkakaiba sa pagitan ng tinatawag na "natural na mga batas" ng matematika, kimika at pisika, at espirituwal na mga batas. Walang "natural na Agham" o "kalikasan". Ang mundo ay nilikha higit sa kaya ng tao. Ang nilalang ay isang gawa ng Dios, hindi isang pag-unlad o ebulusyon. Isang makataong pag-iisip upang ipatungkol ang lahat ng bagay sa natural na dahilan.

Lahat ng batas ng paglikha ay espirituwal

Bakit, bilang mga Kristiyano, ay mahalagang maunawaan ang alintuntuning ito? Hayaan ninyo akong ipaliwanag. Kung sa tingin natin na ang "batas ng Agaham" ay isa lamang na natural na batas at walang kinalaman sa katangian ng Dios, sa ganon hindi natin ito maaaring iakma sa ating espirituwal na buhay, at hindi natin makikita ang maraming mga pananaw, mga tagubilin at direksyon na nakakaapekto ng ating araw-araw na buhay. Tayo ay babalik sa doktrinang gawa ng tao na siyang makataong pag-iisip para sa mga tagubilin sa ating pang araw-araw na

pamumuhay. Hayaan ninyo akong ibigay ang isang simple na batas na natutunan ng lahat sa paaralan – ang batas ng "sanhi at epekto". Tinatanggap natin na walang epekto kung walang sanhi muna. Kung napagtanto natin na ito ay isang espirituwal na batas sa ganon maaari natin itong iakma sa ating hangad na kabanalan.

Ang epekto

Bilang mga Kristiyano ang ating hangad ay ang maging banal. Ito ang epekto na gusto nating mangyari. Ang sanhi ay naiiba sa epekto. Ang prinsipyo ay upang makakuha ng epekto, kailangan mo ng sanhi; hinahanap mo ang sanhi, hindi ang epekto o ang resulta. Ang epekto ay magiging isang natural na resulta ng sanhi. Samakatuwid, ang huling bagay na dapat nating gawin ay ang subukan upang maging banal ang ating sarili. Ang lahat na kailangan nating gawin ay hanapin ang sanhi ng kabanalan. Ang subukang maging banal ay hindi kailanman maaaring gumawa sa atin na banal. Gagawin lamang tayong maging mapagpaimbabaw. Sapagkat kung ipinapalagay natin na naabot na natin ang ating pakay sa pamamagitan ng pagkamit ng isang panlabas na kabanalan, ang lahat na naabot natin sa katunayan ay isang palsipikadong epekto na walang sanhi, at ito ay nagiging isang kasinungalingan, isang pagbabalatkayo, isang pagkukunwari – kung saan ay isang perpektong kahulugan ng paimbabaw.

Ang sanhi

Maraming mga Kristiyano ay sinusubukang maging banal, at nakikita nila na sila ay nabibigo. Ang mga ito ay

tapat sa kanilang mga sarili at inaamin na ang kanilang panlabas na kilos ay hindi tumutugma sa kanilang panloob na katangian, at ito ay nakakadulot lamang ng pagkabigo at pagkabagsak, dahil sa simpleng dahilan na ang takdang batas ng sanhi at epekto ay nagsasabi na kailangan natin ang sanhi kung gusto nating makamtan ang epekto. Ang sarili ay kailanman hindi maaaring baguhin ang sarili. Samakatuwid, hindi tayo dapat magsumikap para sa kabanalan, dahil ito ay maging isang "sariling-kabanalan" – na kung saan ay hindi mas mabuti kaysa sariling katuwiran. Sa halip kailangan nating hanapin ang sanhi ng kabanalan – ang mga bagay na gumagawa sa atin na banal. Ito ang magbibigay ng malaking kalayaan, dahil ang mga bagay na maging sanhi ng kabanalan ay ang mga bagay na maaari nating gawin.

Nabibigong mga Kristiyano

Ang mga Kristiyanong sinusubukang maging banal ay nabibigo at kadalasan naramdaman na ang kabanalan ay hindi maaaring matatamo, na ito ay nangangailangan ng gumawa ng mga bagay na imposible. Ngunit ang sanhi ng kabanalan ay binubuo ng mga bagay na madali gawin. Ang mga ito ay hindi mahirap gawin kung gusto nating gawin ang mga ito.

Ang iba pang malaking pakinabang sa paghanap ng sanhi at hindi ang epekto ay na ang ating kabanalan ay nagiging isang likas na resulta, dahil ang ating pansin ay nakatutok sa sanhi ng kabanalan, hindi sa kabanalan mismo. Ang resulta ay tayo ay naging banal, ngunit hindi natin namamalayan ang ating kabanalan. Walang mas masama pa sa isang tao kaysa isang may malay-tao

na kabanalan – sa bawat pagkakataon na gumawa sila ng isang mabuti o matuwid na bagay, namamalayan at nakikita nila ito: isa pang banal na gawain, isa pang banal na kilos. Sila ay naging masyadong nagbibigay malay sa sariling kabanalan, na sila mismo at iba pang mga tao ay alam ito, at pagkatapos ito ay naging isang paraan upang kumuha ng pansin para sa kanilang mga sarili. Ito sa katunayan ay isang sariling kabanalan, at hindi kabanalan sa pamamagitan ng pananampalataya.

Kapag hinahanap natin ang dahilan sa halip na ang epekto, ang ating kabanalan ay hindi nakakamalay sa sarili, ito ay hindi mapagmataas. Ito ay ang tanging tunay na kabanalan, ang kabanalan na nakatago mula sa ating sarili. Sa ganitong paraan makikita ng mga tao ang ating mabubiting gawa at ang kaluwalhatian at hindi para sa atin ngunit sa ating Ama na nasa langit; at ito ay pinoprotektahan tayo mula sa pagmamataas at sariling kabanalan.

Kaluwalhatian ng Dios

Tingnan natin ang 2 Corinto 3:18, at makikita kung paano ang batas ng sanhi at epekto umaakma sa ating ninanais na kabanalan. Sinasabi ni Pablo na, Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu.

May mga katungkulan na salita sa anumang teksto, at kailangan nating mauunawaan ang mga ito bago ipaliwanag ang buong talata. Unang-una, gusto kong

suriin ang salitang "kaluwalhatian". Mula pagkabata narinig at nabasa ko ito ng ilang libong beses, ngunit kapag ako sinabihan na ipaliwanag ito ako ay napapahiya, dahil hindi ko talaga naintindihan ito. Inuugnay ko ito sa "shekinah" sa tabernakulo o ilang uri ng banal na liwanag tulad ng isang bagay na naglalarawan ng isang bulto ng mga Griyego. Mula noon natutunan ko na ang mga bagay na ito ay isa lamang na paghahayag ng kaluwalhatian ng Dios, at ang "kaluwalhatian" mismo ay kadalasang maaaring palitan ng salitang katangian. Ang kaluwalhatian ay ang napaka kakanyahan at pagiging siya ng Dios.

Upang suportahan ang kahulugan na ito, tingnan natin ang dalawang banal na kasulatan na gumagamit nitong salita. Sinabi ni Moses sa Dios sa Exodo 33:18, Ipakita mo sa akin ang iyong kaluwalhatian. Tinago ng Dios si Moses sa isang malaking bato at ipinahayag ang kanyang katangian: kabanata 34:6-7. Sa Bagong Tipan, sa Juan 17, nanalangin si Hesus sa kanyang Ama, at sinabi niya, niluwalhati kita sa lupa; natapos ko na ang gawain na binigay mo sa akin. Paano binigyan ni Hesus ang Dios ng kaluwalhatian sa lupa? Tiyak na ito ay sa pamamagitan ng pagsisiwalat ng katangian ng Dios sa sangkatauhan.

Kung palitan natin ang salitang "katangian" sa ating teksto mauunawan natin kung ano ang pinaparating ni Pablo. Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian.

Puede ba itong napaka simple? Posible ba na sa pamamagitan ng pagtingin sa katangian ng Dios, tayo ay maaaring mababago sa ganung katulad na katangian?

Tila masyadong napaka simple. Tayo ay nasanay sa pagsusumikap sa ating kakayahan na maging banal, at tila hindi makatwiran na maaari itong mangyari na wala ang ating malaking pagsisikap. Ngunit huwag nating kalimutan na si Pablo ay hindi tumitingin sa epekto, ngunit sa dahilan. Pinapakita niya sa atin ang mga ugat ng kabanalan.

Paunti-unti

Ang ikalawang bagay na gusto kong tingnan sa banal na kasulatan ay ang proseso kung saan pinapakita sa atin ni Pablo, dahil sinabi niya na mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian – mula sa katangian hanggang sa katangian. Ang ibig sabihin nito ay na ang kabanalan ay hindi nanggagaling sa isang solong gawa na kung saan ay magbubunga ng isang agarang reaksyon, ngunit ito ay isang proseso na nagyayari sa pamamagitan ng grado, unti-unti tayo ay lumalago sa grasya. Ang isang gawa ay maaaring magkaroon ng agarang epekto, ngunit ang proseso ay nangangailangan ng panahon; at ang kabanalan ay isang proseso. Samakatuwid hindi natin dapat asahan ang mabilis o saglit na resulta. Dapat nating mapagtanto na ang ating paglago sa kabanalan ay mabagal, at madalas hindi ito makikita dahil sa mabagal na uri ng paglago. Kailangan nating lumingon sa nakalipas na panahon upang makita natin ang pag-unlad; ngunit ang resulta ay maging sigurado, at maaari tayo magkaroon ng katapatang-loob na kung hinaharap natin ang sanhi, at pagkatapos nito ang epekto ay kusang darating.

Ang kabanalan ay sa katunayan maging isang likas na bahagi natin.

Ang salamin

Ang ikatlo at ang huling salita na gusto kong suriin ay ang "salamin". Sinasabi ni Pablo na kung nakikita natin ang katangian ng Panginoon na buong nakaharap (iyan ay, may tapat na loob at may pag-asa) tulad ng isang salamin, tayo ay binabago sa ganyang parehong imahe.

Bakit ginagamit ni Pablo ang ganitong pananalita? Ano ang mangyari kapag tayo ay tumingin sa salamin? Nakikita natin ang isang imahe, isang pangitain, isang larawan ng kung ano ang tinitingnan natin. Dapat nating alalahanin na kailangan natin tingnan ang katangian ni Kristo na parang ito ay isang imahe, isang bagay na maaari nating ilalarawan sa isip, isang bagay na magiging malinaw sa ating paningin. Kapag nakita natin ang isang bagay bilang isang larawan, sa ganon hindi na tayo magdududa sa imahe nito.

Kung anuman ang lumalabas sa atin ay isang sinag lamang ng kung ano ang pumasok sa atin. Walang anuman ang lalabas sa ating katawan at isipan na hindi muna pumasok. Lahat tayo ay produkto ng ating kapaligiran, iyan ay nagsasabi ng impluwensya sa labas kung saan pumasok sa atin sa kabuuan ng ating buhay. Ang ating mga wika at ang ating pang-kultura na pag-uugali lahat ng ito ay nagpapakita ng impluwesya mula sa labas. Kaya upang baguhin ang ating panlabas na ugali kailangan muna ilantad ang ating sarili sa ibang tao, iba't-ibang impluwensya. Ang mga ito ay maaari ding impluwensya sa labas, dahil hindi maaaring baguhin ang sarili sa pamamagitan ng sarili; ang sarili ay kailanman hindi maaaring baguhin ang sarili.

Nakakakita at nakakaunawa

Dapat nasimulan na nating nauunawaan kung paano ang batas ng sanhi at epekto magagamit sa ating kagustuhang maging banal. Kung titingin lamang tayo sa katangian ng Dios at malinaw na makikita kung ano ito, sa ganon ang tunay na larawan na pumapasok sa ating malay ay awtomatikong manganinag sa ating buhay. Imposible na hindi ito mangyayari.

Ang ating kahirapan sa kabanalan ay samakatuwid hindi na sa pagsusumikap na maging banal sa panlabas na pag-uugali, ngunit sa nakikita at pag-uunawa kung ano ang tunay na katangian ng Dios. Ito ang kapit palatandaan, ang palatandaan kung saan napakaraming mga Kristiyano ay nabibigo sa pag-unawa sa kanilang kagustuhan na kabanalan.

Maaari din nating baligtarin ang panatayan at sabihin na ang mga tao na hindi banal sa panlabas ay ang mga tao na hindi malinaw na nakakakita o nakakaunawa ng tunay na katangian ng Dios, o kabanalan.

Si Hesus ang ating halimbawa

Si Hesus ay ang ating halimbawa ng kabanalan. Sa ebanghelyo ni Juan kabanata 12:44-45, nagbigay si Hesus ng pahayag na nagpapakita sa atin na siya, mismo, ay naglalarawan ng katangian ng kanyang Ama at hindi kanya. Sinabi nya, At si Jesus ay sumigaw at nagsabi, Ang sumasampalataya sa akin, ay hindi sa akin sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin. At ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa

akin. Malinaw, sinasabi ni Hesus na siya ay isa lamang na sinag ng kanyang Ama sa langit. Ito ay isang nakapupukaw na paghahayag, dahil nangangahulugan ito na kung tutuon tayo sa ating impluwensya sa halip na sa ating kalagayan, awtomatikong sumasalamin ang mga parehong impluwensya sa ating mga buhay. Ito ay magiging natural at madali.

Kung tapat nating ihambing ang dami ng oras na ginugugol ng karamihan ng mga Kristiyano upang maimpluwnesyahan ng sistema ng mundo kaysa sa dami ng oras na inuukol upang maimpluwnesyahan ng kaharian ng Dios, ang resulta ay nakakahiya. Halimbawa, ang oras na ginugugol sa pagbasa ng teknikal, moda, balita, libangan at panitikan, kumpara sa oras na ginagamit sa pagbasa ng salita ng Dios. Karamihan sa mga tao ay aamin na ang oras na ginagamit sa pagbasa ng salita ng Dios ay isang maliit na bahagi lamang ng oras na ginagamit sa pagbasa ng ibang panitikan. Ang ating prinsipyo ng sanhi at epekto ay nagsasabi sa atin na maaari lamang nating mapakita ang balanse ng impluwensya sa ating araw-araw na buhay at panlabas na ugali.

Mga impluwensya

Ang midya ngayon ay humahawak ng isang mahalaga at pibotal na papel sa sistema ng ating mundo, hindi lamang sa libangan ngunit pulitika, kalakal, at relihiyon. Ang makinarya ng propaganda ay nakakatakot sa kanyang kapangyarihan at impluwensya. Ang buong planeta ay dahan-dahan na naka kondisyon upang tanggapin ang pamamaraan ng pamumuhay at pag-iisip sa paraan na masasabi nating imposible sa nakaraan na 70 taon.

Sa isyu ng homosekswalidad, halimbawa: sa nakalipas na 70 taon ang homosekswalidad ay tinitingnan ng lipunan bilang isang masamang kabuktutan. Ngunit kung tanungin mo ngayon ang isang 60 o 70 -taong gulang kung ano sa palagay nila ang homosekswalidad, malamang sasabihin nila na dapat maging maparaya at bukas ang isipan natin tungkol dito, at ang ibang tao ay ipinanganak na may homosekswal na pagkahilig, at ito ay bahagi ng ating genetikong programa. Ang aking punto ay hindi kung ang pagpaparaya na ito ay mabuti o masama, ngunit dahan-dahan ang pagbabago ay nangyayari at ito ay nangyari alinsunuran sa buong mundo dahil sa impluwensya ng midya.

Ang ating tanging pinagbabasihan

Kung gusto nating malaman ang katangian ng Dios, ang Biblia ay ang ating tanging mapuntanhan, at ito ay ating napapabayaan na siyang ating naging kapahamakan. Ang mga aklat tungkol sa doktrina at teolohiya ay hindi kapalit ng simpleng salita ng Dios. Ang mga sermon na kung saan ay lubos na kinakailangan natin, ay ganun ding hindi maaaring kapalit sa pagbigay natin ng ating oras na mapag-isa kasama ang Dios. Ang ating personal na relasyon ay kailangang mapaunlad sa isang isa-sa-isang (one-to-one) batayan, at ito ay hindi kailanman mangyayari sa mga pampublikong pagpupulong o kung may ibang tao na nasa paligid.

Kung tingnan lamang natin ang perpektong katangian ng Dios at ang kanyang kabanalan, ang ating panlabas na buhay ay maaapektuhan sa angkop na panahon, at ito ay maging kabanalan na walang pagkukunwari, dahil ito ay

maging salamin, hindi sa ating mga pagsisikap, kundi nasa buhay ni Kristo mismo. Kung mayroong isang bahagi ng Biblia na siyang naging ehemplo ng katangian ng Dios para sa isang modernong alagad ito ay ang Pangaral sa Bundok sa Mateo 5,6 at 7. Naniniwala ako na ang lahat ng liham sa mga iglesia mula kay Pablo, Pedro, Santiago, Juan at Judas ay nagsasalaysay at nagpapalakas ng Pangaral sa Bundok. Ako ay kumbinsido rin na ang buong kautusan at ang mga propeta ay tinanggap at natutupad sa malalim na pagtuturo ni Hesus sa kanyang mga alagad.

Isang personal na pahabol

Ang susunod na aklat sa serye ng Radikal na Kristiyanismo na ito ay magsisimula sa isang kahanga-hangang pag-aaral mula sa master na guro mismo. Ito ay nagbago ng aking sariling buhay sa pamamagitan ng prinsipyo na ating tiningnan tungkol sa sanhi at epekto. Nang aking napagtanto ang prinsipyong ito, at sinimulang gawin ang sanhi ng kabanalan sa halip na ang epekto, pinasakop ang aking sarili sa impluwensya ng katangian ng Dios hangga't maaari sa pamamagitan ng pagbasa ng Biblia, pagdarasal, pag-aayuno at pagbigay ng aking oras na mag-isa kasama ang Dios, nakita ko na ako ay nagsimulang nagbabago sa panlabas sa kabila ng aking sarili. Madalas ako ay nagugulat sa mga pagbabago na nakita ko sa aking sarili, dahil hindi ko na sinusubukang maging banal. Hindi ko na sinusubukang maging banal, ngunit nakakamit ko ang epekto na matagal ko nang ninanais – ang pagiging banal.

Ako ay nagsasabi tungkol sa mahigit dalawampung taon, kaya ako ay nagsasabi mula sa karanasan nang sinabi

ko na ito ang proseso na hindi maaaring makamit agad-agad, o kahit sa maikling panahon. Pasensya at tiyaga ay lahat bahagi ng proseso.

Ako ay kombinsido na ang kabiguan ng maraming mga Kristiyano ay dahil hindi nila sinisimulan ang prosesong ito. Gusto kong hamunin ang lahat na nagbabasa nitong aklat na ibabad ang kanilang sarili sa Pangaral sa Bundok hanggang ito ay nagsisimula na bumibisa ng totoo sa kanilang buhay.

Iayon ang iyong mga mata kay Hesus
Tingnan ng buo ang kanyang kahanga-hangang mukha
At ang mga bagay na nasa lupa ay magiging kakaibang kukulimlim
Sa liwanang ng kanyang kaluwalhatian at biyaya.